

Lihona



Ang Kanyang Kamanghamanghang Biyaya, p. 10, 12

**Bakit Kailangan ang Seminary?
p. 20, 46, 48**

**Mga Magulang, Mag-ukol ng
Panahon para Kausapin ang
Inyong mga Anak, p. 34**

**Mga Anak, Kausapin ang Inyong
mga Magulang, p. 58**



SA KAGANDAHANGLOOB NG MINNEAPOLIS (MINNESOTA, USA) INSTITUTE OF ARTS, ANG PUTNAM DANA MC MILAN FUND, HINDI MAAARING KOPYAHIN

Ang Pagkakaila ni San Pedro, ni Gerrit van Honthorst

“Isang alilang babae, na nakakakita [kay Pedro] samantalang siya’y nakaupo sa liwanag ng apoy, . . . at sinabi, Ang taong ito ay kasama rin [ni Jesus].

“Datapuwa’t siya’y nagkaila, na nagsasabi, Babae, hindi ko siya nakikilala.

“At pagkaraan ng isang sangdali ay nakita siya ng iba, at sinabi, Ikaw man ay isa sa kanila. Datapuwa’t sinabi ni Pedro, Lalake, ako’y hindi.

“At . . . pinatotohanan ng iba pa, na nagsasabi, Sa katotohanan, ang taong ito’y kasama rin niya. . . .

“Datapuwa’t sinabi ni Pedro, Lalake, hindi ko nalalaman ang sinasabi mo.

At pagdaka . . . ay tumilaok ang manok. . . .

“At [si Pedro ay] lumabas, at nanangis ng kapaitpaitan” (Lucas 22:56–60, 62).



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: “Siya’y Nagbangon”—Patotoo ng Isang Propeta**
Ni Pangulong Thomas S. Monson
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Magmahal, Mangalaga, at Magpalakas**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 12 Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad**
Ni Elder David A. Bednar
Paano tayo pinalalakas ng Pagbabayad-sala na gumawa ng mabuti at maging mabuti at maglingkod nang higit sa ating hangarin at kakayahan.
- 20 Ang mga Pagpapala ng Seminary**
Ni Brittany Beattie

- 26 Isang Tungkulin para sa Isang Miyembro**
Ni Helena Hannonen
Kami ng pamilya ko ay kinailangang gumawa ng maraming sakripisyo para magampanan ko ang aking tungkulin bilang piyanista ng branch, ngunit masaya ako na ginawa namin ito.

- 30 Pagkilos ng mga Ward Council**
Ni LaRene Gaunt
Sino ang bahagi ng ward council, at ano ang kailangan nilang isakatuparan?

MGA BAHAGI

- 8 Notebook ng Kumperensya ng Abril: Maraming Matutuhan sa Pangkalahatang Kumperensya**
Nina Michael Barber at David Marsh

- 10 Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Kamanghamanghang Biyaya**
Ni Kristen Nicole Cardon

- 34 Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pag-uukol ng Panahon para Mag-usap at Makinig**
Ni Rosemary M. Wixom

- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

- 74 Mga Balita sa Simbahan**

- 79 Mga Ideya para sa Family Home Evening**

- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pag-asa sa Pagbabayad-sala**
Ni Bishop Richard C. Edgley

SA PABALAT

Harap: *Huwag Mo Akong Hipuin*, ni Minerva Teichert, sa kagandahang-loob ng Brigham Young University Museum of Art. Likod: Detalye mula sa *Masdan ang Aking mga Kamay*, ni Jeff Ward.



42 Kilala ng Lahat si Bleck

Ni Adam C. Olson

Ang pagkahilig ni Bleck sa basketball ay kapwa isang pagsusbok at pagpapala.



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Piliin ang tamang pahina.

46 Mga Tanong at mga Sagot
Bakit kailangan ko pang pumunta sa seminary kung puwede ko namang pag-aralan nang mag-isa ang mga banal na kasulatan?

48 Bakit Kailangan ang Seminary?
Pitong propeta ang nagsalita tungkol sa mga pagpapala ng seminary.

50 Seminary sa Kagubatan ng Ecuador
Ni Joshua J. Perkey
Paano pinuno ng seminary ng patotoo, kaalaman, at pananampalataya ang mga kabataan sa isang bagong branch ng halos mga bagong binyag na miyembro.


52 Ano ang Kasunod ng Seminary?
Ni David A. Edwards
Narito ang imbitasyon sa inyo sa institute.

53 Taludtod sa Taludtod: II Kay Timoteo 3:16-17

54 Huwag Bumagsak
Ni Adam C. Olson

57 Poster: Namnamin ang mga Banal na Kasulatan

48



58 Oras ng Pag-uusap
Ni Hilary Watkins Lemon

61 Kinalag Niya ang mga Gapos ng Kamatayan
Ni Elder Patrick Kearon
Namatay at nabuhay na maguli ang Tagapagligtas upang makapiling nating muli ang ating Ama sa Langit at ang ating mga pamilya.

62 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Itinuturo sa Akin ni Jesucristo na Piliin ang Tama

64 Musika: Sinisikap Kong Tularan si Jesus
Ni Janice Kapp Perry

66 Magkapatid sa Pangalan at Pananampalataya
Ni Heather Wrigley

68 Natatanging Saksi: Ano ang Magagawa Ko para Masunod Ko ang Plano ng Ama sa Langit para sa Akin?
Ni Elder Richard G. Scott

69 Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo

70 Para sa Maliliit na Bata

81 Mga Larawang may Kaugnayan sa Aklat ni Mormon

Interasyong pangmaraming mga Simbahan Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na Inilimbag sa Tagalog. Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Unang Panguluhan ng mga Aposto: Boyd K. Packer, L. Ronald W. Russell, M. Nelson, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Matthew R. Hall, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Mga Tagapayo: Keith R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Quentin Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Namamahaling Direktor: David L. Frischknecht

Namamahaling Direktor: Vincent A. Vaughn

Mga Tagapagpatungul: Christoffel Golden

Namamahaling Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahaling mga Patnugot: Jennifer L. Greenwood, Adam C. Olson

Resektang Pangalimbag: Susan Barnett, Ryan Carr

Direktor sa Pangangani: Keith R. Edwards, David A. Edwards, Matthew D. Fililton, Rene Porter, Gaunt, Carrie Kasten, Jennifer M. Moore, Melissa Merrill, Michael R. Peterson, Mark E. Peterson, Evan Larsen, James H. Naes, Jan Pettersen, Paul Van Bergen, Phillip M. Volmar, Associate na mga Patnugot: Jennifer L. Andersen, Ryan Carr

Staff sa Patnugutan: Brittany Beattie, David A.

Namamahaling Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Direktor sa Siniling: Bert K. Gadsden

Direktor sa Siniling: Scott M. Clapham

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Mga Senior Designer: C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Staff sa Produksyon: Jennifer L. Marulid, Jane Ann Peters, C. Kimball Bott, Phyllis S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Scott M. Moody

Marami Pang Iba Online

Liahona.lds.org



PARA SA MATATANDA

Ang ilang artikulo sa isyung ito ay nagtuturo at nagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas. Matuto pa tungkol sa Kanya sa JesusChrist.lds.org.

PARA SA MGA KABATAAN

Ang ilang artikulo sa isyung ito ay nagsasaad ng tungkol sa mga pagpapala ng seminary (tingnan sa mga pahina 20–25 at 46–53). Para marami pang matutuhan, bumisita sa seminary.lds.org.

PARA SA MGA BATA

Upang mapakinggan ang kantang “Sinisikap Kong Tularan si Cristo” (tingnan ang mga pahina 64–65), bumisita sa liahona.lds.org.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, 38

Biyaya, 10, 12

Council, mga, 30

Gawaing misyonero, 42

Inspirasyon, 39, 40

Institute, 52

Jesucristo, 4, 10, 12, 61, 64, 70

Komunikasyon, 34, 58

Mga tungkulin sa Simbahan, 26, 30

Musika, 26, 64

Pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 53, 57, 68

Pag-asa, 80

Pagbabayad-sala, 4, 12, 61, 62, 80

Paghahanda, 54

Pagkabuhay na Mag-uli, 4, 61, 62, 70

Pagsunod, 54

Pamantayan, mga, 69

Pamilya, 34, 42, 58, 66

Panalangin, 41


Pangkalahatang kumperensya, 8

Seminary, 20, 46, 48, 50

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

Ni Pangulong
Thomas S. Monson



“Siya’y Nagbangon”

PATOTOO NG ISANG PROPETA

“**A**ng panawagan ng pagkilos ng lahat ng mga Kristiyano,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, ay na nagbangon mula sa mga patay si Jesus ng Nazaret. “Ang katotohanan ng Pagkabuhay na Mag-uli ay nagbibigay sa lahat ng kapayapaang di masayod ng pag-iisip” (tingnan sa Mga Taga Filipos 4: 7).¹

Sa kasunod na mga halaw, ibinahagi ni Pangulong Monson ang kanyang patotoo at pasasalamat sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas at ipinahayag na dahil nadaig ng Anak ang kamatayan, lahat ng anak ng Ama na pumaparito sa mundo ay mabubuhay muli.

Buhay Pagkatapos ng Buhay na Ito

“Naniniwala akong hindi maiisip ng sinuman ang buong kahalagahan ng ginawa ni Cristo para sa atin sa Getsemani, ngunit nagpapasalamat ako araw-araw sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo para sa atin.

“Sa huling sandali, maaari pa sana Siyang umatras. Ngunit hindi Niya ginawa. Nagpailalim Siya sa lahat ng bagay upang mailigtas Niya ang lahat ng bagay. Sa gayong paraan, binigyan Niya tayo ng buhay nang lampas sa buhay na ito. Sinagip Niya tayo mula sa Pagkahulog ni Adan.

“Sa kaibuturan ng aking kaluluwa, nagpapasalamat ako sa Kanya. Itinuro Niya sa atin kung paano mabuhay. Itinuro Niya sa atin kung paano mamatay. Tiniyak Niya ang ating kaligtasan.”²

Pagpawi ng Kadiliman ng Kamatayan

“Sa ilang mga sitwasyon, tulad halimbawa ng matinding paghihirap at karamdaman, ang kamatayan ay dumarating bilang anghel ng awa. Ngunit kadalasan, iniisip nating kaaway ito ng kaligayahan ng tao.

“Ang kadiliman ng kamatayan ay laging napapawi sa liwanag ng inihayag na katotohanan. ‘Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan,’ wika ng Panginoon.

‘Ang sumasampalataya sa akin, bagama’t siya’y mamatay, gayon ma’y mabubuhay siya: At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailanman.’

“Ang muling pagtiyak na ito—oo, na banal na pagpapatibay—tungkol sa kabilang-buhay ay nagdudulot ng kapayapaan na ipinangako ng Tagapagligtas nang tiyakin Niya sa Kanyang mga disipulo: ‘Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihan ang inyong puso, ni matakot man.’”³

Siya’y Wala Rito

“Muling nabuhay ang ating [Tagapagligtas]. Ang pinakamaluwalhati, nakakaaliw, at nakapapanatag sa lahat ng nangyari sa kasaysayan ng tao ay naganap—ang tagumpay laban sa kamatayan. Ang sakit at pagdurusa sa Getsemani at Kalbaryo ay napalis. Ang kaligtasan ng sanlibutan ay natiyak. Nabawi si Adan sa Pagkahulog.

“Libingang walang laman sa unang umagang iyon ng Paskua ang tugon sa tanong ni Job, ‘Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?’ Sa lahat ng nakaririnig sa akin, ipinahahayag ko, Kung ang isang tao ay mamatay, siya ay muling mabubuhay. Alam natin, sapagkat nasa atin ang liwanag ng inihayag na katotohanan. . . .

“Mahal kong mga kapatid, sa oras ng ating pinakamatin-ding pighati, makatatanggap tayo ng malaking kapayapaan mula sa mga salita ng anghel sa unang umagang iyon ng Paskua: ‘Siya’y wala rito, sapagka’t siya’y nagbangon.’”⁴

Lahat ay Muling Mabubuhay

“Tayo ay tumatawa, umiiyak, nagtatrabaho, naglalaro, nagmamahal, nabubuhay. Pagkatapos tayo ay mamamatay. . . .



“At mananatili tayong patay kung hindi dahil sa isang Tao at sa Kanyang misyon, maging si Jesus ng Nazaret. . . .

“Buong puso at sigla ng aking kaluluwa na itinataas ko ang aking tinig sa pagpapatotoo bilang natatanging saksi at ipinahahayag na talagang buhay ang Diyos. Si Jesus ay Kanyang Anak, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Siya ang ating Manunubos; Siya ang ating Tagapamagitan sa Ama. Siya yaong namatay sa krus para pagbayaran ang ating mga kasalanan. Siya ang naging unang bunga ng Pagkabuhay na Mag-uli. Dahil Siya ay namatay, lahat ay muling mabubuhay.”⁵

Isang Personal na Patotoo

“Ipinahahayag ko ang sarili kong patotoo na nagapi ang kamatayan, napagtagumpayan ang libingan. Nawa’y ang mga salitang ginawa Niyang sagrado na nagsakatuparan nito ay tunay na maging kaalaman sa lahat. Tandaan ang mga ito. Pagyamanin ang mga ito. Igalang ang mga ito. *Siya’y nagbangon.*”⁶ ■

MGA TALA

1. “Siya’y Nagbangon,” *Liahona*, Abr. 2003, 7.
2. “Sa Paghihiwa-hiwalay,” *Liahona*, Mayo 2011, 114.
3. “Panahon Na,” *Liahona*, Ene. 2002, 68; tingnan din sa Juan 11:25–26; 14:27.
4. “Siya’y Nagbangon,” *Liahona*, Mayo 2010, 89, 90; tingnan din sa Job 14:14; Mateo 28:6.
5. “Buhay ang Aking Manunubos!” *Liahona*, Mayo 2007, 24, 25.
6. *Liahona*, Abr. 2003, 7.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Matapos ibahagi ang mga binanggit sa mensahe ni Pangulong Monson, pansinin ang patotoong ibinigay niya sa tunay na kahulugan ng Paskua. Maaari ninyong itanong sa mga kapamilya ang sumusunod: “Ano ang ibig sabihin sa inyo ng pagpapatotoo ngayon ng isang buhay na propeta sa mga katotohanang ito? Paano ninyo maipamumuhay ang mga ito?” Isiping idagdag ang inyong patotoo.

MGA KABATAAN

Makikita Ko Siyang Muli

Ni Morgan Webecke

Esposyal ang pagtrato ni Itay sa bawat isa sa amin. Mahal niya kami at madali siyang magpatawad. Ginawa niya ang lahat ng kanyang makakaya upang matiyak na masaya ang bawat isa sa amin, at nilinaw niya na gusto niya ang pinakamainam para sa amin. Mahal na mahal ko siya.

Noong ako ay nasa grade six, namatay si Itay sa isang aksidente. Labis na nagdalamhati ang aming pamilya. Nagkaroon ng malaking kawalan sa aming pamilya. Si Itay ang taong inaasahan ko, ang siyang nilalapitan ko kung may mga problema ako. Sa halip na humingi ng tulong, hinaayan kong manatili ang galit at hinanakit. Sa huli ay naisip kong kasalanan iyon ng Diyos. Tumigil ako sa pagbabasa ng aking mga banal na kasulatan at sa pagdarasal. Nagsisimba lang ako dahil gusto ni Inay na magsimba ako. Pinilit kong lumayo sa aking Ama sa Langit.

Pagkatapos ay nagpunta ako sa kauna-unahang pagkatakataon sa Young Women camp. Gusto kong magkaroon ng mga bagong kaibigan, pero hindi ko pa rin binabasa ang aking mga banal na kasulatan. Sa huling gabi, nagkaroon kami ng testimony meeting. May nadama akong isang bagay na matagal ko nang hindi nadarama: ang Espiritu. Humanga ako sa mga dalagitang tumayo at nagpatotoo, pero nanatili akong nakaupo dahil akala ko ay wala akong patotoo. Bigla ko na lamang nadama na kailangan kong tumayo. Ibinuka ko ang aking bibig, iniisip kung ano ang sasabihin ko. Kaya sinabi ko na masaya ako na mayroong Young Women camp. Pagkatapos ay namalayan ko na lamang na sinasabi ko na alam kong namatay si Jesucristo para sa akin at na mahal ako ng Ama sa Langit, at totoo ang Simbahan.

Napuspos ako ng matinding kapayapaan. Salamat sa karanasang ito sapagka't masasabi ko na alam kong makikita kong muli si Itay dahil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas.

MGA BATA

Siya ay Buhay!

Itinuturo ni Pangulong Monson na dahil namatay at nabuhay na mag-uli si Jesucristo, lahat tayo ay mabubuhay muli. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Sulatan ng numero ang bawat kahon para maipakita ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

Dahil buhay si Jesucristo, ang mga pamilya ay magsasama-sama magpakailanman. Magdrowing ng larawan ng inyong pamilya sa kahon sa ibaba.





Mapanalangin pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulongan kayong patatagin ang mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.

Magmahal, Mangalaga, at Magpalakas

Tulad ng Tagapagligtas, ang mga visiting teacher ay naglilingkod sa bawat isa (tingnan sa 3 Nephi 11:15). Malalaman natin na tagumpay tayo sa ating paglilingkod bilang mga visiting teacher kapag masasabi ng ating mga kapatid na babae na: (1) tinutulongan ako ng aking visiting teacher na maging espirituwal; (2) alam kong malaki ang malasakit ng visiting teacher ko sa akin at sa aking pamilya; at (3) kung may mga problema ako, alam ko na tutulong ang aking visiting teacher nang hindi na sinasabihan.¹

Paano natin minamahal, pinangangalagaan, at pinalalakas bilang mga visiting teacher ang isang miyembrong babae? Narito ang siyam na mungkahi na matatagpuan sa kabanata 7 ng *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* na tutulong sa mga visiting teacher na mapaglingkuran ang kababaihan:

- Magdasal araw-araw para sa kanya at sa kanyang pamilya.
- Humingi ng inspirasyon na makilala siya at ang kanyang pamilya.
- Palagi siyang dalawin para malaman kung ano na ang nangyayari sa kanya at aliwin at palakasin siya.
- Palaging makipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga pagbisita, pagtawag sa telepono, pagliham, pagpapadala ng email, mga text message, at mumunting pagpapakita ng kabaitan.
- Batiin siya sa mga pulong sa Simbahan.
- Tulungan siya kapag mayroong emergency, karamdaman, o iba pang biglaang pangangailangan.
- Ituro sa kanya ang ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan at ang mga Mensahe sa Visiting Teaching.



- Himukin siya sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa.
- Ireport sa lider ng Relief Society ang kanilang ginagawang paglilingkod at ang espirituwal at temporal na kapakanan ng miyembro.

Mula sa mga Banal na Kasulatan

Lucas 10:38–39; 3 Nephi 11:23–26; 27:21

MGA TALA

1. Tingnan sa Julie B. Beck, “Ang Inaasahan Kong Maunawaan ng Aking mga Apong Babae (at Lalaki) Tungkol sa Relief Society,” *Liahona*, Nob. 2011, 113.
2. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 132.
3. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 140.
4. Brigham Young, “Remarks,” *Deseret News*, Okt. 15, 1856, 252.
5. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 43–44.

Ano ang Magagawa Ko?

1. Paano ko malalaman ang pangangailangan ng aking mga kapatid sa Relief Society?
2. Paano malalaman ng aking mga kapatid sa Relief Society na nagmamalasakit ako nang husto sa kanila?

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mula sa Ating Kasaysayan

“Ang visiting teaching ang naging instrumento ng mga babaeng Banal sa mga Huling Araw sa iba’t ibang dako ng mundo upang magmahal, mangalaga, at maglilingkod—upang ‘[kumilos] ayon sa habag na itanim ng Diyos sa [ating] puso,’ gaya ng itinuro ni Joseph Smith.”²

Ganito ang sabi ng isang babae na kamakailan lamang nabalo tungkol sa kanyang mga visiting teacher: “Nakinig sila. Inalo nila ako. Umiyak silang kasama ko. At niyakap nila ako. . . . Tinulungan [nila] akong makabangon mula sa matinding kalungkutan at depresyon sa mga unang buwang iyon ng pangungulila.”³

Ang pagtulong sa mga temporal na gawain ay isa ring uri ng paglilingkod. Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1856, ibinalita ni Pangulong Brigham Young na napadpad at natigil ang mga handcart pioneer sa malalim na niyebe sa layong 270–370 milya (435–595 km). Nanawagan siya sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Salt Lake City na sagipin ang mga taong iyon at “isagawang mabuti ang mga bagay na tinatawag nating temporal.”⁴

Isinulat ni Lucy Meserve Smith na hinubad ng kababaihan ang kanilang mga pang-ilalim na palda at stockings doon mismo sa tabernacle at ikinarga ang mga ito sa mga bagon upang maipadala sa giniginaw na mga pioneer. At nagtipon din sila ng mga kagamitan sa pagtulog at damit para sa mga darating na kakaunti lamang ang dalang ariarian. Nang dumating ang mga handcart company, isang gusali sa bayan ang “puno ng pagkain at kagamitan para sa kanila.”⁵

Notebook ng Kumperensya ng Abril

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Maraming Matututuhan sa Pangkalahatang Kumperensya

Nina Michael Barber at David Marsh
Curriculum Department

Kahit nagsabi na tayo ng “amen” sa katapusan ng huling ksesyon ng pangkalahatang kumperensya, ang espirituwal na pagpapakabusog ay hindi dapat magtapos doon. Maipag-papatuloy ito kapag pinag-aralan natin at ipinamuhay ang mga turo mula sa kumperensyang iyon. Sa nakalipas na mga taon, hinikayat tayo ng mga propeta na gawin iyon. Halimbawa, noong 1946, hinikayat ni Pangulong Harold B. Lee (1899–1973) ang mga miyembro na gawing “gabay [ang mga mensahe sa kumperensya] sa ikikilos at sasabihin nila sa susunod na anim na buwan.” Ipinaliwanag niya, “Ito ang mahahalagang bagay na sa tingin ng Panginoon ay angkop sa kanyang mga tao sa araw na ito.”¹

Noong 1988, inulit ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) ang payong iyon nang ituro niya, “Sa susunod na anim na buwan, ang edisyon ng kumperensya sa *Ensign* ay dapat nasa tabi ng

inyong mga banal na kasulatan at dapat madalas na basahin.”²

Sa pagtatapos ng pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2008, muling pinagtibay ni Pangulong Thomas S. Monson ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Sinabi niya: “Nawa’y matandaan natin nang matagal ang mga narinig natin dito sa pangkalahatang kumperensya. Ang mga mensaheng ibinigay ay ililimbag sa isyu ng mga magasing *Ensign* at *Liahona* sa susunod na buwan. Hinihimok ko kayong pag-aralan ang mga ito at pagnilayin ang mga turo nito.”³

Sa pag-aaral at pagninilay ninyo sa mga mensahe sa kumperensya, ano ang magagawa ninyo para mas maging makabuluhan ang mga ito sa inyong buhay? Narito ang ilang mungkahi na tutulong sa inyong maghanda, tumanggap,



at kumilos ayon sa mga salitang puno ng inspirasyon:

Maghandang tumanggap ng inspirasyon. Pinanonood man ninyo, pinakikinggan, o binabasa ang mga mensahe ng kumperensya, dapat ninyong buksan ang inyong puso at isipan sa inspirasyon ng langit. Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na gaano man kahasay magturo ang isang tagapagsalita, “ang nilalaman ng mensahe at ang patotoo ng Espiritu Santo ay maisasapuso lamang kung pahihintulutan ito ng nakikinig.” Ipinaliwanag niya na ang pagtanggap ng inspirasyon ay “nangangailangan ng pagsisikap sa espiritu, kaisipan, at katawan at hindi [basta] pagtanggap lamang.”⁴

Ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong para maihanda kayo na maturuan ng Espiritu:

1. Maglaan ng oras at lumikha ng kapaligirang walang sagabal kung saan makatatanggap kayo ng mga espirituwal na pahiwatig.
2. Hangarin ang patnubay ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin.
3. Ilista ang mga personal na tanong o alalahanin na gusto ninyong magkaroon ng kasagutan.

Unawain ang mga mensahe. Ang mga buhay na propeta at apostol ay nagtuturo, nagpapaliwanag, naghihikayat, nagbababala, at nagpapatotoo. Makatutulong ang masusing pag-aaral ng kanilang mga mensahe upang mas lubos na maunawaan ang mga ito. Narito ang ilang epektibong paraan sa pag-aaral:

- **Magtanong.** Halimbawa: Ano ang gusto ng Panginoon na matutuhan ko sa mensaheng ito? Paano napalawak ng mensaheng ito ang pag-unawa ko sa isang alituntunin ng ebanghelyo o isang talata ng banal na kasulatan? Anong mga kuwento ang ginamit para ilarawan ang mga alituntunin ng ebanghelyo, at ano ang matututuhan ko sa mga ito?
- **Sumulat ng outline o balangkas.** Pansinin ang tila outline o balangkas ng tagapagsalita. Hatiin ang mensahe sa mga bahagi at magsulat ng buod na nagpapaliwanag sa pangunahing ideyang isinasaad sa bawat bahagi.



ISULAT ITO AT PAG-ISIPAN ITO

“Sa lahat ng narinig na natin, maaaring

mayroong kataga o talata na mangingibabaw at mapapansin natin. Kapag nangyari ito, sana isulat natin ito at pag-isipan ito hanggang sa manamnam natin ang malalim na kahulugan nito at maging bahagi ito ng ating buhay.”

Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), “An Humble and a Contrite Heart,” *Liahona*, Ene. 2001, 103.

- **Tukuyin ang iba’t ibang aspeto sa mensahe.** Pansinin ang mga bagay na tulad ng mga doktrina, banal na kasulatan, kuwento, babala, listahan, patotoo, paanyayang kumilos, at pagpapalang ipinangako sa pagsunod sa payo.
- **Pag-aralan ang mensahe nang maraming beses.** Mahalagang pag-aralan nang maraming beses ang mga katotohanan ng ebanghelyo upang maunawaan ang buong kahulugan at kahalagahan ng mga ito. Sa tuwing mag-aaral kayo, itala ang mga bagong kaalamang natatanggap ninyo.


Kumilos at gawin ang natutuhan ninyo.

Kung mapanalangin ninyong pinag-aaralan ang mga mensahe, makikita ninyo kung paano ipamuhay ang mga mensahe. Malalaman ninyo kung paano magsagawa ng makabuluhang mga pagbabago sa pagtatanong ng Ano ang nais ipagawa sa akin ng Panginoon sa natututuhan ko? at Ano ang natutuhan ko na tutulong sa akin sa aking pamilya, trabaho, o tungkulin sa Simbahan? Isulat ang mga impresyong natanggap ninyo para hindi malimutan ang mga ito. Kung gagawin ninyo ito, mabibigyan kayo ng inspirasyon na ipamuhay ang mga turo at tatanggapin ninyo ang ipinangakong mga pagpapala.


Ang pangkalahatang kumperensya ang panahon na inihahayag sa inyo ng Panginoon ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) tungkol sa mga mensahe sa kumperensya na “Walang aklat maliban sa mga banal na kasulatan ng Simbahan na dapat magkaroon ng mahalagang puwang sa mga estante ng inyong aklatan—hindi dahil sa mahusay na isinulat o inilahad ang mga ito, kundi dahil sa mga konsepto na nagtuturo ng daan tungo sa buhay na walang hanggan.”⁵ ■

MGA TALA

1. Harold B. Lee, sa Conference Report, Abr. 1946, 68.
2. Ezra Taft Benson, “Come unto Christ, and Be Perfected in Him,” *Ensign*, Mayo 1988, 84.
3. Thomas S. Monson, “Hanggang sa Muli Nating Pagkikita,” *Liahona*, Nob. 2008, 106.
4. David A. Bednar, “Paghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya,” *Liahona*, Set. 2007, 17, 20.
5. Spencer W. Kimball, *In the World but Not of It*, Brigham Young University Speeches of the Year (Mayo 14, 1968), 3.



Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.





SA LAKAS NG PANGINOON

“Sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at pagsunod sa Kanyang ebanghelyo, unti-unting pagbabago sa ating buhay, pagsamo na mapalakas, na pinagbubuti ang ating pag-uugali at mga ambisyon, matatagpuan nating nag-tagumpay tayo na mapabilang sa kawan ng Mabuting Pastol. Kailangan diyan ang disiplina at pagsasanay at paggawa at lakas. Ngunit tulad ng sinabi ni Apostol Pablo, ‘Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Cristo na] nagpapalakas sa akin.’ (Mga Taga Filipos 4:13).”

Pangulong Howard W. Hunter (1907–95), “Developing Spirituality,” *Ensign*, Mayo 1979, 26.

KAMANGHA-MANGHANG Biyaya

Umaasa ako araw-araw sa biyaya ni Jesucristo.

Ni Kristen Nicole Cardon

“**S**a mga pulong natin sa Simbahan, hindi natin kadalasang pinag-uusapan ang tungkol sa biyaya,” sabi ng aking guro sa relihiyon sa Brigham Young University, “ngunit tayo, bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay naniniwala sa biyaya.”

Katunayan, wala akong maalalang mga lesson sa Young Women o Sunday School tungkol sa biyaya, ngunit naalala ko ang aming high school choir sa pagkanta ng “Amazing Grace [o Kamanghang-manghang Biyaya].”

*Kamangha-manghang biyaya!
(o, kaysarap pakinggan!)
Sinagip ang masamang tulad ko!
Minsan akong naligaw, ngunit ngayo’y natagpuan;
Bulag, ngunit ngayo’y nakakakita na.¹*

“Ang biyaya ay kapangyarihan ng Diyos mula sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo,” paliwanag ng aking guro. “Hahatiin ko ang biyaya sa apat na kapangyarihan: pagkabuhay na mag-uli, pagtubos, pagpapagaling, at pagpapalakas.” Nagpatuloy siya sa pagpapaliwanag ng bawat kapangyarihan, ngunit muling nagbalik-tanaw ang aking isipan.

Ang high school choir ding iyon ay naglakbay papunta sa California, USA, para sa paligsahan sa isang music festival. Nagkasakit ako bago ang takdang pag-alis, at dahil masakit ang aking lalamunan ay hindi ako makakakanta kasama ng choir sa festival—o kung kakanta ako, hindi maganda ang kalalabasan, at masakit. Humingi ako ng basbas ng priesthood sa aking ama at ginugol ang sumunod na araw sa pagdarasal na gumaling ako.

Marahil hindi ko pa lubos na nauunawaan noon, nang awitin ko sa kompetisyon ang “Amazing Grace” na may magaling nang lalamunan, na ang inaawit ko ay tungkol sa mismong kapangyarihan na nagpagaling sa akin isang araw bago ang kompetisyon. Pinagpala ako ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa araw na iyon; ang Kanyang biyaya ang dahilan ng aking paggaling.

“At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao” Alma 7:11.

Pagkatapos ng high school, tulad ng maraming freshman, naging abala ako sa pag-aaral sa kolehiyo at hindi lang sa



mga hamong kasabay ng pamumuhay na malayo sa tahanan kundi pati na rin sa pakikitungo sa lima kong ka-roommate.

Sa panahong ito ko naunawaan ang kapangyarihang magpalakas at tumulong ng biyaya ni Cristo. Ginugol ko ang panahon ko sa pagtatrabaho at pag-aaral, ngunit umasa ako sa pagdarasal araw-araw na sumasamo sa Ama sa Langit na bigyan ako ng kakayahan na matapos ang mga kailangang gawin. Habang patuloy sa pag-aaral, masaya kong natuklasan na sa kapangyarihang magpalakas at tumulong ng Pagbabayad-sala ni Cristo, hindi lamang ako mahusay na nakagagawa kundi wala ring kahirap-hirap.

“Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Cristo na] nagpapalakas sa akin” (Mga Taga Filipos 4:13).

Bagama’t hindi ko pa nararanasan ang dalawa pang aspeto ng Kanyang biyaya—pagkabuhay na mag-uli at ang kaganapan ng pagtubos—umaasa pa rin ako sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa bawat araw. Ang biyaya, na kapangyarihan ng Diyos mula sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang nagpagaling at nagpalakas sa akin. Kapag sinisikap kong sundin ang mga utos ng Diyos at ang Kanyang kalooban, nakatatanggap ako ng tulong mula sa langit nang higit pa sa sarili kong kakayahan.

“Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa” (2 Nephi 25:23). ■

TALA

1. John Newton, “Amazing Grace,” *Olney Hymns* (1779), blg. 41.

PAANO NAKAKAAPEKTO ANG BIYAYA NG PANGINOON SA ATING BUHAY?

Tumulong si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol sa pagsagot sa tanong na ito sa “Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad” sa isyung ito sa pahina 12:

- “Hangad ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at kapangyarihan ng Espiritu Santo, na *mapasaatin*—hindi lamang patnubayan tayo kundi palakasin din tayo.”
- “Ang pagpupursigi ng bawat isa, matibay na determinasyon at sariling pagkukusa, mahusay na pagpapalano at pagtatakda ng mithiin ay mahalaga ngunit sa huli ay hindi sapat para matagumpay nating matapos ang paglalakbay sa mortal na buhay na ito. Tunay ngang dapat tayong umasa sa ‘kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas’ (2 Nephi 2:8).”
- “Ang mabisang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ang nagpapalakas sa atin para gumawa at maging mabuti at maglingkod nang higit pa sa ating hangarin at likas na kakayahan.”

Isiping isulat sa inyong journal at ibahagi sa inyong pamilya ang mga panahong nadama ninyo ang biyaya ng Panginoon na nagpapagaling, tumutulong, o nagpapalakas sa inyo.



**Ni Elder
David A. Bednar**

Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

Ang pangunahing mithiin ng ebanghelyo ng Tagapagligtas ay maikling ibinuod ni Pangulong David O. McKay (1873–1970): “Ang layunin ng ebanghelyo ay . . . gawing mabuti ang masamang tao at gawing mas mabuti ang mabuting tao, at baguhin ang likas na pag-uugali ng tao.”¹ Kaya nga, ang paglalakbay sa mortalidad ay pagsulong mula sa masama tungo sa pagiging mabuti at sa mas mabuti pa at maranasan ang malaking pagbabago sa puso—baguhin ang ating masamang pag-uugali (tingnan sa Mosias 5:2).

Ang Pagbabayad-sala

AT ANG PAGLALAKBAY SA MORTALIDAD

Ang mabisang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ang nagpapalakas sa atin para gumawa at maging mabuti at maglingkod nang higit pa sa ating hangarin at likas na kakayahan.

Ang Aklat ni Mormon ang ating hanbuk ng mga tagubilin habang tinatahak natin ang landas mula sa masama tungo sa pagiging mabuti at sa mas mabuti pa at habang sinisikap nating baguhin ang ating puso. Itinuro ni Haring Benjamin ang tungkol sa paglalakbay sa mortalidad at ang ginagampanan ng Pagbabayad-sala sa matagumpay na pagtapos sa paglalakbay na iyon: “Sapagkat ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa pagkahulog ni Adan, at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung kanyang bigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon” (Mosias 3:19; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ituon ko ang inyong pansin sa dalawang partikular na kataga. Una—“hubarin ang likas na tao.” Ang paglalakbay mula sa masama tungo sa mabuti ay paghubad sa likas na lalake o babae na nasa bawat isa sa atin. Sa mortalidad natutukso tayong lahat ng pita ng laman. Ang mismong mga elemento kung saan nalikha ang ating katawan ay likas na mahina at madaling matangay ng kasalanan, kasamaan, at kamatayan. Ngunit mapapalakas natin ang ating kakayahang madaig ang mga pita ng laman at mga tukso “sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo.” Kapag nagkakamali tayo,



kapag lumalabag at nagkakasala, maaari tayong magsisi at maging malinis sa pamamagitan ng mapantubos na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Ikalawa—“maging banal.” Ang katagang ito ay naglalarawan sa karugtong at ikalawang yugto ng paglalakbay sa buhay na maging “mas mabuti pa ang mga taong mabubuti” o, sa madaling salita, maging higit na katulad ng isang banal. Ang ikalawang bahagi ng paglalakbay na ito, ang pagiging mas mabuti mula sa pagiging mabuti, ay isang paksang hindi natin gaanong pinag-aaralan o itinuturo nang madalas ni sapat na nauunawaan.

Palagay ko maraming miyembro ng Simbahan ang mas pamilyar sa nakatutubos at nakalilinis na katangian ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala kaysa sa kapangyarihan nitong magpalakas at tumulong. Mahalagang malaman na naparito si Jesucristo sa lupa upang *mamatay* para sa atin—iyan ay mahalagang bahagi ng doktrina ni Cristo. Ngunit kailangan din nating pasalamat na hangad ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at kapangyarihan ng Espiritu Santo, na *mapasaatin*—hindi lamang patnubayan tayo kundi palakasin din tayo.”

Alam ng marami sa atin na kapag nagkamali tayo, kailangan natin ng tulong para makayanan ang mga epekto ng kasalanan sa ating buhay. Binayaran ng Tagapagligtas ang halaga at dahil dito magiging malinis tayo sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan na tumubos. Malinaw na nauunawaan ng marami sa atin na ang Pagbabayad-sala ay para sa mga makasalanan. Gayunman, hindi ako gaanong nakatitiyak na alam at nauunawaan natin na ang Pagbabayad-sala ay para din sa mga banal—para sa mabubuting kalalakihan at kababaihan na masunurin, karapat-dapat, at lubos na nag-iingat at nagsisikap na maging mas mabuti at maglingkod nang mas tapat. Maaaring mali ang paniniwala natin na dapat tayong maglakbay mula sa pagiging mabuti tungo sa pagiging mas mabuti at maging banal sa sariling pagsisikap, sa pamamagitan ng determinasyon at katapangan, pagpupursigi, at disiplina, at sa ating limitadong mga kakayahan.

Ang ebanghelyo ng Tagapagligtas ay hindi lamang tungkol sa pag-iwas sa masama sa ating buhay; ito ay tungkol rin sa paggawa ng mabuti at pagiging mabuti. At ang Pagbabayad-sala ay tumutulong sa atin upang madaig at maiwasan ang

masama at gawin ang mabuti at maging mabuti. Tutulungan tayo ng Tagapagligtas sa buong paglalakbay natin sa mortalidad—mula sa pagiging masama tungo sa pagiging mabuti at mas mabuti pa at babaguhin ang ating pag-uugali.

Hindi ko ipinapahiwatig na ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na tumubos at tumulong ay magkahiwalay at magkaiba. Sa halip, ang dalawang bahaging ito ng Pagbabayad-sala ay magkaugnay at pinupunan ang isa’t isa; ang dalawang ito ay kailangang magamit sa lahat ng yugto ng paglalakbay sa buhay. At mahalaga sa ating lahat sa kawalang-hanggan na matanto na ang *dalawang* mahalagang bagay na ito sa paglalakbay sa mortalidad—kapwa ang paghubad sa likas na tao at pagiging banal, kapwa ang pagdaig sa masama at pagiging mabuti—ay naisasagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Ang pagpupursigi ng bawat isa, matibay na determinasyon at sariling pagkukusa, mahusay na pagpapalano at pagtatakda ng mithiin ay mahalaga ngunit sa huli ay hindi sapat para matagumpay nating matapos ang paglalakbay sa mortal na buhay na ito. Talagang dapat tayong umasa sa “kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas” (2 Nephi 2:8).

Ang Biyaya at ang Tumutulong na Kapangyarihan ng Pagbabayad-sala

Sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, nalaman natin na ang salitang *biyaya* ay madalas gamitin sa mga banal na kasulatan na nangangahulugan ng kapangyarihang tumulong:

“Ang [*biyaya* ay] salitang madalas banggitin sa Bagong Tipan, lalo na sa mga sulat ni Pablo. Ang pangunahing ideya ng salita ay *dakilang tulong* o *lakas*, na ibinigay sa pamamagitan ng saganang awa at pagmamahal ni Jesucristo.

“Sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesus, na nagawa dahil sa kanyang pagbabayad-sala, mabubuhay nang walang hanggan ang sangkatauhan, matatanggap ng bawat tao ang kanyang katawan mula sa libingan na mayroong buhay na walang hanggan. *At sa pamamagitan din ng biyaya ng Panginoon, ang bawat tao*, sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagsisisi ng kanilang mga kasalanan, *ay makatatanggap ng lakas at tulong na gumawa nang mabuti na hindi nila magagawa sa sariling kakayahan lamang nila. Ang biyayang ito ay isang kapangyarihang tumutulong* na nagtutulot

sa kalalakihan at kababaihan na magtamo ng buhay na walang hanggan at kadakilaan matapos nilang magawa ang lahat ng makakaya nila.”²

Ang biyaya ay banal na tulong o tulong mula sa langit na kailangang-kailangan ng bawat isa sa atin upang maging marapat sa kahariang selestiyal. Kaya nga, pinalalakas tayo ng tumutulong na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na gumawa ng mabuti at maging mabuti at maglingkod nang higit pa



Hindi nanalangin si Nephi na baguhin ang kanyang sitwasyon. Sa halip, nanalangin siya na palakasin siya para mabago niya ang kanyang sitwasyon.

sa ating hangarin at likas na kakayahan.

Sa pag-aaral ko ng mga banal na kasulatan, madalas kong isingit ang salitang “tumutulong na kapangyarihan” kapag nababasa ko ang salitang *biyaya*. Isipin, halimbawa, ang talatang ito na pamilyar sa ating lahat: “Nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa” (2 Nephi 25:23). Naniniwala ako na marami tayong matututuhan tungkol sa mahalagang aspetong ito ng Pagbabayad-sala kung isisingit natin ang mga katagang “tumutulong at nagpapalakas na kapangyarihan” tuwing makikita natin ang salitang *biyaya* sa mga banal na kasulatan.

Mga Paglalarawan at Implikasyon

Ang paglalakbay sa mortalidad ay ang pagiging mabuti ng masama at pagiging mas mabuti pa at pagbabago ng ating mga likas na pag-uugali. Ang Aklat ni Mormon ay puno ng mga halimbawa ng mga disipulo at propeta na nakaalam, nakaunawa, at nabago sa pamamagitan ng nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa paglalakbay na iyon. Kapag unti-unti nating mas naunawaan ang sagradong kapangyarihang ito, ang pananaw natin sa ebanghelyo ay lalong lalawak at uunlad. Babaguhin tayo ng gayong pananaw sa kamanghamanghang paraan.

Si Nephi ay halimbawa ng isang taong nakaalam, nakauunawa, at umasa sa nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Tagapagligtas. Alalahanin na bumalik ang mga anak ni Lehi sa Jerusalem para isama si Ismael at kanyang sambahayan sa kanilang paglalakbay. Naghimagsik si Laman at ang iba pang naglalakbay kasama ni Nephi mula sa Jerusalem pabalik sa ilang, at pinagsabihan ni Nephi ang kanyang mga kapatid na manampalataya sa Panginoon. Sa puntong ito ng kanilang paglalakbay iginapos si Nephi ng kanyang mga kapatid at ipinlano ang pagpatay sa kanya. Alalahanin ang panalangin ni Nephi: “O

Panginoon, alinsunod sa pananampalataya ko na nasa inyo, loobin ninyong maligtas ako mula sa mga kamay ng mga kapatid ko; oo, maging *bigyan ninyo ako ng lakas upang malagot ko ang mga lubid na ito* na gumagapos sa akin” (1 Nephi 7:17; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Alam ba ninyo ang ipagdarasal ko kung iginapos ako ng aking mga kapatid? “Sana po ay ilitas ninyo ako sa masamang sitwasyong ito NGAYON DIN!” Lalo akong naging interesado na hindi ipinagdasal ni Nephi na mabago ang nangyayari sa kanya. Sa halip, nagdasal siya na palakasin siya para mabago niya ang kanyang sitwasyon. At naniniwala

ako na nagdasal siya sa ganitong paraan dahil alam niya, naunawaan, at naranasan ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.

Sa palagay ko hindi basta mahimalang nalagot ang mga gapos na nasa mga kamay at pulso ni Nephi. Sa halip, baka biniyayaan siya ng kapwa pagtitiyaga at lakas na higit pa sa kanyang likas na kakayahan, kaya't "sa lakas ng Panginoon" (Mosias 9:17) ay nabanat at napaluwag niya ang mga lubid, at sa huli ay literal na nalagot ang lubid.

Hayagan ang implikasyon ng sitwasyong ito sa atin. Kapag naunawaan natin at ginamit ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa ating sariling buhay, mananalangin at hihingi tayo ng lakas na mabago ang ating sitwasyon sa halip na manalanging baguhin ang ating sitwasyon. Tayo ay magiging taong kumikilos sa halip na mga bagay na pinakikilos (tingnan sa 2 Nephi 2:14).

Isipin ang halimbawa sa Aklat ni Mormon nang usigin ni Amulon si Alma at ang kanyang mga tao. Dumating ang tinig ng Panginoon sa mabubuting taong ito sa kanilang paghihirap at sinabing:

"Pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod. . . .

"At ito ay nangyari na, na ang mga pasaning ipinataw kay Alma at sa kanyang mga kapatid ay pinagaan; oo, *pinalakas sila ng Panginoon* upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon" (Mosias 24:14–15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ano ang binago sa sitwasyong ito? Hindi ang pasanin ang binago; ang mga hamon at paghihirap na dulot ng pag-uusig ay hindi kaagad inalis sa mga tao. Ngunit si Alma at ang kanyang mga tao ay pinalakas, at dahil sa

nag-ibayo nilang kakayahan at lakas gumaan ang kanilang mga pasanin. Ang mabubuting taong ito ay napalakas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala na *kumilos* sa sarili nila at *naapektuhan* ang kanilang kasalukuyang sitwasyon. At "sa lakas ng Panginoon" si Alma at kanyang mga tao ay ginabayan na makaligtas tungo sa lupain ng Zarahemla.

Maaaring isipin ninyo, "Bakit naging halimbawa ng nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ang sitwasyon



ni Alma at ng kanyang mga tao?" Ang sagot ay matatagpuan sa paghahambing sa Mosias 3:19 at Mosias 24:15.

"At hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon, at *maging tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon* na angkop ipabata sa kanya, maging katulad ng isang batang napasakop sa kanyang ama" (Mosias 3:19; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa pagsulong natin sa paglalakbay sa moralidad mula sa masama tungo sa pagiging

Dumating ang tinig ng Panginoon kay Alma at sa kanyang mga tao sa kanilang paghihirap at sinabing: "Pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod."

mabuti at sa mas mabuti pa, sa paghubad natin ng likas na lalake o babae na nasa bawat isa sa atin, at sa pagsisikap nating maging mga banal at baguhin ang likas nating pag-uugali, ang mga katangiang dinetalye sa talatang ito ay dapat lalong maglarawan sa uri ng tao na ating kinahihinatnan. Tayo ay magiging higit na tulad ng isang bata, mas mapagpakumbaba, mas mapagtiis, at mas handang pasakop.

Ngayon ihambing ang mga katangiang ito sa Mosias 3:19 sa mga ginamit na paglalarawan kay Alma at sa kanyang mga tao: “At *nagpasailalim* [sila] nang may kagalakan at *nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon*” (Mosias 24:15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang pagkakatulad ng mga katangiang inilarawan sa mga talatang ito ay kapansin-pansin at indikasyon na ang mabubuting tauhan ni Alma ay nagiging mas mabubuting tao sa pamamagitan ng nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Cristong Panginoon.

Alalahanin ang salaysay tungkol kina Alma at Amulek sa Alma 14. Sa sitwasyong ito maraming matatapat na Banal ang pinatay sa pamamagitan ng apoy, at ang dalawang lingkod na ito ng Panginoon ay ibinilanggo at pinahirapan. Isipin ang pagsamang ito ni Alma nang manalangin siya sa loob ng bilangguan: “O Panginoon, *bigyan kami ng lakas* alinsunod sa aming pananampalataya na na kay Cristo, maging tungo sa kaligtasan” (Alma 14:26; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Muli nating nakita dito ang pagkaunawa at tiwala ni Alma sa nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na nakita sa kanyang kahilingan. At pansinin ang resulta ng panalanging ito:

“At nilagot nila [Alma at Amulek] ang mga lubid na gumagapos sa kanila; at nang makita ito ng mga tao, sila’y nagsimulang magsipanakbuan, sapagkat ang takot sa pagkalipol ay nanaig sa kanila. . . .

“At sina Alma at Amulek ay humayong palabas ng bilangguan, at sila’y hindi nasaktan; sapagkat *pinagkalooban sila ng Panginoon ng kapangyarihan*, alinsunod sa kanilang pananampalataya na na kay Cristo” (Alma 14:26, 28; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Muli ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ay nakikita kapag nagsisikap ang mabubuting tao na daigin ang kasamaan at nagsisikap na maging mas mabuti at mas mahusay na

makapaglingkod “sa lakas ng Panginoon.”

Ang isa pang halimbawa mula sa Aklat ni Mormon ay puno ng pagtuturo. Sa Alma 31, pinamunuan ni Alma ang isang misyong ibalik sa Simbahan ang mga nag-apostasyang Zoramita, na, matapos itayo ang kanilang Rameumptom, ay nag-aalay ng isang itinakdang panalangin na puno ng kapalaluan.

Pansinin ang paghingi ng lakas ni Alma sa kanyang panalangin: “O Panginoon, nawa’y ipahintulot ninyong ako *ay magkaroon ng lakas*, upang mabata ko nang may pagtitiis ang mga paghihirap na ito na kasasapitan ko, dahil sa kasamaan ng mga taong ito” (Alma 31:31; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Idinalangin din ni Alma na matanggap ng kanyang misyong kompanyon ang gayon ding pagpapala. “Nawa’y ipagkaloob ninyo sa kanila *na sila ay magkaroon ng lakas*, upang mabata nila ang kanilang mga paghihirap na kasasapitan nila dahil sa mga kasamaan ng mga taong ito” (Alma 31:33; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Hindi nanalangin si Alma na alisin ang kanyang mga paghihirap. Alam niya na siya ay kinatawan ng Panginoon, at nanalangin siya na lumakas upang makakilos at mabago ang kanyang sitwasyon.

Ang pinakamahalagang bagay sa halimbawang ito ay naroon sa huling talata ng Alma 31: “Binigyan sila ng lakas [ng Panginoon], upang hindi sila magdanas ng ano mang uri ng paghihirap, *maliban sa malulon sa kagalakan dahil kay Cristo*. Ngayon, ito ay naaalinsunod sa panalangin ni Alma; at ito ay dahil sa nanalangin siya nang may pananampalataya” (talata 38; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Hindi inalis ang mga paghihirap. Ngunit si Alma at ang kanyang mga kasama ay napalakas at napagpala sa pamamagitan ng nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala upang “hindi sila magdanas ng ano mang uri ng paghihirap, maliban sa malulon sa kagalakan dahil kay Cristo.” Kamangha-manghang pagpapala. At napakagandang aral na dapat matutuhan ng bawat isa sa atin.

Ang mga halimbawa tungkol sa tumutulong na kapangyarihan ay hindi lamang matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Si Daniel W. Jones ay isinilang noong 1830 sa Missouri, at sumapi siya sa Simbahan sa California noong 1851. Noong 1856 sumama siya sa pagsagip sa mga handcart

company na nabinbin sa Wyoming dahil sa matinding pag-ulan ng niyebe. Matapos matagpuan ng mga sumagip ang naghihirap na mga Banal, mabigyan ng agarang kaginhawahan at maasikaso ang mga maysakit at mahihina para dalhin sa Salt Lake City, si Daniel at ang ilan pang kabinataan ay nagboluntaryong magpaiwan at magbantay sa mga ari-arian ng handcart company. Ang mga pagkain at suplay na naiwan kay Daniel at sa kanyang mga kasama ay kakaunti at mabilis na naubos. Ang kasunod na sipi mula sa sariling journal ni Daniel Jones ay naglalarawan sa sumunod na mga pangyayari.

“Ang pangangaso ay naging madalang at wala kaming mahuling hayop. Naubos namin ang maantang karne na hindi naman nakakabusog. Sa huli naubos na rin ang lahat ng iyon, ang natira ay balat na lamang ng hayop. Sinubukan naming kainin iyon. Marami ang iniluto at kinain nang walang anumang panimpla at dahil dito nagkasakit ang buong grupo. . . .

“Tila wala nang pag-asa ang sitwasyon namin, wala nang natira maliban sa maantang lasa at hilaw na balat na mula hayop na namatay sa gutom. Hiniling namin sa Panginoon na patnubayan kami sa dapat naming gawin. Hindi nagreklamo ang kalalakihan, at sa halip ay nadamang dapat silang magtiwala sa Diyos. . . . Sa huli naisip ko kung paano pakinabangan ang balat ng hayop at nagmungkahi sa grupo, sinabi ko sa kanila kung paano ito lutuin; na sunugin nila at alisin ang balahibo; pakuluan upang maalis ang masamang lasa nito. Matapos tanggalin ang balahibo, pakuluan nang isang oras sa maraming tubig, itapon ang tubig na nag-aalis ng lahat ng lagkit, at hugasan at kaskasin ang buong balat ng hayop, banlawan sa malamig na tubig, pagkatapos ay pakuluan hanggang sa lumambot at hayaang lumamig, at pagkatapos ay kainin na may kaunting asukal. Malaking trabaho ito, pero wala kaming gaanong magagawa at mas mainam na ito kaysa mamatay sa gutom.

“Hiniling namin sa Panginoon na maging matibay ang aming mga tiyan at *masanay sa pagkaing ito*. . . . Tila nasiyahan ang lahat sa pagkain nito. Tumagal kami nang tatlong araw nang hindi kumakain bago ang pangalawang pagluluto namin nito. Kinain namin ang masarap na pagkaing ito sa loob ng anim na linggo.”³

Sa gayong sitwasyon marahil ay ipagdarasal ko na bigyan kami ng ibang pagkain: “Ama sa Langit,

sana po ay padalhan ninyo ako ng pugo o buffalo.” Marahil ay hindi ko maiisip na manalangin na maging matibay ang tiyan ko at masanay sa pagkaing mayroon kami. Ano ang alam ni Daniel W. Jones? Alam niya ang tungkol sa nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Hindi siya nanalangin na baguhin ang kanyang sitwasyon. Nanalangin siya na palakasin siya upang makayanan ang kanyang sitwasyon. Tulad ni Alma at ng kanyang mga tao, nina Amulek, at Nephi na napalakas, may pananaw na espirituwal si Daniel W. Jones kaya alam niya ang dapat hilingin sa panalanging iyon.

Ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Cristo ay nagpapalakas sa atin na magawa ang mga bagay na hindi natin kailanman magagawa nang mag-isa. Minsan iniisip ko kung sa ating mundong puno ng kaginhawahan sa huling araw—sa mundo natin na puno ng mga microwave oven at cell phone at air-conditioned na sasakyan at komportableng tahanan—ay matututuhan nating kilalanin ang pag-asa natin araw-araw sa nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.

Si Sister Bednar ay isang matapat at matalinong babae, at may natutuhan akong mahahalagang aral tungkol sa nagpapalakas na kapangyarihan mula sa kanyang tahimik na halimbawa. Namasdan ko ang pagtitiis niya sa matindi at patuloy na pagduruwal—talagang nahihirapan sa maghapon araw-araw sa loob ng walong buwan—bawat isa sa tatlong pagdadalantao niya. Magkasama kaming nanalangin na mabasbasan siya, ngunit hindi inalis ang pagsubok na iyon. Sa halip, nakayanan niya ang hindi niya magagawa sa sarili niyang lakas. Sa nakalipas na mga taon nakita ko rin kung paano siya lumakas upang makayanan ang pagbatikos at pangungutya ng lipunan kapag ang isang babaeng Banal sa mga Huling Araw ay sumunod sa payo ng propeta at inuna ang pamilya at pag-aalaga ng mga anak. Pinasasalamatan ko at pinupuri si Susan sa pagtulong sa akin na matutuhan ang napakahalagang aral na iyon.

Alam at Nauunawaan ng Tagapagligtas

Sa kabanata 7 ng Alma nalaman natin kung paano at bakit nakapagbibigay ng gayong kapangyarihan ang Tagapagligtas:

“At siya ay hahayo, magdaranas ng *mga pasakit* at *hirap* at lahat ng uri ng *tukso*; at ito ay

upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang *mga pasakit* at ang *mga sakit* ng kanyang mga tao.

“At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang *mga kahinaan*, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod

na nakaaalam. Ngunit ang Anak ng Diyos ay lubos na nakaaalam at nakauunawa, dahil Kanyang dinanas at pinasan ang ating mga pasanin bago pa natin naranasan ang mga ito. At dahil binayaran Niya at pinasan ang pasaning iyan, lubos Niya tayong nauunawaan at maiuunat Niya ang Kanyang bisig ng awa sa napakaraming aspeto ng ating buhay. Maaabot Niya tayo, maaantig, matutulungan—literal na lalapit sa atin—at mapalalakas nang higit sa makakaya natin at matutulungan tayong gawin ang hindi natin kayang gawing mag-isa.

“Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nanga-bibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.

“Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

“Sapagka’t malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan” (Mateo 11:28–30).

Ipinahahayag ko ang aking patotoo at pasasalamat sa walang katapusan at walang hanggang sakripisyo ng Panginoong Jesucristo. Alam kong buhay ang Tagapagligtas. Naranasan ko ang Kanyang kapangyarihang tumubos at ang Kanyang kapangyarihan na nagbibigay-kakayahan, at

pinatototohanan ko na ang mga kapangyarihang ito ay totoo at makakamtan ng bawat isa sa atin. Tunay na “sa lakas ng Panginoon” magagawa natin at madadaig ang lahat ng bagay habang patuloy tayong naglalakbay sa mortalidad. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University noong Oktubre 23, 2001. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.

MGA TALA

1. Tingnan sa Franklin D. Richards, sa Conference Report, Oct. 1965, 136–37; tingnan din sa David O. McKay, sa Conference Report, Apr. 1954, 26.
2. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Biyaya”; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Daniel W. Jones, *Forty Years among the Indians* (n.d.), 57–58.



Walang sakit sa katawan, walang paghihirap ng kaluluwa, walang pagdurusa ng espiritu, walang karamdaman o kahinaan na naranasan natin sa paglalakbay sa buhay na ito na hindi muna naranasan ng Tagapagligtas.

sa kanilang mga kahinaan” (Alma 7:11–12; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang Tagapagligtas ay nagdusa hindi lamang para sa ating mga kasamaan kundi para din sa di-pagkakapantay-pantay, kawalang-katarungan, sakit, kalungkutan, at mga paghihirap ng damdamin na madalas dumating sa atin. Walang sakit sa katawan, walang paghihirap ng kaluluwa, walang pagdurusa ng espiritu, walang karamdaman o kahinaan na naranasan natin sa paglalakbay sa buhay na ito na hindi muna naranasan ng Tagapagligtas. Kayo at ako sa sandali ng kahinaan ay maaaring magsabing, “Walang nakauunawa. Walang nakaaalam.” Walang tao, marahil,

*Sa iba't ibang panig ng mundo,
mas inilalapit ng seminary ang mga
kabataang katulad ninyo
kay Jesucristo.*



MÉXICO

Ang mga Pagpapala ng **SEMINARY**

Ni Brittany Beattie

Mga Magasin ng Simbahan

Hindi kayo nag-iisa sa pasiya ninyong dumalo sa seminary. Sa iba't ibang panig ng mundo, libu-libong kabataan ang ginagawang bahagi ng kanilang buhay ang seminary, dumarating sa kanilang mga silid-aralan sakay ng bus, bangka, bisikleta, at marami pang iba. Ang ilang kabataan ay gumigising nang maaga at nagbibiyaha nang malayo para makarating sa oras, ang iba naman ay nagbibiyaha sa gabi, at ang iba pa ay nag-aaral sa bahay nang ilang araw sa loob ng isang linggo.

Ang pagpunta sa seminary ay nangangailangan ng sakripisyo, ngunit nalaman ng mga kabataan sa iba't ibang panig ng mundo na sulit ang bawat pagsisikap sa pagdalo sa seminary. At may isang bagay na karaniwan sa mga dumadalo: dahil sa pag-aaral sa seminary, napapalapit sila sa Tagapagligtas at sa ating Ama sa Langit.

Pagtanggap ng mga Ipinangakong Pagpapala

Bakit napakahalaga ng seminary sa inyo? Kabilang sa ilang mga kadahilanang ito ang mga pangakong ito ng mga propeta at apostol sa mga huling araw:

- Ito ay “naging isang pagpapala mula sa Diyos para sa kaligtasan ng makabagong Israel sa napakahirap na panahong ito.”¹
- Ito “ang maghahanda sa inyo upang ma-ihayag ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga taong makikilala ninyo.”²
- Tumutulong ito sa inyo upang “magkaroon kayo ng mahalagang pag-unawa sa katotohanan.”³

- Ang Seminary “ay nagbibigay ng magagandang pagkakataon na matutuhan ang mga doktrina na magpapasaya sa inyo. Nagbibigay ito ng magagandang pagkakataon para makahalubilo ninyo ang mga taong katulad ninyo ang relihiyon.”⁴
- “Ang kaalaman ninyo sa ebanghelyo ay madaragdagan. Lalakas ang inyong panampalataya. Magkakaroon kayo ng mabuting samahan at pagkakaibigan.”⁵
- “Nagbubunga ito ng . . . pag-unlad sa espirituwal, kalakasang moral na daigin ang kasamaan na nasa paligid ninyo, gayon din ng ibayong pag-unawa sa ebanghelyo.”⁶
- Ito ang “isa sa pinakamagagandang paghahanda para sa misyon.”⁷

Paghahanap ng Paraan na Makadalo

Ang pagpunta sa seminary ay kadalasang nangangahulugan ng pagsasakripisyo ng isang bagay na gusto ninyong gawin nang sa gayon ay magkaroon kayo ng oras na makadalo. Ngunit sulit ang pagsasakripisyong ito. Pinili ni Elijah Bugayong ng Pilipinas na gawin ang gayong desisyon sa huling taon niya sa high school. Sa buong pag-aaral niya sa high school, lagi siyang pangalawa sa klase. Determinado siyang manguna sa klase sa kanyang senior year at inisip pang huwag mag-enrol sa seminary, na dinaluhan niya noong mga nagdaang taon, para makamtan ang kanyang mithiin.

At nagbago ang kanyang isip isang araw. “[Tiningnan] ko ang aking mesang gamit sa pag-aaral,” sabi niya. “Nakita ko ang salansan ng mga aklat na malapit rito, ang mga



ISANG PAGPAPALANG MAY EPEKTO SA HABAMBUHAY

“Maraming taon na ang nakaraan nagkaroon ako ng pribilehiyo na magturo ng early-morning seminary. Ang klase ay ginanap sa pagitan ng alas-6:30 n.u. at alas-7:30 n.u. bawat araw na may pasok sa eskuwelahan. Sa loob ng dalawang taon nakita ko ang mga inaantok na estudyante na matamlay na naglalakad papunta sa klase, na humahamon sa kanilang guro na gisingin sila. Matapos manalangin at makapagbigay ng inspirational thought, nakita kong sumigla ang matatalino nilang kaisipan upang dagdagan pa ang kanilang kaalaman sa mga banal na kasulatan. Ang pinakamahirap na bahagi sa klase ay tapusin ang talakayan sa oras para makapasok sila sa kanilang regular na klase sa paaralan. Habang patuloy sa pag-aaral, nakita ko ang bawat estudyante na mas nagtiwala sa kanilang sarili, mas naging mabubuting magkakaibigan, at nagkaroon ng malas na patotoo sa ebanghelyo.

“Ilang taon na ang nakalipas, nasa isang grocery store ako sa isang lungsod na hindi malayo rito nang marinig kong may tumawag sa aking pangalan. Lumingon ako para batiin ang dalawa sa dati kong mga estudyante sa seminary noon. Mag-asawa na sila ngayon. Ipinakilala nila ako sa apat na magagandang anak nila. Habang nag-uusap kami nagulat ako sa dami ng mga kaklase nila sa seminary na may mga ugnayan pa rin makaraan ang maraming taon. Ito ay katibayan ng espesyal na pagsasamahan na nangyari noon sa early morning seminary class.”

Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Receive Truth,” *Ensign*, Nob. 1997, 62.

banal na kasulatan ko kasama ang notebook at manwal ko sa seminary. Itinanong ko sa kaibuturan ng puso ko, ‘Ano ba ang pinakamahalaga?’”

Nakita ni Elijah ang sagot sa Mateo 6:33: “Datapuwa’t hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.” Nagpasiya siyang palaging dumalo sa seminary at maghanap ng paraan na mabalanse ang kanyang oras para mapagbuti ang kanyang pag-aaral sa paaralan. Sa pagtatapos ng taon, siya ang naging valedictorian at nanalo pa siya ng scholarship sa kolehiyo.

Nagpasiya si Spencer Douglas ng Alabama, USA, na isakripisyo ang ilang aktibidad para mas marami pa siyang matutuhan sa seminary. Sa kanyang unang dalawang taon sa seminary, gumigising siya nang alas-4:00 n.u. para dumalo, at sa huling dalawang taon gumigising siya nang alas-5:00 n. u. Sabi niya, “Hindi na ako nakakasama sa mga kaibigan ko sa maraming aktibidad sa gabi dahil kailangan kong matulog nang maaga. Kung hindi, hindi ako lubos na makalalahok at matututo kina-bukasan.” Para kay Spencer, hindi lamang ito basta pagpunta sa klase, ito ay pakikinig at paghahanda rin na matuto.

Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Hindi sapat na dahilan ang pagiging maganda ng isang bagay para gawin ito. Ang magagandang bagay na magagawa natin ay higit na marami kaysa libreng oras natin para magawa ang mga ito. May ilang bagay na mas maganda kaysa iba, at ito ang mga bagay na dapat nating unahin sa ating buhay.”⁸ Mahalagang payo iyan na

dapat tandaan sa pagpapasiya ninyo kung paano unahin ang seminary sa inyong iskedyul.

Paghahanda para sa Misyon

Ang Seminary rin ay nagsisilbing magandang paghahanda sa gawaing misyonero na gagawin ninyo—bilang miyembrong misyonero ngayon at kung maglilingkod din kayo bilang full-time missionary balang-araw. Alam ni Franco Huamán Curinuqui ng Peru na ang pag-aaral niya ng mga banal na kasulatan sa seminary ay tumutulong sa kanya na maghanda sa kanyang pagmimisyon.

Sinabi niyang ang paghahandang ito ay sulit sa paggising niya nang alas-4:00 n.u. para mag-seminary, pagsakay sa bangka nang bahain nang ilang buwan ang lugar, at paglakad sa putikan para makapunta sa klase. Sabi niya, “Gusto kong matapos ang seminary at magsimula sa mga klase sa institute para maging handa ako sa misyon. Patuloy akong uunlad sa Simbahan.” Mahalaga sa kanya ang seminary dahil natututuhan niya ang tungkol sa mga banal na kasulatan at nasasaulo ang mahahalagang talata, na tutulong sa kanya na maging mas mahusay na misyonero.

Pinagpala sa Lahat ng Aspeto ng Buhay

Kapag sinisikap ng mga kabataan sa iba’t ibang panig ng mundo na dumalo sa seminary, tumatanggap sila ng lakas na higit pa sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Natanto ni Cameron Lisney ng England na mapalad siya sa lahat ng aspeto ng kanyang buhay. “Hindi lamang sa espirituwalidad ko nakatulong ang seminary, kundi pati na rin sa paaralan at pag-aaral ko,” sabi ni Cameron.

Sinabi niya na “ang pag-aaral sa umaga ay nagpapaliksi ng isipan. Sinabi ng ilan kong kaibigan na abala sila at hindi makadadalo—eh, hindi naman ito pag-aaral ng math nang alas-6:00 n.u., di ba?” Kapag nag-aral kayo, “tutulungan kayo ng Panginoon sa inyong mga exam, at kung pumupunta kayo sa seminary, lalo pa Niya kayong tutulungan,” sabi ni Cameron.

Siyempre, nakatulong din ang seminary na mapalakas ang patotoo ni Cameron. Sabi niya, “Nagkaroon ako ng patotoo dahil sa seminary program. Sa edad na 14, hindi ko talaga gaanong nauunawaan ang ebanghelyo. Hindi ako masaya sa simbahan, at nakagawa ako ng mga bagay na hindi ko dapat ginawa. Mga ilang buwan na lamang at talagang tuluyan na sana akong susuko.” Ngunit nang isang kaibigan ang nag-imbata kay Cameron na pumunta sa seminary, nagpasiya siyang sumama sa kanya. Pagkatapos ay talagang nagdatingan ang mga pagpapala.

“Muli kong nadama ang Espiritu,” sabi ni Cameron. “Sinimulan kong mas pagtuunan ang simbahan at dumalo sa Sunday School at mga aralin sa priesthood. Naging mas madali ang mga bagay-bagay, at nagsimula akong maging mas masaya. Sa huli ay nagkaroon ako ng patotoo tungkol sa ebanghelyo para sa aking sarili.” Matapos ang dalawang buwan sa seminary, kinausap si Cameron ng kanyang bishop at naorden siyang teacher sa Aaronic Priesthood.

Alam ni Cameron na nakatulong sa kanya ang

seminary na mapaglabanan ang mga tukso ng mundo. “Sa patuloy na pag-aaral sa seminary,” sabi niya, “naintanto ko na mas madaling harapin ang mga hamon na dulot ng mundo. Napakahirap maging tinedyer sa mundong ginagalawan natin—napaliligiran tayo ng kasalanan. Ako ay nagpapatotoo sa inyo na kung kayo ay dadalo sa seminary, mapapasa inyo ang lakas na ipagsanggalang ang inyong sarili laban sa kasalanan. Lumilikha ang seminary ng isang espirituwal na pananggalang na poprotekta sa inyo. Maraming iba-ibang pagsubok at tukso ang dumating sa buhay ko, at malaki ang naitulong ng seminary para manatili ako sa makipot at makitid na landas.”

Pinalalakas ang Isa’t Isa

Tinutulutan din kayo ng seminary na makahalubilo ang iba pang mga kabataan na katulad ninyo ang paniniwala. Sinabi ni Vika Chelyshkova ng Russia, “Napapasigla

ako ng mga taong kapareho ko ang pananaw at may mga pamantayan ng kagandahang-asal at naniniwala sa Diyos na tulad ko.” Sabi pa niya, “Kung may mga tanong ako, masasabi ko ang mga ito sa aking guro sa seminary at sa iba pang mga estudyante. Maibabahagi ko ang aking iniisip at patotoo sa iba para mapalakas ang aking pananampalataya at ang pananampalataya ng iba. Sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan nang magkakasama at pagninilay sa espirituwal na nilalaman nito, mas napapalapit kami sa Diyos at sa isa’t isa.”

Ganito rin ang mga resultang nakita ni Ksenia Goncharova ng Ukraine. Sabi niya, “Kapag ibinabahagi namin sa isa’t isa ang mga natutuhan namin, nagiging mas malakas kami at mas nauunawaan namin ang mga banal na kasulatan. Kapag pinag-uusapan namin ang mga halimbawa sa aming buhay sa oras





NAIMPLUWESYAHAN NG SEMINARY ANG BUHAY NI PANGULONG HENRY B. EYRING

Si Mildred Bennion ay isa sa mga estudyante ng unang klase ng seminary sa Granite Seminary noong 1912. Siya kalaunan ang naging ina ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Naunawaan niya ang kahalagahan ng seminary sa kanyang buhay, at gusto niyang matamasa rin ng kanyang mga anak ang mga pagpapalang nakamtan niya sa seminary, kaya gumawa ng malaking desisyon ang kanyang pamilya: Lumipat kami sa Utah kahit malaki ang gastos para makadalo ang aming mga anak na lalaki sa mga Seminary at Institute at magkaroon ng mga kaibigang miyembro sa ating Simbahan. Iyan ang sagot sa nagtatanong ng nadarama ko tungkol sa mga bagay na iyon” (sinipi sa C. Coleman, *History of Granite Seminary*, 142).

Nagpatuloy ang kahalagahan ng edukasyon sa Simbahan sa pamilya Eyring nang maging pangulo ng Ricks College (ngayon ay BYU-Idaho) si Pangulong Henry B. Eyring noong 1971; ito ay isang kolehiyong pag-aari ng Simbahan, at naglingkod siya bilang Commissioner of Church Education mula 1980 hanggang 1985 at muli mula 1992 hanggang 2005.

ng aralin, nakikita ko ang impluwensya ng ebanghelyo sa aking buhay at sa buhay ng iba.”

Makikilala ang Ama sa Langit at si Jesucristo

Isang grupo ng mga kabataan ang tinanong kamakailan kung paano sila pinagpala ng seminary. Ang mga sagot nila ay nagpapakita ng isang pangunahing tema—na nakatulong sa kanila ang seminary na mapalapit sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas. Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Lahat ng paksang pinag-aaralan ninyo sa seminary ay mahalaga. Sa bawat taon na nagtutuon kayo sa isa sa mga banal na kasulatan, ang pangunahing pinagtutuunan ay ang Panginoong Jesucristo.”

Narito ang sinabi ng ilang kabataan kung paano sila inilapit ng seminary kay Jesucristo.

- “Nalaman ko ang ginawa ng Tagapagligtas para sa akin, sa pagbabasa ng lahat ng salaysay na ito mula sa maraming propeta at pagkaunawang napakahalaga ko sa Kanya. Natanto ko na mahal Niya ako kaya Siya namatay at nagdusa para sa aking kasalanan.”
- “Napakagandang simulan ang aking araw sa seminary. Gaano man ako kapagod, nadarama ko ang Espiritu at napalalakas ako kaya nga kapag nahihirapan ako sa araw na iyon, alam ko nang walang pag-aalinlangan na mahal ako ng Tagapagligtas, at mas may tiwala akong panindigan ang tama.”
- “Ako ay convert sa Simbahan. Nagsimula akong dumalo sa seminary bago pa man ako binyagan.

Kung walang seminary, hindi ko alam kung mabibinyagan pa ako. Kung walang seminary, wala sa buhay ko ngayon ang Tagapagligtas o hindi ko nalaman na mapapatawad ako sa aking mga kasalanan. Wala talaga noon sa buhay ko ang Ama sa Langit o si Jesucristo. Tinulungan ako ng seminary na makilala Sila at gawin Silang bahagi magpakailanman ng aking buhay at ng buhay ng mga magiging anak ko.”

- “Ang pagpunta sa seminary araw-araw ay nakatulong sa akin na mapalapit sa aking Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang mga turo, Kanyang dakilang pagmamahal sa akin, at kung paano ako makabalik sa Kanyang piling.”
- “Kapag nasa seminary ako, nalalaman ko ang mas malalim na kahalugan ng mga banal na kasulatan. Nakatutulong ito na maalala ko tuwing umaga na maging katulad ni Cristo sa mga ginagawa ko sa araw-araw.
- “Seminary ang nagturo sa akin kung paano basahin ang aking mga banal na kasulatan at hindi lamang para matutuhan ito kundi isabuhay ito. Natutuhan ko ang mga doktrina at alituntunin na nakatulong sa akin upang lumakas ang aking patotoo tungkol sa isang mapagmahal na Ama sa Langit at kay Jesucristo, na pahahalagahan ko habang buhay.”

Dahil sa napakaraming pagpapala na dumarating sa pagdalo sa seminary, madaling maunawaan kung bakit inuuna ito ng mga kabataan sa iba’t ibang panig ng mundo. ■

MGA TALA

1. Boyd K. Packer, *Teach the Scriptures* (mensahe sa Church Educational System educators, Okt. 14, 1977), 3.
2. L. Tom Perry, "Pagtataas ng mga Pamantayan," *Liahona*, Nob. 2007, 48.
3. Richard G. Scott, "Alamin ang Inyong Buong Kakayahang," *Liahona*, Nob. 2003, 42.
4. Gordon B. Hinckley, "Stand True and Faithful," *Ensign*, Mayo 1996, 93.
5. Gordon B. Hinckley, "The Miracle Made Possible by Faith," *Ensign*, Mayo 1984, 47.
6. Gordon B. Hinckley, "The State of the Church," *Ensign*, Mayo 1991, 52.
7. Ezra Taft Benson, "Our Responsibility to Share the Gospel," *Ensign*, Mayo 1985, 7.
8. Dallin H. Oaks, "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Liahona*, Nob. 2007, 104.
9. David A. Bednar, "Conclusion and Testimony," *Welcome to Seminary 2010–2011*, seminary.lds.org/welcome.

ANG KASAYSAYAN NG SEMINARY

Narito ang mga nangyari sa naging paglago ng seminary sa paglipas ng mga taon.

- 1888: Pinamahalaan ni Pangulong Wilford Woodruff ang pagbuo ng Church Board of Education na mangangasiwa sa mga gawain ng edukasyon sa Simbahan, kabilang na ang mga klase sa relihiyon matapos ang klase sa paaralan.
- 1912: Inorganisa ang unang daily released-time seminary classes, na may kabuuang 70 estudyante na umaalis sa isang class period sa high school para dumalo sa seminary. Ang mga klase ay itinuturo sa kabilang kalsada lamang ng Granite High School sa Salt Lake City, Utah, USA.
- 1925: Umabot sa 10,000 estudyante ang nag-enrol.
- 1948: Nagkaroon sa Canada, ang unang bansa sa labas ng Estados Unidos na nagkaroon ng seminary.
- 1950: Pag-organisa ng mga daily seminary (dating tinatawag na "early-morning seminary") class sa California, kung saan nagkklase ang mga estudyante sa mga meetinghouse ng Simbahan bago magsimula ang klase sa paaralan.
- 1958: Umabot sa 50,000 estudyante ang nag-enrol.
- 1958: Nagkaroon sa Central America, unang ipinakilala sa Mexico.
- 1962: Nagkaroon sa Europa, unang ipinakilala sa Finland at Germany.
- 1963: Nagkaroon sa Asia, unang ipinakilala sa Japan.
- 1965: Umabot sa 100,000 estudyante ang nag-enrol.
- 1967: Pagsisimula ng home-study seminary sa mga komunidad sa lalawigan, kung saan nag-aaral ang mga estudyante sa bahay nang apat na araw sa loob ng isang linggo at nagkklase nang isang araw kada linggo.
- 1968: Nagkaroon sa Australia.
- 1969: Nagkaroon sa South America, unang ipinakilala sa Brazil.
- 1972: Nagkaroon sa Africa, unang ipinakilala sa South Africa.
- 1983: Umabot sa 200,000 estudyante ang nag-enrol.
- 1991: Umabot sa 300,000 estudyante ang nag-enrol.
- 2012: Mayroon na sa 134 na bansa at mga lugar sa iba't ibang panig ng mundo, na tinatayang may 370,000 mga estudyante ang nag-enrol.



ISANG TUNGKULIN PARA SA ISANG MIYEMBRO

Ni Helena Hannonen



Di kalaunan matapos akong binyagan sa edad na 10 sa Lappeenranta, Finland, natanggap ko ang una kong tungkulin sa Simbahan. Iyon ay noong 1960, at kailangang-kailangan ng aming maliit na branch ang isang tagakumpas ng mga himno para sa mga sacrament meeting. Inatasan akong gampanan ang tungkuling ito.

Bagama't palaging hinihimok ni Inay ang kapatid kong lalaki at ako na mag-aral ng musika, hindi ko alam kung paano tumugtog ng piyano, at wala kaming piyano. Ngunit gusto kong magampanan ang aking tungkulin, kaya nagplano kami.

Sa family home evening, pinag-usapan namin ang kahalagahan ng tungkuling ito sa aming lahat. Gayunman, dahil si Inay ay biyuda at may dalawang maliliit na anak, alam naming mahihirapan kami na bumili ng piyano



Ako ay bagong miyembro at walang alam sa pagtugtog ng piyano. Ngunit lubos ang pasalamat ko sa tungkulin ko bilang branch accompanist na nagpabago ng buhay ko.

at magbayad para sa mga lesson. Nagpasiya kami na handa kaming gawin ang hinihinging sakrispyo.

Ang unang sakripisyo ng pamilya ko ay pinansiyal. Nagpasiya kami na mula tagsibol hanggang taglagas magbibisikleta kami sa halip na sumakay ng bus. Ang kapatid kong si Martti, ay malakas ang loob at naging mahusay sa pagbibisikleta—kahit may niyebe at nagyeyelo ang daan. Hindi na ako halos bumili ng damit at natuto akong manahi. Natuto rin kaming mamuhay nang masinop. Nagsimula kaming maghalamanan sa nayon malapit sa bahay ng aking lolo't lola at nagpreserba ng pagkain para sa taglamig. Ang aming “mga bakasyon” ay kapag nagpupunta ang aming ina sa templo sa Switzerland o mga piknik at kamping malapit sa bahay.

Ang pangalawang isinakripisyo ng pamilya ko ay ang paggamit ng oras. Hinati namin ang mga gawain sa bahay at inayos ang iskediyul ng iba pa naming mga aktibidad at homework para may sapat akong oras na magpraktis sa piyano. Dahil sa aming pagsasakripisyo at kasipagan, madalas sabihin ni Inay na wala na kaming libreng oras para masangkot sa gulo tulad ng ibang mga kaedad namin. Katunayan, ang tungkulin ko ay naging tungkulin ng pamilya bago pa man ako nakatugtog ng isang nota.

Nagsimula akong turuan ng isang music teacher sa isang lokal na paaralan. Nagpraktis ako gamit ang isang papel na keyboard at sa piyano sa simbahan. Nang lumipat ang piano teacher ko, binili namin ang piyano niya, at natanggap ako na mag-aral sa isang kilalang piano teacher sa aming lugar.

Natutuhan ko ang mga himno nang magisa at nagpraktis nang nagpraktis kasama ang branch music director. Hinimok ako ng lahat—kahit “maling” nota ang natutugtog ko minsan. Nagulat ang guro ko nang malaman niyang tumutugtog ako sa harap ng maraming

tao bago ko pa lubusang natutuhan at naisaulo ang mga piyesa. Ngunit ang pagtugtog gamit ang isang kamay ay mas mainam kaysa walang alam sa musika.

Nagbibisikleta ako papunta sa nagtuturo sa akin, at pagsapit ng taglamig, sinikap kong maglakad o mag-ski hangga't maaari. Tuwing Linggo naglalakad akong mag-isa papunta sa mga miting ng Simbahan para makarating ako nang maaga nang isang oras at makapagpraktis. Sumasakay lang ako ng bus kapag ang temperatura ay umaabot nang mababa sa -15°C (5°F). Hindi ko pansin ang ulan at niyebe; mabilis lumipas ang oras sa paglalakad ko dahil napakaraming magagandang himno ang nasasaisip ko. Habang naglalakad, tumatawid ako sa kapatagan kasama ang mga pioneer (tingnan sa “Mga Banal, Halina,” *Mga Himno*, blg. 23), umaakyat sa tuktok ng bundok sa Sion (tingnan sa “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4), at naninindigan kasama ng mga kabataan na hindi kailanman panghihinaan ng loob (tingnan sa “Tapat sa Pananampalataya,” *Mga Himno*, blg. 156). Hindi ako kailanman panghihinaan ng loob dahil sa tulong na iyon—bagama't kami lang ng pamilya ko ang Banal sa mga Huling Araw sa aming komunidad sa silangan ng Finland, malapit sa hangganan ng Russia.

Sa paglipas ng mga taon naging mas mahusay akong tumugtog at nakatutugtog ng musika sa halip na mga tamang nota lamang. Natutuhan kong mapanalanging pumili ng musika upang madama sa miting ang Espiritu. At ang pinakamahalaga, nagkaroon ako ng patotoo sa ebanghelyo sa pamamagitan ng musika. Madali kong naaalala ang damdamin, mga salita, at mensahe sa mga himno kapag nag-aalinlangan ako sa isang bagay. Alam kong totoo ang mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo, na natutuhan ko nang taludtod sa taludtod at sa paisa-isang nota.



Naalala ko ang isang partikular na araw nang subukin ang pangako ko sa mga alituntuning iyon. Ako ay 14 na taong gulang noon; gustung-gusto ko ang paglangoy at pangarap kong makalangoy sa Olympics. Hindi ako nakipagkumpetensya tuwing Linggo, pero humusay pa rin ako. Sa wakas, nang malapit na ang Olympics sa Mexico City, inimbita ako ng isang coach na sumali sa isang espesyal na pagsasanay.

Gayunman ang pagsasanay ay tuwing Linggo ng umaga sa oras ng Sunday School. Nangatwiran ako na makakapagpraktis ako at hindi makadadalo sa Sunday School pero makakabalik naman ako sa simbahan sa oras ng sacrament meeting sa gabi. Nag-ipon ako ng pamasaha sa bus at ipinlano ang lahat. Noong Sabado bago ang unang training, sinabi ko kay Inay ang plano ko.

Nakita ko ang lungkot at pagkabigo sa kanyang mga mata, ngunit sumagot lang siya na ang desisyon ay nasa akin at naturuan ako kung ano ang tama. Nang gabing iyon hindi maalis sa isipan ko ang mga titik sa “Piliin ang Tama” (*Mga Himno*, blg. 145). Ang mga titik ay paulit-ulit sa aking isipan na parang isang sirang plaka.

Pagsapit ng Linggo ng umaga, bitbit ko ang aking swim bag sa isang kamay at sa kabila naman ang aking music bag, umaasang mapapaniwala ko si Inay na magsisimba ako. Lumabas ako papunta sa hintayan ng bus.

Isang bus ang maghahatid sa akin sa aking tungkulin sa Simbahan, ang isa naman ay sa aking pangarap noong bata pa ako na makasali sa world-class swimming. Ang mga kataga ng mga himno na maraming beses ko nang natugtog ay nagbigay ng sagot sa akin.

Nagkataon namang nasa panig ako ng hintayan ng bus papunta sa swimming hall at ang hintayan ng bus papunta sa chapel ay nasa kabilang panig ng kalsada. Habang naghihintay, nainis ako. Patuloy kong naririnig ang titik ng “Ako Ba’y May Kabutihang Nagawa?” (*Mga Himno*, blg. 135)—ang himnong kakantahin sa Sunday School sa araw na iyon. Alam ko batay sa naranasan ko na, dahil mahirap ang ritmo nito, kumplikado ang liriko, at matataas ang nota, ay hindi makakanta nang maayos ang himnong ito nang walang saliw.

Habang iniisip ko ang pipiliin ko, sabay na dumating ang dalawang bus. Tumigil ang bus papuntang swimming hall, at ang drayber ng bus papunta sa simbahan ay tumigil at tumingin sa akin, nagtataka dahil alam niyang palagi akong sumasakay sa kanyang bus. Nagkatinginan kami ng ilang sandali. Ano pa ang hinihintay ko? Pinili ko ang Panginoon (tingnan sa “Sinong Panig sa Diyos?” *Mga Himno*, blg. 162). Nangako ako na tutungo ako saanman Niya ako papuntahin (tingnan sa “Tutungo Ako Saanman,” *Mga Himno*, blg. 171). Ang desisyon kong sundin ang mga utos ay matagal ko nang ginawa (tingnan sa “Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin,” *Mga Himno*, blg. 191).

Bago pa ako nakapag-isip, kumilos na ako. Tumakbo ako patawid ng kalsada at pinara ang drayber ng bus sa kabila. Nagbayad ako ng pamasaha at nagpunta sa hulihang bahagi

ng bus papunta sa simbahan, at tila ang pangarap kong lumangoy ay nagtungo sa kabilang direksyon.

Akala ng lahat ay umiyak ako nang araw na iyon dahil nadama ko ang Espiritu. Ngunit talagang umiyak ako dahil ang pangarap ko noong bata pa ako ay hindi na matutupad at dahil nahihiya ako na naisip kong lumangoy sa araw ng Sabbath. Pero nang Linggong iyon, tulad ng dati, ginampanan ko ang aking tungkulin.

Noong panahong mag-aaral na ako sa kolehiyo, tinuruan ko ang ilang miyembro sa branch na kumumpas at tumugtog ng piyano. Sa kolehiyo nagpatuloy ako sa pagtugtog ng piyano at nag-aral na tumugtog ng organo. Akala ko ang pagkakataon kong pumunta sa Latin America ay tuluyan nang naglaho nang talikuran ko ang pagsali sa paligsahan sa paglangoy, ngunit nang matapos ko ang aking master's degree sa Brigham Young University, nagmision ako sa Colombia. Habang nasa misyon, nagturo ako ng pagtugtog ng piyano. Gusto kong iwanan sa mga Banal na iyon ang kaloob na musika. Ang mga bata at kabataan sa Colombia ay naglalakad nang milya-milya sa mainit na sikat ng araw para matutong tumugtog ng piyano. Sila rin ay nagsimula gamit ang isang kamay hanggang sa marunong na silang tumugtog gamit ang kanilang dalawang kamay. At mas marami silang ginawang pagsasakripisyo kaysa akin sa pagsisikap nilang matuto ng pagtugtog ng piyano.

Mahigit 50 taon na mula nang ako ay mabinyagan. Nakapaglakbay na ako sa malalayong lugar mula sa tahanan ko sa Finland, ngunit saanman ako naroon, palaging kailangang may tumugtog ng mga himno. Ang pandaigdigang wika ng musika ay lumilikha ng pagkakaunawaan at pagmamahalan sa maraming lugar.

Ngayon ang mga kamay ko ay mahina at may arthritis na. Marami nang mahuhusay tumugtog

Sa misyon ko sa Colombia, nagturo ako ng pagtugtog ng piyano. Ang mga bata at kabataan ay naglalakad nang milya-milya sa matinding sikat ng araw, nagsasakripisyo para magkaroon ng kaloob na musika.

ang humalili sa akin. Madalas malungkot ang aking ina kapag naaalala niya ang mga unang taon ko sa Simbahan at ang pagsasakripisyo ko, ang mga milya-milyang nilakad ko, at mga bagay na naisakripisyo ko. Nag-alala siya na ang lamig ng panahon ay nagpalala sa aking arthritis. Gayunman, masaya ako sa mga pagsasakripisyo ko. Ibinuhos ko ang aking kagalakan at kalungkutan sa musika. Natutuhan kong tumawa at umiyak gamit ang aking mga daliri sa pagtugtog.

Malaki ang nadarama kong pasasalamat kapag naisip ko na ang Ama sa Langit at mga lider ko ay nagmalasakit sa isang batang babae at hiniling na gampanan ang gayon kahirap na tungkulin. Ang tungkuling iyon ang tumulong sa akin na magkaroon ng matibay na pang-unawa sa ebanghelyo at tinulutan ako na matulungan ang iba na madama ang Espiritu sa pamamagitan ng musika. Ako ay buhay na saksi na nangangailangan ng tungkulin ang isang bagong miyembro—maging ang mga batang babae na walang alam sa pagtugtog ng piyano. Sa pamamagitan ng aking unang tungkulin, natuklasan ko na sa Diyos ay walang imposible at na Siya ay may plano at layunin para sa bawat isa sa Kanyang mga anak. At sa pamamagitan ng musika, nagkaroon ako ng matibay na patotoo tungkol sa ipinangumalik na ebanghelyo ni Jesucristo. ■



PAGKILOS NG mga Ward Council

Ni LaRene Gaunt

Mga Magasin ng Simbahan

Ginagamit ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga ward at branch council upang pagpalain ang buhay ng mga nangangailangan.



Noong gabi ng Mayo 22, 2011, sa gitna ng tunog ng napakalakas na sirena, isang malaking buhawi ang nanalasa sa Joplin, Missouri, USA, na puminsala sa maraming kabahayan at buhay. Napinsala nang husto ang Joplin First Ward ng buhawi, gayunman kaagad inalam ni Bishop Chris Hoffman at ng ward council kung ligtas ang mga miyembro ng ward.

“Mayroon kaming plano kung ano ang gagawin dahil pinag-usapan na namin ang mga paghahandang ito sa ward council bago pa nangyari ang mga ito,” sabi niya. “Umasa rin kami sa Espiritu para malaman ang gagawin. Walang kuryente. Hindi gumagana ang mga cell phone. Nagdasal kami at nakinig sa mga sagot, at dumating ang mga ito—palaging dumarating ang mga ito. Natutuwa ako bilang bishop na marinig na sinasabi ng mga miyembro, ‘Ito ang ginawa ko,’ sa halip na ‘Ano po ang ipagagawa ninyo?’”

Ang ginawa sa Joplin ay nagpapakita ng lakas ng pagkakaisa ng ward council. “Ang ward council meeting ay isa sa mga pinakamahalagang miting sa Simbahan,” pagsulat ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, “dahil ang mga lider sa priesthood quorum at auxiliary ay makapag-uusap at makapagpapalano kasama ang bishopric. . . . Sa lahat ng council at committee sa Simbahan, naniniwala ako na may malaking epekto ang ward council sa pagtulong sa mga anak ng ating Ama sa Langit.”¹



Pinag-isa ng Pagmamahal at Pananampalataya

Sa Puerto Francisco de Orellana, isang liblib na nayon sa kagubatan ng Ecuador, matibay na nagkakaisa sa pagmamahal at pananampalataya ang mga miyembro. Ang buwanang branch council ay nagpapakita ng kanilang pagmamalasakit. Pinagtutuunan muna nila ang bawat isa at mga pamilya, pagkatapos ay kung paano makatutulong ang mga programa. Kasunod nito ang inspirasyon.

Maraming miyembro ang kailangang tulungan na makahanap ng trabaho. Nalaman ng branch council na ang mga suliranin ng mga miyembro ay kadalasang nalulutas sa branch mismo. Habang tinatalakay ng council ang pangangailangan ng isang ina na mag-isang nagpapalaki sa kanyang bata pang anak na may problema sa kalusugan, may alam na trabaho ang pangulo ng Relief Society na mapapasukan ng ina at makakasama pa rin niya ang kanyang anak.

Ginagamit din ng branch council ang mga mapagkukunan sa Simbahan, tulad ng mga materyal sa career workshop ng LDS Employment Services.² Bumuo sila ng klase na ang nagtuturo ay isang miyembro ng branch, na tumulong sa isa pang miyembro ng branch na makahanap ng mas magandang trabaho.

Sinabi ni Ramiro Reyes, unang tagapayo sa branch presidency, tungkol sa branch council: “Tayo ay mga kasangkapan sa kamay ng Panginoon. Matatamo Niya ang Kanyang mithiin sa pamamagitan ng ating mga gawa.”



MGA KINAKAILANGAN PARA SA EPEKTIBONG MGA COUNCIL

Sa kanyang aklat na *Counseling with Our Councils*, nagbigay si Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ng sumusunod na tatlong mungkahi:

“Una, pagtuunan ng pansin ang mahahalaga.” Sundin ang mga tagubilin sa *Handbook 2: Administering the Church*, kabanata 4, na matatagpuan online sa bahaging *Serving in the Church* ng LDS.org.

“Pangalawa, magtuon sa mga tao, hindi sa mga programa.” Sikaping “maipadama sa mga bagong miyembro na kabilang sila sa ward, gawing aktibo ang mga di-gaanong aktibo, pagmalasakitan ang mga kabataan, alamin ang katayuan ng bawat miyembro, at ang pangangailangan ng mga ina na mag-isang nagpapalaki ng anak at ang mga balo.”

“Pangatlo, ang mga council ay para sa pagsasangunian at pagbabahagi ng mga ideya, hindi lang pag-uulat at pagtuturo. Magkaroon ng kapaligirang nagpapadama na tinatanggap ang opinyon ng bawat isa, kung saan ang bawat tao at grupo at bawat opinyon ay mahalaga.” Ang bawat isa ay may iba-ibang pananaw at kinalakhan, kaya ang bawat isa ay makadaragdag ng mga ideyang makatutulong para maunawaan ang mga pangangailangan ng mga miyembro.

Tingnan sa Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, *Counseling with Our Councils* (1997), 106, 109, 112.



Isang Landas Tungo sa Templo

Sa Liverpool, New York, USA, habang dumadalo ang Primary president na si Melissa Fisk sa ward council meeting, unti-unti niyang naunawaan ang bisa nito. Nang kuku- nin niya ang notebook sa loob ng kanyang bag, nakita niya ang isang retrato ng 28 na mga bata sa Primary na naroon sa hagdan ng Palmyra New York Temple. Lahat ng bata ay puno ng kagat ng putakti. Sandaling natuon ang pansin niya sa retrato, at naalala niya ang araw na nagpunta ang Primary ng ward sa Palmyra para madama ang kasagra- duhan ng bakuran ng templo. Sa kasamaang-palad, nang ilatag ng mga bata ang kanilang mga kumot sa lupa, di- sinasadyang nabulabog nila ang pugad ng mga putakti.

Matapos magamot ang lahat ng bata, inanyayahan ng mga lider na hawakan ng mga bata ang templo. Tumanggi ang mga bata dahil takot sila na baka may marami pang putakti. Kaya ang mga magulang at lider ay pumila at lumikha ng daan papunta sa templo. Nagbigay ito ng lakas ng loob sa mga bata na lumakad papunta sa templo.

Nang ituon muli ni Melissa ang kanyang pansin sa ward council meeting, naisip niya, “Kung ang lahat sana ay mapaliligiran ng mapagmahal na mga kaibigan at lider habang sila ay sumusulong tungo sa templo.”

Naputol ang iniisip niya nang marinig niya ang sinabi ng Relief Society president tungkol sa isang miyembrong babae na nangangailangan: “Hindi siya nagsimba noong

SINO ANG KASAMA SA WARD O BRANCH COUNCIL?

Ang sumusunod na mga lider ng priesthood at auxiliary ay dumadalo sa council na may dalawang layunin: (1) bilang mga ward council na tumu- tulong sa bishop na makahanap ng solusyon sa mga pangangailangan at problema ng ward at (2) bilang mga kinatawan ng kanilang mga

Bishopric

Responsibilidad ng bishopric ang lahat ng miyembro, organisasyon, at aktibidad ng ward. Ang bishop ang namumuno sa ward council, ngunit makagagawa siya ng mas magandang desisyon matapos ang pag-uusap nila ng kanyang mga tagapayo at ng ward council, kapag angkop.

(Tingnan sa *Handbook 2: Adminis- tering the Church*, 4.1; 4.2.)

Ward Clerk

“Ang ward clerk ang nag-iingat ng rekord ng mga gawain at desisyon na ginawa sa mga ward council meeting. . . . Nagla- laan din siya ng mga impormasyon ukol sa estadistika mula sa software ng rekord ng Simbahan.”

(*Handbook 2*, 4.6.4.)

Executive Secretary

“Ang executive secre- tary ang naghahanda ng mga adyenda para sa mga ward council meeting. . . . Maaari ding magpatulong sa kanya ang bishop na i-follow-up ang mga assignment ng mga miyembro ng ward council. . . . [Siya] rin ang nag-uugnay ng mga napag-usapan sa ward council at priesthood executive committee.”

(*Handbook 2*, 4.6.5.)

Mga Lider ng Melchizedek Priesthood

Responsibilidad ng lider ng high priests group at elders quo- rum president ang espirituwal at tempo- ral na kapakanan ng mga kalalakihan na pinamumunuan nila. Maiaatas ng bishop sa mga quorum at group leader ang ilang ga- waing ginagawa niya sa mga pamilya.

(Tingnan sa *Handbook 2*, 7.)

Ward Mission Leader

Itinutugma ng ward mission leader ang mga gawain ng ward sa paggawa ng gawa- ing misyonero. Naki- kipagtulungan siya sa mga full-time at ward missionary. Maaaring ipamahala sa kanya ng bishop ang mga talakayan tungkol sa gawaing misyonero sa mga ward council meeting.

(Tingnan sa *Handbook 2*, 5.1.3.)

Linggo. Sisiguraduhin kong maipapaalam sa kanya ng kanyang mga visiting teacher ang tungkol sa temple trip.”

“May pinagdaraan silang problema ngayon,” dagdag ng elders quorum president. “Kakausapin ko ang kanilang mga home teacher at titingnan namin kung may magagawa kami.”

“Ang young women ay maaaring tumulong sa pag-aalaga ng bata,” sabi ng Young Women president.

Habang minamasdan ni Melissa ang mga mukha ng mga miyembro ng ward council, nakita niya ang tunay na pagmamahal at malasakit. Napangiti siya. “Ang Panginoon ay naghanda ng mga paraan para mapangalagaan at mahalin ang Kanyang mga anak,” naisip niya. “Ang ward council!”

Tulad sa Joplin, Puerto Francisco de Orellana, at Liverpool, patuloy na natutuklasan ng mga lider sa Simbahan sa iba’t ibang panig ng mundo ang mga pagpapala ng mga ward at branch council. Sa pagpupulong nila, makakamtan nila ang di-pangkaraniwang lakas ng mga council na ito upang matulungan ang Panginoon na pagpalain ang Kanyang mga anak at maisakatuparan ang Kanyang gawain. ■

MGA TALA

1. M. Russell Ballard, *Counseling with Our Councils: Learning to Minister Together in the Church and in the Family* (1997), 102.
2. *The Career Workshop Participant’s Workbook* (aytem blg. 35163) ay makukuha sa store.lds.org, Distribution Services, o mga Church employment resource center.

organisasyon. Nagtutulungan sila nang may pagmamahal upang paglingkuran at palakasin ang bawat isa at mga pamilya sa ward o branch. (Ang pagbanggit sa mga ward at bishopric ay tumutukoy rin sa mga branch at branch presidency.)

Relief Society President

Kinakatawan ng Relief Society ang kababaihan sa ward na may edad 18 pataas. Ginagawa niya ang lahat ng kanyang makakaya upang matulungan ang kababaihan na mapag-ibayo ang kanilang pananampalataya at kabutihan, mapatatag ang mga pamilya at tahanan, at matulungan ang mga nangangailangan.

(Tingnan sa *Handbook 2*, 9.)

Young Men President

Mithiin ng Young Men president na palakasin ang mga lalaki sa ward na edad 12 hanggang 18. Sa tulong ng kanyang mga tagapayo, tinutulungan niya ang panguluhan ng Atonic Priesthood (bishopric) at pinamamahalaan ang Scouting program kung mayroon nito.

(Tingnan sa *Handbook 2*, 8.3.4.)

Young Women President

Mithiin ng Young Women president na palakasin ang mga babae na edad 12 hanggang 18. Responsibilidad niya na “tulungan ang kabataang babae na maging marapat na gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan at tumanggap ng mga ordenansa sa templo.”

(*Handbook 2*, 10.1.1.)

Primary President

Ang Primary president ang kumakatawan sa mga bata sa ward na 18 buwan hanggang 11 taong gulang. Makatutulong ang kanyang ideya kapag pinag-iisipan ng ward council ang isang isyu na nakaaapekto sa mga bata sa ward.


(Tingnan sa *Handbook 2*, 11.)

Sunday School President

Responsibilidad ng Sunday School president ang lahat ng pagtuturo ng ebanghelyo sa oras ng Sunday School. “Pumupunta siya sa ward council meeting na handang magmungkahi ng mga paraan para mapagbuti ng mga miyembro ang pag-aaral at pagtuturo sa simbahan at sa kanilang mga tahanan.”

(*Handbook 2*, 12.2.2.)

Para malaman pa ang tungkol sa pagtatagumpay sa inyong tungkulin, bumisita sa Leadership Training Library, na makukuha sa ilang wika sa leadershiplibrary.lds.org.



Ni Rosemary M. Wixom
Primary General President

Pag-uukol ng Panahon para Mag-usap at Makinig

Ang ating makabuluhang pagsisikap na mas mahusay na makipag-ugnayan ngayon ay magpapala sa ating pamilya sa kawalang-hanggan.

Sa isang perpektong mundo, uuwi ang bawat bata sa bahay mula sa paaralan na mayroong nakahandang plato na puno ng bagong lutong chocolate chip cookies, isang malaking baso ng gatas, at isang ina na handang makipag-usap at makinig tungkol sa nangyari sa kanyang anak sa araw na iyon. Hindi tayo nabubuhay sa isang perpektong mundo, kaya maaari na ninyong alisin ang cookies at gatas, kung gusto ninyo, ngunit huwag alisin ang “pag-uukol ng panahon para mag-usap at makinig.”

Dalawampu't siyam na taon na ang nakaraan, malungkot na sinabi ni Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na kakaunting oras na lang nagkakasama-sama ang mga pamilya. Isipin ninyo—29 na taon na ang nakaraan—sinabi niya sa pangkalahatang kumperensya: “Ang isa sa mga pangunahing problema sa mga pamilya ngayon ay paunti na nang paunti ang oras na nagkakasama-sama ang mga pamilya. . . . Ang pagsasama-sama ay mahalagang oras—oras na kailangang mag-usap, makinig, maghikayat, at maipakita kung paano gawin ang mga bagay-bagay.”¹

Kapag nag-uukol tayo ng oras na magkasama-sama at makausap ang ating mga anak, nakikilala natin sila at tayo ay nakikilala nila. Ang ating mga prioridad, ang tunay na nadarama ng ating puso, ay magiging bahagi ng ating pakikipag-usap sa bawat anak.

Ano ang unang mensahe mula sa inyong puso na pipiliin ninyong ibahagi sa inyong anak?

Itinuro sa atin ng propetang si Moises sa Deuteronomio:

“At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas.

“At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso:

“At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong *sasalitain* tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon” (Deuteronomio 6:5–7; idinagdag ang pagbibigay-diin).

At idaragdag ko pa ang isa: “At kapag kayo ay magkakasamang kumakain sa hapag-kainan.”

Kung hangad nating magkasama-sama magpakailanman ang ating mga pamilya, simulan natin ito ngayon. Ang pag-uukol ng oras na kausapin ang inyong mga anak ay mahalaga sa ating walang-hanggan pamilya habang tinatahak natin ang landas tungo sa buhay na walang hanggan nang magkakasama.

Isang ina mula sa Illinois, USA, ang nagbahagi kung paano siya nagkaroon ng oras na makausap ang kanyang mga anak:

“Noong maliliit pa ang aming mga anak, nakagawian kong manood ng ilang



RETRATO NI SISTER WIXOM © BUSATH PHOTOGRAPHY; MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY SLADE

paboritong programa sa telebisyon. . . . Ang malungkot, napapanood ang programa sa oras na matutulog na ang mga bata.

“ . . . Naisip ko na mas nauuna pa ang mga pinanonood ko at huli sa priyoridad ko ang aking mga anak. Minsan ay binasahan ko sila ng mga bedtime story habang nakabukas ang TV, pero alam ko sa kaibuturan ng puso ko na hindi ito ang pinakamagandang paraan. Habang pinag-iisipan ko ang mga araw at linggo na nasayang sa panonood ko ng TV, nakon-sensiya ako at nagpasiyang magbago. Matagal ko ring nakumbinsi ang sarili ko na kaya kong isara ang TV.

“Makaraan ang mga dalawang linggo na hindi nakabukas ang telebisyon, nadama kong medyo gumaan ang aking pakiramdam. Nantanto ko na mas maganda ang pakiramdam ko, mas mabuti kahit paano, at alam ko na tama ang pinili ko.”²

Ang oras ng pagtulog ay perpektong oras para mag-usap.

Sinabi ni Helaman tungkol sa kanyang mga kabataang mandirigma, “Inilahad nila sa akin ang mga salita ng kanilang mga ina, sinasabing: Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina” (Alma 56:48).

“Ang mga salita ng kanilang mga ina” ang nagturo sa kanila. Habang nakikipag-usap sa kanilang mga anak, itinuro ng mga inang iyon ang salita ng Diyos.

Panatilihin ang Personal na Pakikipag-usap

Maraming kabutihan ang nagagawa ng pag-uusap, at alam ng kaaway ang bisa ng salita. Gusto niyang alisin ang sigla na sumasa ating mga tahanan kapag nag-uusap, nakikinig, naghihikayat sa isa’t isa, at magkakasama tayong gumagawa.



Hindi nagtagumpay si Satanas na hadlangan ang Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa dispensasyong ito nang tangkain niyang pigilan ang mahalagang pag-uusap ni Joseph Smith at ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

Sa mga salita ni Joseph, “Daglian akong sinunggabang ng isang kapangyarihan na ganap akong dinaig, at may kagila-gilalas na lakas na higit sa akin upang igapos ang aking dila nang hindi ako makapagsalita” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:15).

Gusto ng kaaway na igapos ang ating mga dila—ang anumang bagay upang hadlangan tayo na masabi ang nadarama ng ating puso nang harapan. Natutuwa siya sa pagkakalayu-layo at panggagambala; nasisiyahan siya sa ingay; nasisiyahan siya sa hindi harapang komunikasyon—anumang bagay na hahadlang sa atin na madama ang magiliw na tinig at damdamin na dulot ng personal na pag-uusap.

Pakikinig sa Nadarama ng Ating mga Anak

Ang pakikinig ay kasinghalaga ng pagsasalita. Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Kung

makikinig tayo nang may pagmamahal, hindi na natin iisipin kung ano ang sasabihin. Ibibigay ito sa atin . . . ng Espiritu.”³

Kapag nakikinig tayo, nauunawaan natin ang nadarama ng mga tao sa paligid natin. May plano ang Ama sa Langit para sa bawat isa sa Kanyang mga anak. Isipin na kung makikita lamang natin ang plano para sa bawat anak natin. Ano ang mangyayari kung malalaman natin kung paano paunlarin ang mga espirituwal na kaloob na taglay nila? Ano ang mangyayari kung malalaman natin kung paano himukin ang isang anak na maabot ang kanyang potensiyal? Ano ang mangyayari kung malalaman natin kung paano tulungan ang isang anak na magkaroon ng patotoo mula sa pagkakaroon ng simpleng pananampalataya?

Paano natin malalaman?

Malalaman natin sa pamamagitan ng pakikinig.

Sabi ng isang amang Banal sa mga Huling Araw: “Mas marami akong nagagawang kabutihan kapag pinakikinggan ko ang aking mga anak kaysa kapag ako ang nagsasalita sa kanila. . . . Unti-unti kong natutuhan na hindi gusto ng mga anak ko ang aking nakahanda, subok, at matalinong mga sagot. . . . Sa kanila, ang pagtatanong at pag-uusap tungkol sa kanilang mga problema ay mas mahalaga kaysa pagtanggap sa aking mga sagot. Karaniwan kapag tapos na silang magsalita, kung nakinig akong mabuti, hindi na talaga nila kailangan ang aking sagot. Nahahanap na agad nila ang sagot.”⁴

Mahaba ring panahon ang kailangan para mapagtuunan ang mga bagay na pinakamahalaga. Ang pag-uusap, pakikinig, at paghihikayat ay hindi agad nangyayari. Hindi ito maaaring madaliin o iiskedyul—mas mainam kapag kusang nangyayari ito. Nangyayari ang mga ito kapag *ginagawa* natin ang mga bagay-bagay na magkakasama: magkakasamang gumagawa, magkakasamang lumilikha, at magkakasamang naglalaro. Nangyayari ito kapag isinara natin ang media, isinantabi ang panggagambala ng mundo, at nagtuon ng pansin sa isa’t isa.

Ngayon, mahirap gawin iyan. Kapag huminto tayo at isinara ang lahat, dapat handa tayo sa susunod na mangyayari. Sa una ang katahimikan ay tila hindi nakatutuwa; parang nawalan ka dahil dito. Magtiis, maghintay nang ilang sandali, at magsaya. Pagtuunan

nang lubos ang mga nasa paligid ninyo sa pamamagitan ng pagtatanong tungkol sa kanila at pakikinig sa kanila. Mga magulang, pag-usapan ang kinawiwilihan o interes ng inyong anak. Magtawanan sa nangyari sa nakaraan—at mangarap para sa hinaharap. Ang walang-patutunguhang pag-uusap ay maaaring maging makabuluhang talakayan.

Unahin ang Ating Walang-Hanggang Layunin

Noong tagsibol, habang binibisita ko ang isang klase ng young women, hiniling ng guro sa klase na sumulat kami ng 10 prioridad. Kaagad akong nagsulat. Inaamin ko, ang una kong naisip ay “Numero 1: linisin ang lalagyan ng lapis sa kusina.” Nang makumpleto na ang listahan namin, sinabihan kami ng lider ng Young Women na ibahagi ang isinulat namin. Si Abby, na katutuntong lang sa edad 12, ay nakaupo sa tabi ko. Narito ang listhan ni Abby:

1. Mag-aral sa kolehiyo.
2. Maging interior designer.
3. Magmisyon sa India.
4. Makasal sa templo sa isang returned missionary.
5. Magkaroon ng limang anak at magkaroon ng tahanan.
6. Pagmisyunin ang aking mga anak at paa-ralin sa kolehiyo.
7. Maging lola na “nagbibigay ng cookies.”
8. Ibigay ang gusto ng mga apo.
9. Alamin pa ang tungkol sa ebanghelyo at masiyahan sa buhay.
10. Bumalik sa piling ng Ama sa Langit.

Sinasabi ko, “Salamat, Abby. Itinuro mo sa akin ang pagkakaroon ng pagkaunawa sa plano ng Ama sa Langit para sa ating lahat. Kapag alam ninyong tinatahak ninyo ang landas, sa kabila ng anumang makikitang likong daan, magiging maayos ang buhay ninyo. Kapag nakatuon ang inyong landas sa pinakamahalagang mithiin—kadakilaan at pagbalik sa Ama sa Langit, makararating kayo roon.”

Saan nakuha ni Abby ang mahalagang walang-hanggang layuning ito? Nagsisimula ito sa ating mga tahanan. Nagsisimula ito sa ating mga pamilya. Itinanong ko sa kanya, “Ano ang ginagawa ninyo sa inyong pamilya para makabuo ng ganitong mga prioridad?”

Ito ang sagot niya: “Bukod sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pinag-aaralan namin

ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*.” At sinabi pa niya, “Marami kaming pinag-uusapan—sa family home evening, sa salu-salo sa hapunan, at sa sasakyan habang nagbibiyaha kami.”

Isinulat ni Nephi: “Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo tungkol kay Cristo.” Bakit? “Upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan” (2 Nephi 25:26).

Ang pag-uusap, pakikinig, paghihikayat sa isa’t isa, at paggawa ng mga bagay na magkakasama bilang pamilya ay maglalapit sa atin sa ating Tagapagligtas, na nagmamahal sa atin. Ang ating makabuluhang pagsisikap na mas mahusay na makipag-ugnayan ngayon—sa mismong panahong ito—ay magpapala sa ating pamilya nang walang hanggan. Nagpapatotoo ako na kapag nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak din tayo kay Cristo at sa kaloob na Pagbabayad-sala. Malalaman ng ating mga anak “kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.” ■

Mula sa mensahe sa Salt Lake City stake conference satellite broadcast na ibinigay noong Oktubre 24, 2010.

MGA TALA

1. James E. Faust, “Enriching Family Life,” *Ensign*, Mayo 1983, 41.
2. Susan Heaton, “Talk Time Instead of TV Time,” *Ensign*, Okt. 1998, 73.
3. Jeffrey R. Holland, “Mga Saksi sa Akin,” *Liahona*, Hulyo 2001, 16.
4. George D. Durrant, “Pointers for Parents: Take Time to Talk,” *Ensign*, Abr. 1973, 24.



MGA BLUEBERRY AT ANG AKLAT NI MORMON

Ilang taon na ang nakararaan, mula sa isang abala at mataong lungsod ay lumipat ang aming pamilya sa isang maliit na bukirin sa labas ng isang tahimik na munting nayon. Sa di-kalayuan ay may isang napabayaang taniman ng blueberry, at dahil sa mga kaibigan ng may-ari, pinayagan kaming manguha ng mga blueberry hangga't gusto namin.

Ilang umaga bawat linggo nang tag-init na iyon sumasakay kaming lahat sa sasakyan na may dalang

mga timba at supot at masayang nangunguha ng mga blueberry. Isang umaga, ang aming bunsong anak na si Hyrum ay tila atubiling sumama sa amin. Sigurado siya na nakuha na namin ang lahat ng blueberry at masasayang ang oras namin sa muling pagpunta roon. Nagulat siya nang marami pa siyang nakuhang blueberry. May mga kumpol ng mga blueberry na hindi niya napansin, at may ilang pinakamatatamis na berry na tumutubo sa mga sanga

ang tiniyak niyang natingnan na niya noong una.

Kasabay nito, hinamon ng mga lider ng kabataan sa ward ang aming mga tinedyer na basahin ang buong Aklat ni Mormon bago magsimula ang pasok sa eskuwela sa Agosto ng taong iyon. Isinagawa ng aming mga anak ang hamong ito sa aming tahanan, at nangako ang aming pamilya na makiisa sa kani- lang pagsisikap.

Hindi nagtagal natapos namin ang Aklat ni Mormon nang dumating ang aming Agosto 2005 na *Ensign*, na naglalaman ng hamon ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na

Sigurado si Hyrum na nakuha na namin ang lahat ng blueberry at masasayang ang oras namin sa muling pagpunta roon.



basahin ang buong Aklat ni Mormon bago matapos ang taon. Natuwa si Hyrum at ang kanyang kapatid na si Joseph—dahil kung iisipin ay nasunod na namin ang propeta! Pagkatapos ay pinaalalahanan sila ng kanilang nakatatandang mga kapatid na sina Seth at Bethany na hiniling ni Pangulong Hinckley na basahin natin itong muli, kahit maraming beses na natin itong nabasa.

“Pero bakit?” tanong ng mga bata. “Nabasa na namin ang bawat salita, at ano pa ang malalaman namin bukod sa nabasa namin?”

Pagkatapos ng ilang sandali ng katahimikan, may isang nagbanggit sa mga blueberry. “Natatandaan ba ninyo noong akala natin na nakuha na natin ang lahat ng blueberry? Pero nang bumalik tayo, palaging may maraming blueberry—palagi! Kahit maraming beses tayong pumunta roon, kahit kamakailan lamang ito, palaging may mga kumpul-kumpul na blueberry.”

Kaagad naming naunawaan ang kaugnayan nito. Tulad ng kalapit na bukid na may maraming masasarap na blueberry, ang Aklat ni Mormon ay palaging mapagkukunan ng espirituwal na lakas sa mga bagong katotohanang matutuklasan. Kaya’t sinimulan naming basahin muli ang Aklat ni Mormon.

Nang tanggapin ko ang hamon ng propeta, binasa ko ang mga bagay sa Aklat ni Mormon na nabasa ko na nang maraming beses, ngunit naunawaan ko ang mga ito sa kakaibang paraan o kung paano isabuhay ang mga ito sa mga bagong sitwasyon o hamon. Alam ko na sa tuwing babasahin natin ang Aklat ni Mormon, makatatanggap tayo ng bagong kaalaman at mapapalapit sa Tagapagligtas. ■

Suellen S. Weiler, Georgia, USA

NADAMA KO NA DAPAT AKONG PUMUNTA

Dalawa at kalahating taon matapos akong binyagan sa Buenos Aires, Argentina, ang mga salita ng isa sa mga elder na nagturo sa akin ay tila naririnig ko pa rin: “Alam ko na ikaw ay misyonero.” Naaalala ko rin ang nakaaantig na sagot sa akin nang malangin ako kung talagang totoo ang nadarama ko. Sa edad na 20, alam ko na dapat naghahanda na ako para sa misyon.

Pero paano ako magiging misyonero? Hindi ako katulad ng mababait na binata na nagturo sa akin ng ebanghelyo. At paano ko iiwan ang aking trabaho? Saan ako titira pagkabalik ko? Napakahirap humanap ng tirahan na katulad nito, kahit maliit na silid lang ito sa likod ng isang bahay.

Habang pauwi ako isang gabi, nasaisip kong muli ang damdamin at pag-aalinlangang ito. Nang maka-uwi ako, sinikap kong magdesisyon. Nagpasiya akong lumuhod at manalangin na tulungan ako. Nang gawin ko ito, nagkaroon ako ng malakas na impresyon na puntahan si Leandro, isang kaibigan na nagpapalakas sa akin kapag malungkot ako.

Ngunit dahil naisip kong gigisingin siya sa kalaliman ng gabi, hindi ko itinuloy ang ideyang ito. Alam ko na maaga siyang gumigising para magtrabaho, at ayaw kong kumatok sa pintuan niya nang gayong oras. Pinilit kong alisin iyon sa isip ko pero patuloy ko pa ring nadama na dapat akong makipagkita sa kanya. Ngunit pinili ko pa ring balewalain ito.

Sa halip, nagpasiya akong maglakad-lakad para makalanhap ng sariwang hangin. Gayunman, nang



Sa pagpasok ko, nakita kong nakaupo si Leandro sa aking silid. Napuspos ako ng Espiritu, at halos hindi ako makahinga.

maalala ko na naiwan kong bukas ang pinto ko, bumalik ako sa bahay. Pagpasok ko, nakita kong nakaupo si Leandro sa aking silid. Napuspos ako ng Espiritu, at halos hindi ako makahinga. Sa tinig na puno ng emosyon, tinanong ko siya, “Ano ang ginagawa mo rito?”

“Hindi ko alam,” sabi niya. “Naramdaman ko lang na dapat kitang puntahan.”

Sinabi ko sa kanya na nag-aalinlangan ako sa pagpunta sa misyon. Nagpatotoo siya sa akin at hinikayat ako. Pagkatapos ay tinulungan niya akong sulatan ang mission papers ko, na hinatid ko sa aking bishop kinaumagahan. Makaraan ang dalawang buwan natanggap ko ang tawag na magmisyon sa Argentina Salta Mission.

Alam ko na ang aking kaibigan ay kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon noong gabing iyon, at alam ko nang buong puso na pinakikinggan at sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalanging binigkas nang taos-puso at nang may tunay na hangarin. ■ Aldo Fabio Moracca, Nevada, USA

MAMAMATAY NA AKO!

Bilang nars sa isang abalang post-surgical recovery unit, nakatanggap ako ng tawag isang araw tungkol sa isang pasyenteng nagngangalang Bill na katatapos lang maoperahan. Doon sana siya sa critical care unit pero inilipat sa akin dahil puno na ang unit na iyon.

Kalaunan ay dumating ang pasyente kasama ang kanyang pamilya. Nakahinga ako nang maluwag nang makita ko siyang masigla, alam niya ang nangyayari, at tila hindi nahihirapan.

Pagkatapos makuha ang kanyang vital signs at sabihin sa kanya at sa kanyang pamilya ang tungkol sa kanyang silid, pumunta na ako sa pasilyo para magtala sa kanyang chart. Nagsusulat na ako nang makarinig ako ng

tinig na nagsasabing, “Bumalik ka sa kanyang silid.” Inihinto ko ang pagsulat at lumingon sa likuran ko. Wala namang tao roon. Akala ko sa isip ko lang ang tinig na iyon, nang bigla ko itong narinig sa ikalawang pagkaka-taon—mas malakas nga lang.

Tumakbo ako pabalik sa silid ni Bill at nakitang namamaga ang kanyang leeg, at nahihirapan siyang huminga. Iniisip na nasugatan ang kanyang carotid artery, idiniin ko ang kanan kong kamay sa kanyang leeg habang gamit ko ang kaliwa kong kamay sa pagtawag sa neuroradiologist na nag-asikaso sa kanya. Sinabi ng surgeon na magpapadala siya ng team para kunin kaagad si Bill. “At huwag mong aalisin ang kamay mo!” sabi niya.

Habang nakadiin ang aking kamay, napansin ko ang isang pamilyar na aklat sa Simbahan sa tabi ng kama ni Bill. “Miyembro ka ba ng Simbahan?” tanong ko.

Sinabi ng surgeon na magpapadala siya ng team para kunin kaagad si Bill. “At huwag mong aalisin ang iyong kamay!” sabi niya.

Pinilit niyang tumango at sinabi niya sa akin na ordinance worker siya sa Atlanta Georgia Temple. Pinigil niya ang kanyang pagluha at sinabing, “Mamamatay na ako!”


Sinabi ko sa kanya na hindi siya mamamatay, at sinabi ko pang, “Ika-kasal ako sa Atlanta Temple sa susunod na buwan, at pupunta ka doon.” Dumating ang surgical team at mabilis na dinala si Bill.

Sa kasabikan ko sa kasal ko nang sumunod na buwan, halos nalimutan ko ang tungkol kay Bill, na nagkaroon daw pala ng reaksyon sa gamot na ibinigay sa kanya. Ngunit habang sinasamahan ako ng matron papunta sa sealing room sa araw ng aking kasal, nakita ko ang isang pamilyar na mukha: ang asawa ni Bill, si Georgia. Nang sabihin ko sa kanya na ikakasal na ako, hinanap niya si Bill. Ilang sandali bago magsimula ang kasal, bumukas ang pinto at pumasok siya. Matapos ang mga linggo na puno ng sakit ng ulo, pagkahilo at pagod, may ayos na ang pakiramdam ni Bill nang araw na iyon kaya nagpunta siya sa templo; hindi niya alam na iyon ang araw ng kasal ko.

Makaraan ang dalawang taon, tinawag kaming mag-asawa na maging mga ordinance worker sa Nashville Tennessee Temple. Nang dumating kami sa templo para i-set apart, isang maginoo ang nagbukas ng pinto para sa akin at sinabing, “Welcome sa Nashville Temple!” Iyon ay si Brother Bill.

Magkasama kaming naglingkod nang tatlong taon. Sinabi ni Bill sa lahat na iniligtas ko ang kanyang buhay, pero alam kong ang Panginoon ang nagligtas sa kanya. Sa pangyayaring ito, itinuro Niya sa akin ang kahalagahan ng pakikinig sa pahiwatig ng Espiritu. ■

Ramona Ross, Tennessee, USA




DAPAT SIGURONG MAGDASAL TAYO

Noong tagsibol ng 1975 kami ng pamilya ko ay nakatira sa maganda at luntiang bukirin sa Rheinland-Pfalz sa West Germany. Isang maulang Linggo habang nagmamaneho pauwi mula sa simbahan, tumigil kami para tingnan ang isang sasakyan na tumagilid sa basang kalsada sa gilid ng isang gubat. Madilim na sa loob ng kagubatan dahil sa nalililiman ito ng mayayabong na puno at papagabi na.

Matapos tingnan ang wasak na sasakyan, bumalik kami sa aming kotse at natuklasan naming nabaon ito sa putik. Hindi ko ito mapaatras, ngunit maisusulong ko ito—papasok sa gubat. Kamakailan lamang ay dumaan kami sa gubat at natuklasan naming maraming daan sa gubat ang magkakakonekta at makalalabas din kami kalaunan, kaya nagpasiya akong dumaan sa madilim na kagubatan.

Kaagad kong naunawaan na mali ang desisyon ko. Ang makitid at basang kalsada ay puno ng malalalim na uka na likha ng dumaang mga sasakyan at lalo kaming napasok sa madilim na gubat. Sinikap kong bilisan ang takbo, sa takot na baka malubog kami kung hihinto kami. Nakakita ako ng mataas na lugar sa unahan na tila makakaya ang bigat ng kotse. Ang plano ko ay maalis sa putikan ang kotse para makapag-isip ako. Umarangkada ang kotse at nakaahon sa putik.

Pinatay ko ang makina at lumabas ako ng kotse. Dahil nakapatay ang mga ilaw sa unahan ng kotse, wala akong makita. Binuksan ko ang mga ilaw sa unahan ng kotse, kinuha ang aming flashlight, at pagkatapos tingnan ang kotse, nagpasiya ako na ang pinakamabuting magagawa



Binuksan ko ang mga ilaw sa unahan ng kotse, kinuha ang aming flashlight, at pagkatapos tingnan ang kotse, nagpasiya ako na ang pinakamabuting magagawa ko ay umatras sa gubat.

ko ay umatras sa gubat at mabilis na lumabas.

Umatras nga ako sa gubat, pinaandar nang bahagya ang makina, nakabalik sa kalsada, at lumubog nang malalim sa putik. Ngayon, talagang problema na ito. Madilim na madilim at tahimik sa labas ng kotse. Sa loob ng kotse ay nakaupo ang aking asawa kasama ang tatlong anak na takot na takot.

Itinanong ko kung may iba pang ideya ang aking asawa. Maya-maya ay sinabi niyang, “Dapat siguro magdasal tayo.” Napanatag kaagad ang mga bata. Mapagpakumbaba akong nanalangin na humihingi ng tulong. Habang nagdarasal ako, malinaw na dumating sa aking isipan: “Ilagay mo ang mga kadena ng gulong.”

Nakatayo sa putik na 10 pulgada

(25 cm) ang taas, suot ang kanyang damit pangsimba, hawak ng mabait kong asawa ang flashlight habang nililinis nang walang guwantes kong mga kamay ang mga gulong sa hulihan at inilalagay ang kadena. Taglay ang pananampalataya at pagtitiwala, nagdasal kaming muli at pinaandar ang makina. Dahan-dahan kaming nakaalis sa putik at sa wakas ay nakaibalik sa sementadong daan.

Dahil sa katuwaan na nakaahon kami sa putik at nakalabas mula sa kadaliman, halos nalimutan ko kung sino ang tumulong sa amin sa paglabas sa gubat. Ang aming limang taong gulang na anak na babae ang nagpaalala sa akin nang sabihin niyang, “Itay, talaga pong sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin, di po ba?” ■

Scott Edgar, Utah, USA

Kilala ng Lahat si Bleck

Ni Adam C. Olson

Mga Magasin ng Simbahan

Para kay Honoura “Bleck” Bonnet, ang basketball ang lahat-lahat sa kanya. Sa edad na 15, si Bleck ay sikat na manlalaro sa French Polynesia—isa sa pina-kamagagaling na manlalaro ng isa sa pina-kamahuhusay na team sa top adult division ng bansa. Bagama’t ang kanyang palayaw ay maling baybay ng salitang Ingles na *black*, hindi matatawaran ang kanyang galing.

Ngunit may gusto pa siyang maabot. Gusto niyang maging propesyonal na manlalaro sa Europa. At higit sa lahat, gusto niyang manalo

ng gintong medalya sa South Pacific Games.

Ang tila tanging humahadlang sa kanya ay ang Simbahan.

Isang Lalaking May Misyon

Bagamat ang team na sinalihan ni Bleck sa panahong iyon ay tinangkilik ng Simbahan, hindi gaanong interesado si Bleck sa Simbahan o sa panawagan ng propeta na lahat ng kapat-dapat at may kakayahang binata ay dapat magmisyon.

Sinabi na niya sa kanyang bishop na hindi siya magmimisyon. Hindi niya nakikinita na magiging propesyonal siyang manlalaro kung mawawala siya nang dalawang taon.

At ang isa pa, ang South Pacific Games—na idinaraos tuwing ikaapat na taon—ay mangyayari kapag nasa misyon siya, at interesado ang Tahiti Basketball Federation na kunin siya para maglaro sa national team. Sa wakas ay magkakaroon na si Bleck ng pagkakataong wakasan ang sinasabi ng tatay niya tuwing nagmamalaki si Bleck: “Kilala ng lahat si Bleck, pero wala pa siyang gintong medalya.”

Maayos namang sinasabi ng ama ni Bleck na si Jean-Baptiste ang mga salitang iyon. Pero naiinis si Bleck. Ang mga ito ay paalala na kahit kilala siya ng mga tagahanga ng basketball sa buong Tahiti, wala pa siyang nakuhang medalya sa mga laro. Ang kanyang ama ay nanalo ng gintong medalya sa men’s team noong unang South Pacific Games.

Sina Honoura “Bleck” at Myranda Bonnet ay matagal nang manlalaro ng basketball sa Tahiti.





Ang pagkahilig ni Bleck sa basketball ay kapwa pagsubok at pagpapala.



“Ang kaligayahan ay nagmumula sa pamumuhay sa paraang nais ng Panginoon.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Ang Paghahanda ay Naghahatid ng mga Pagpapala,” *Liahona*, Mayo 2010, 67.

Misyon ni Bleck na patunayan na mali ang mga salitang iyon. Wala siyang oras para sa iba pang misyon.

Isang Pagbabago sa Isipan, Isang Pagbabago sa Puso

Kahit ganoon ang damdamin niya sa pagmimisyon, sumasali pa rin si Bleck sa mga aktibidad ng Simbahan. Sa sayawan sa Simbahan noong siya ay edad 16, nagkalakas-loob si Bleck na isayaw si Myranda Mariteragi. Mahusay ring manlalaro ng basketball si Myranda—nangangarap na manalo ng medalyang ginto. Ang kanya ring ama ay kasali sa orihinal na team na nanalo ng medalyang ginto.

Ilang segundo matapos niyang yayaing magsayaw ang dalaga, natapos ang tugtog. Kaya sumayaw sila sa kasunod na tugtog, na panghuli na pala sa gabing iyon. Nang sandaling iyon ay ayaw pa ni Bleck na matapos ang sayaw.

Hindi plano ni Bleck na makasal sa templo o magpakasal sa isang miyembro. Ngunit nagbago iyon nang mas makilala pa niya si Myranda nang sumunod na dalawang taon. Isang araw sa tahanan ng dalaga, isang bagay na ginawa niya sa Young Women ang napanasin ni Bleck. Mababasa rito, “Magpapakasal ako sa templo.”

Ang paghanga ni Bleck kay Myranda at sa matibay na pangako nito na makasal sa templo ay sapat na para pag-isipan niyang muli ang kanyang mga plano. Nagpasiya siyang magseryoso sa Simbahan.

Ang kanyang mga desisyon ay humantong sa paggawa na nagtulot sa Espiritu Santo na kumilos sa kanyang buhay.

Ang Desisyon

Ang isa sa mga desiyong iyon ay maghandang tumanggap ng patriarchal blessing sa edad na 18. Nang sabihin ng patriarch sa patriarchal blessing na magmimisyon si Bleck at makakasal sa templo, nadama niya ang Espiritu.

“Alam ko na iyon ang nais ipagawa sa akin ng Diyos,” sabi niya.

Bagamat tila may tsansang makakuha ng medalya ang national team, nagpasiya si Bleck, sa suporta ng kanyang pamilya, na uunahin niya ang ipinagagawa ng Diyos sa kanya. Hindi madali ang magdesisyon. Matindi ang pamimilit na maglaro. At kaagad niyang nalaman na ang pasiya niyang sundin ang kalooban ng Diyos ay susubukan nang maraming beses.

Pagkatapos niyang magmisyon sa Tahiti nang isang taon, nakiusap ang basketball federation na kung puwede siyang bumalik sa team kahit isang buwan lang para makasali sa laro.

Ang mission president ni Bleck, na nag-alala sa ibubunga ng karanasang iyon sa kaka-yahan ni Bleck na bumalik at maglingkod, ay nabigyang-inspirasyon na sabihin sa kanyang, “Makakaalis ka kung gusto mo, pero hindi ka na makababalik.”

Gusto ni Bleck ang medalyang iyon, pero hindi na ito ang pinakahahangad niya. Napakaganda ng kanyang misyon. Hindi niya gustong isuko ang kanyang huling taon, kahit sa basketball.

Nanatili sa misyon si Bleck.

Napanalunan ng team ang gintong medalya.

Iba-ibang Sitwasyon, Iisang Desisyon

Matapos marangal na makapagmisyon si Bleck, pinakasalan niya si Myranda sa Papeete Tahiti Temple, at nagkaroon sila ng pamilya. Nagbalik din siya sa paglalaro para sa national team.

Si Myranda ay point guard sa women’s national team at naghahanda para sa South Pacific Games.

Gayunman, nang malapit na ang laro, nadama ng mag-asawa na dapat silang magkaroon ng pangalawang anak.

Sa nalalapit na laro na wala nang isang taon, madali sanang ipagpaliban ang pag-aanak para makapaglaro si Myranda. Malaki ang tsansa ng women’s team na manalo ng medalya.





Ngunit natutuhan ng mag-asawa mula sa kanilang karanasan na ang pagsunod sa ka-looban ng Diyos ay nagdudulot ng mas malalaking pagpapala kaysa anupamang bagay na inaasahan nila sa pagsunod sa sarili nilang kagustuhan. Matapos pag-isipang mabuti at magdasal nang taimtim, nagpasiya silang unahin ang kanilang pamilya.

Noong 1999, nang si Myranda ay walong buwang buntis, nanalo ng medalyang ginto ang women's team.

Kilala ng Lahat si Bleck

Sina Bleck at Myranda ay mahusay na nakapaglaro ng basketball sa French Polynesia sa nakalipas na dekada—nanalo sa national league championships at tournament cups at naglaro para sa national team sa mga laro noong 2003 at 2007.

Sa mga laro noong 2011, pareho silang sumali, bagamat sa pagkakataong ito si Bleck na ang coach ng men's team. Bagama't nanalo ng gintong medalya si Myranda at ang women's team, nanalo lang ng bronze ang men's team, muli hindi nakamtan ni Bleck ang pangarap na gintong medalya.

Minsan naiisip ni Bleck kung ano kaya ang

magiging buhay niya kung ginawa niya ang gusto niya sa halip na kagustuhan ng Diyos.

“Malamang nanalo ako ng gintong medalya,” sabi niya. “Baka propesyonal na akong manlalaro, baka hindi rin.”

Ngunit hindi pinagsisisihan ng mag-asawa ang ginawa nilang desisyon. Hindi sila sigurado kung paano sila magiging mas masaya.

“Ikinasal ako sa templo,” sabi ni Bleck. “Mayroon akong mabait na asawa, apat na magagandang anak, at narito pa rin ako sa Simbahan. Hindi maibibigay sa akin ng basketball ang alin man sa mga ito. Iyon ang mga pagpapalang dumating dahil inuna ko ang Panginoon.”

Ang pag-una sa Panginoon ay hindi nagpatunay na mali ang biro ng kanyang ama, ngunit nagbigay ito ng bagong kahulugan sa mga salitang iyon. Ilang taon na ang nakararaan nang iplano ng pederasyon na mag-iskedyul ng laro tuwing Linggo, nagkita ang mga club president para pag-usapan ito. May isang nagtanong, “Tinanong ba ninyo si Bleck?”

Hindi sinang-ayunan ang plano.

Dahil inuna ni Bleck ang Panginoon, hindi lamang kilala ng lahat si Bleck—alam nila ang kanyang pinaniniwalaan. ■

Para kina Bleck at Myranda, mas priyoridad nila ang tagumpay ng kanilang pamilya kaysa pagtagumpay sa kanilang isport.

Mga Tanong at Mga Sagot

“Bakit kailangan ko pang pumunta sa seminary kung puwede ko namang pag-aralan nang mag-isa ang mga banal na kasulatan?”

Kahit kailan mapag-aaralan mo nang mag-isa ang mga banal na kasulatan, kaya kung mayroon kang pagkakataon, samantalain mong pag-aralan ngayon ang mga banal na kasulatan kasama ang mahuhusay na guro at mga kaibigan.

Ang pagkatuto at pag-aaral sa patnubay ng isang mabuting guro ay nakatutulong sa iyo na magkaroon ng mga bagong kaalaman sa mga banal na kasulatan na maaaring hindi mo gaanong nauunawaan noon. Maaaring magbahagi rin ang guro ng mga itinuturo ng mga propeta at ng iba pang mga lider ng Simbahan na mas magpa-paunawa sa iyo sa mga banal na kasulatan.

At isa pa, mas masayang mag-aral na kasama ang mga kaklase mo. May pagkakataon kang magkuwento tungkol sa mga natuklasan mo habang nagbabasa ka. Maaaring may mga naranasan ang mga kaklase mo kung kaya naging paborito nila ang ilang talata. Sa pakikinig sa kanilang mga karanasan mabibigyang-buhay sa iyo ang mga banal na kasulatan. At dahil kasama mong nag-aaral ng ebanghelyo ang iba, mapapasaiyo ang ipinangakong biyayang ito. “Kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon sa aking pangalan, . . . ako ay naroroon sa gitna nila” (D at T 6:32).

Ang seminary ay lumilikha rin ng isang sistema para sa iyong pag-aaral. Nagaganyak kang tapusin ang itinakdang babasahin, na nakatutulong sa iyo na matapos ang bawat aklat sa banal na kasulatan. May pagkakataon kang talakayin at isaulo ang mga talata sa scripture mastery. Makasisiguro ka na mas marami kang matutuhan sa mga banal na kasulatan sa pagpasok sa seminary kaysa sa anupamang paraan sa panahong ito ng iyong buhay.

Mga Bagong Kaibigan, Mga Bagong Ideya



Sa seminary nakakakilala ka ng mga bagong kaibigan, at nagiging malapit kayo sa isa't isa na parang isang pamilya. Natututo ka ng maraming bagay na hindi mo malalaman kung mag-isa ka lang. Masaya ito at napa-kaespirituwal. Tinitiyak nito na sinisimulan mo nang tama ang araw mo. Kung wala kang partisipasyon ngayon, simulan mo at babaguhin nito ang iyong buhay.

Katarina B., edad 16, California, USA

Kaligayahan



Pinasasaya ng seminary ang araw ko. Mas pinasasaya ako ng seminary at mas hinihikayat akong talakayin ang ebanghelyo sa ibang tao. Pinag-aaralan namin nang detalyado ang mga banal na kasulatan, kaya mas nauunawaan ko.

Madi S., edad 15, Colorado, USA

Perpektong Kombinasyon



Nagbibigay ng inspirasyon ang seminary. Kung minsan hindi sapat na nag-aaral ka lang sa sarili mo. Ang personal na pag-aaral at ang seminary ay perpektong kombinasyon.

Napakahuhusay ng mga guro, at kung may tanong ka, tutulungan ka ng mga guro at kaklase mo na sagutin ito.

Dawson D., edad 15, Idaho, USA

Nadaragdagan ang Pang-unawa



Kapag mag-isa akong nag-aaral ng mga banal na kasulatan, hindi ako masyadong nasisiyahan na tulad ng may iba akong kasa-mang nag-aaral. Saka natututo tayo ng magagandang ideya mula sa iba kapag magkakasama nating pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan. Sa pamamagitan ng seminary natututuhan ko ang tungkol sa mga kahanga-hangang kuwento, at mas nalalaman ko ang pinagmulan ng mga banal na kasulatan, kaya mas kapana-panabik mag-aral! Natutuwa ako sa desisyon kong sumali sa seminary.

Rebecca M., edad 16, Schleswig-Holstein, Germany

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

Mas Malakas na Patotoo



Una, sinabi ng Panginoon na kapag may dalawa o tatlong tao na nagkakatipon sa Kanyang pangalan, Siya ay paroroon sa kanila

(tingnan sa Mateo 18:20; D at T 6:32). Kapag nadama natin ang Kanyang Espiritu matutulungan tayong pagnilayan ang Kanyang ginawa para sa atin. Pangalawa, kapag may kasama tayo sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, mas nauunawaan natin ang nakasulat. Habang nakikinig sa iba, maririnig natin ang isang bagay na hindi natin napapansin, at maaari ding mangyari iyon sa iba kapag ibinabahagi natin ang ating kaalaman. Pangatlo, kapag pumupunta ako sa seminary, lumalakas ang aking patotoo. Ang seminary ay pagkakataon para maibahagi ang ating patotoo at mapakinggan ang patotoo ng iba. Tinutulungan tayo nitong manatili sa tamang landas.

Dmitri G., edad 16, Dnipropetrovsk, Ukraine

Matututo mula sa Iba



Ang pagpunta sa seminary ay bagay na dapat kong gawin. Hindi lang naituturo at naipaliliwanag ng aking masigasig na guro ang mga kato-

tohanan sa mga banal na kasulatan, kundi marami rin akong natututuhan sa mga talakayan sa klase. Nagbabahagi ng kanilang patotoo ang ibang estudyante tungkol sa natutuhan nila, at nakatutulong ito para mas malaman ko pa ang tungkol sa ebanghelyo at sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Hindi sapat ang mag-aral nang mag-isa, dahil nakita ko ang ilang kasagutan sa mga problema ko sa mga talakayan sa klase. Mapatotohanan ko na mahalaga ang nagagawa ng seminary sa pagpapalakas ng aking patotoo sa tunay na Simbahan ni Jesucristo.

Denzel J., edad 15, Western Samoa

Liwanag at Katotohanan



Kapag pumupunta ako sa seminary, hinahangad ko ang liwanag at katotohanan at isinusuot ang buong baluti ng Diyos (tingnan sa

D at T 27:15–18) Tinutulungan ako ng baluting iyon na makilala ang Kanyang tinig sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar. Pinalalakas ng araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan ang aking pananampalataya at patotoo at tinutulungan akong magiging malakas sa oras ng mga pagsubok. Ang pagpunta sa seminary ang isa sa mga pinakamainam na paraan upang makakita ng liwanag at katotohanan at pag-aralan ang mga banal na kasulatan at magbulay-bulay.

Nohemi M., edad 17, Puebla, Mexico

Tatlong Dahilan

Una, dahil gusto kong magmisyon, dumadalo ako sa seminary. Kailangan ng mga misyonero na gumising nang maaga at pag-aralan ang ebanghelyo sa umaga. Natutulungan ako ng pagpunta sa seminary na magkaroon ng magandang gawi na gumising nang maaga. Pangalawa, sa umaga, mas nakapag-iisip tayo nang mabuti, kaya nakapagtutuo tayong mabuti sa pinag-aaralan natin. Mabuting gamitin ang pinakaepektibong oras sa maghapon sa pag-aaral tungkol sa

Diyos. Pangatlo, kung mag-isa akong mag-aaral, baka hindi ko maunawaan nang malalim ang pinag-aaralan ko gaya ng pagkaunawa ng aking guro. Sa kanyang paggabay at pagtuturo, mas marami akong matututuhan kaysa kung mag-aaral akong mag-isa.

H. Chen Yuan, edad 16, Tai-chung, Taiwan



MGA PAG-PAPALA NG SEMINARY

“Alam ko ang kapangyarihang nagmumula sa pakikihalubilo sa seminary at institute. Napabuti nito ang buhay ko, at alam kong ganoon din ang gagawin nito sa buhay ninyo. Bibigyan kayo nito ng proteksyon upang malayo kayo sa mga tukso at pagsubok ng mundo. May malaking pagpapala sa pagkakaroon ng kaalaman sa ebanghelyo. At wala akong alam na mas mainam na lugar para sa mga kabataan ng Simbahan para magtamo sila ng natatanging kaalaman tungkol sa mga sagradong bagay maliban sa mga programa ng seminary at institute.”

Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Receive Truth,” Ensign, Nob. 1997, 61–62.

SUSUNOD NA TANONG

“Paano ko maipaliliwanag sa aking kaibigan na masama ang hindi pagsunod sa batas ng kalinisang-puri?”

Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Mayo 15, 2012, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo sa:

Liahona, Questions & Answers 5/12
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama: (1) buong pangalan, (2) kapa-nganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

BAKIT KAILANGAN ang Seminary?

MAKIBAHAGI SA SEMINARY


"Tutulungan kayo ng seminary na makaunawa at umasa sa mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Madarama ninyo ang Espiritu ng Panginoon habang natututuhan ninyong mahalín ang mga banal na kasulatan. Ihahanda ninyo ang inyong sarili para sa templo at sa gawaing misyonero.

"Mga kabataan, hinihiling ko sa inyo na makibahagi sa seminary. Pag-aralan ang inyong mga banal na kasulatan araw-araw. Makinig na mabuti sa inyong mga guro. Mapanalangin ipamahay ang inyong natututuhan."

Pangulong Thomas S. Monson,
"Participate in Seminary,"
seminary.lds.org.

Ang no ang masasabi ninyong pinakamahalagang bagay na matatamo ng estudyante mula sa seminary at institute? Nang itanong din ito ng grupo ng mga estudyante ng seminary sa Commissioner ng Church Educational System na si Elder Paul V. Johnson ng Pitumpu, sinabi niya na ang pinakamahalagang bagay na iyong matatamo ay ang "tunay na patotoo na si Jesus ang Cristo. Ang pagkaunawa na ang *tunay* na kaalaman ay ang espirituwal na kaalaman. Ito ang ipinararating ng Espiritu Santo sa bawat isa sa atin. Iyan ang pinakamakapangyarihang katotohanan, ang pinakamagandang bagay na maidudulot ng seminary at institute. Hindi lamang nito binabago ang nalalaman mo; binabago nito kung sino ka, at binabago nito ang pananaw mo sa mundo. At ang ganyang mataas na uri ng pag-aaral ang pumupuno sa iba pa ninyong pag-aaral" ("A Higher Education," *New Era*, Abr. 2009, 15).


Si Elder Johnson ay isa sa maraming General Authority na nagsalita tungkol sa pinakamagagandang pagpapalang nagmumula sa pagdalo sa seminary at institute. Kaya kung itinatanong ninyo kung bakit kailangan ninyong pumunta sa seminary, heto pa ang ilang mabubuting dahilan mula sa mga propeta at apostol.



MAGTATAG NG PUNDASYON PARA SA KALIGAYAHAN AT TAGUMPAY

"Tutulungan kayo ng mga programa sa seminary bilang kabataan na magtatag ng pundasyon para lumigaya at magtagumpay sa buhay."

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Panahon Na para Magmisyon!" *Liahona*, Mayo 2006, 88.





TUKLASIN ANG TATLONG BAGAY NA MAGAGAWA NG SEMINARY

“May tatlong mabisang bagay na nagagawa ang seminary. Una, tinitipon nito ang mga kabataang iisa ang pinahahalagahan. Gustong makisama ng mga kabataan sa iba na katulad nila ang pananampalataya at nagmamahal sa mga banal na kasulatan. Ikalawa, tinitipon nito ang mga kabataan kasama ang gurong may patotoo, at nadarama nila ang pag-aalab nito kapag ibinabahagi ito. Ikatlo, itinutuon ng seminary ang mga kabataan sa mga banal na kasulatan.”

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Isang Talakayan Tungkol sa Pag-aaral ng Banal na Kasulatan,” *Liahona*, Hulyo 2005, 11.

PAG-ARALAN ANG MGA KATOTOHANAN NG EBANGHELYO

“Nais kong makadalo ang bawat bata sa seminary, dahil doon nila matutuhan ang maraming mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo. Sa seminary masasagot ang mga tanong sa isipan nila tungkol sa kanilang dapat gawin, at sila ay mangaglingkod sa misyon.”

Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), “President Kimball Speaks Out on Being a Missionary,” *New Era*, Mayo 1981, 49.



ANYAYAHAN ANG MGA PAGPALA SA INYONG BUHAY

“Nagpapasalamat ako sa sistema ng seminary sa Simbahan at sa programa ng institute ng Simbahan. Gusto kong hikayatin ang bawat estudyante sa high school na samantalain ang programa ng seminary. Higit na pagpapalain ang inyong buhay kung gagawin ninyo ito”

Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), “Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley,” *Ensign*, Dis. 1995, 67.

UNAHIN ITO

“Mga estudyante, kung alam ninyo ang inyong pinahahalagahan, hindi kayo mag-aalinlangang ipagpaliban ang pag-aaral ng isang elective class na nakasisiya kapalit ng pag-aaral na makapagpapatibay sa pinakapundasyon nito. At kapag naka-enrol na, pumasok, mag-aral, at matuto. Hikayatin ang inyong mga kaibigan na gawin din ang gayon. Hindi ninyo ito pagsisisihan kailanman; ipinapanagako ko iyan.”

Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Agency and Control,” *Ensign*, Mayo 1983, 67.

MAGTAPOS SA SEMINARY

“Regular na dumalo sa seminary at magtapos sa seminary. Ang pag-aral sa seminary ay isa sa mga pinakamahalagang espirituwal na karanasang matatamo ng kabataang lalaki [at babae].”

Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), “To the ‘Youth of the Noble Birthright,’” *Ensign*, Mayo 1986, 44; “To the Young Women of the Church,” *Ensign*, Nob. 1986, 82.



LARAWAN NI SPENCER W. KIMBALL SA KAGANDAHANG-LOOB NG LDS CHURCH ARCHIVES



SEMINARY

sa Kagubatan ng Ecuador

Sa isang liblib na kagubatan, malaki ang ginagawang kaibhan ng seminary sa mga kabataang ito.

Ni Joshua J. Perkey

Mga Magasin ng Simbahan

Matatagpuan sa silangang bahagi ng Quito, Ecuador, lampas sa mga bulkan at Andes Mountains, mabilis na nababago ang daan patumbok sa kagubatan ng Amazon. Doon ay makikita ninyo ang mapunong kagubatan, napakaraming mga ilog, mga unggoy, ibong tokan, at pati kulay-rosas na dolpin.

Matatagpuan din ninyo ang lungsod na tinatawag na Puerto Francisco de Orellana. Ibang-iba ito sa Ecuador sa maraming bagay. Labinlimang taon na ang nakaraan, kakaunti lang ang tao sa lugar. Ngunit dahil sa pagkatuklas sa petrolyo dumayo dito ang mga taong naghanap ng trabaho, at ang mga miyembro ng Simbahan.

Seminary sa Maliit na Branch

Ilan sa mga kabataan, tulad ni Oscar R., ay mga miyembro na noon bago pa nabuo ang branch, ngunit karamihan ay mga bagong miyembro pa lang. At sabik silang malaman pa ang tungkol sa Simbahan. “Matatag kami,” sabi ni Oscar.

Noong Setyembre 2010, isang taon matapos itong buuin, pinasimulan sa branch ang seminary program.

“Noong nag-uumpisa pa lang kaming magtipon ilang taon na

ang nakararaan,” sabi ni Oscar, “kakaunti lang kami. Nag-iisa lang akong tinedyer. Pero tuluy-tuloy ang pagdami namin. Hindi nagtagal naging 6 kami, pagkatapos ay 10, at ngayon mas marami pa kaming kabataan.”

Dahil sa umaga ang pasok sa eskwelahan ng ilang kabataan at panghapon naman ang iba, bumuo sila ng dalawang klase ng seminary—isang pang-umaga mula alas 8:00 hanggang alas 9:00 at isang panghapon mula alas 4:30 hanggang alas-5:30.

Maaaring kaunti lang ang kabataang dumadalo sa seminary, pero sa mga kabataang dumadalo, nabago ang buhay nila dahil sa seminary.

Bakit Dapat Pumunta?

“Malaking biyaya sa akin ang seminary,” sabi ni Luis V., bagong miyembro. “Tinutulungan ako nito na maging mabuting misyonero. Marami na akong naranasang pagsubok at tukso mula nang sumapi ako sa Simbahan, pero nanatili pa rin akong matatag dahil alam kong tama ang ginagawa ko.”

At hindi lang si Luis ang nakadama nang ganoon. “Bagong miyembro pa lang ako ng Simbahan,” sabi ni Ariana J., “pero dumadalo na ako sa seminary simula nang mabinyagan ako. Natutuwa akong pumunta kasi marami akong natututuhang katoohanang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo na pumupuno sa puso ko

Pinalalakas ng seminary ang mga kabataang tulad ng nasa Ecuador, na karamihan ay mga bagong miyembro pa lang.



ng pag-asa at pang-unawa sa aking isipan.”

Ang pagdalo sa seminary ay nagpatatag kay Ariana sa ebanghelyo. “Para sa akin, isang biyaya ang maging bahagi ng mga klaseng ito,” sabi ni Ariana. “Pinalalakas nito ang aking espiritu at tinutulungan akong maghanda para balang-araw ako ay maging mabuting asawa, ina, lider ng Simbahan, at siguro full-time



missionary.”

Ganoon din ang nadarama ng kapatid ni Ariana na si Gerardo. “Nagpapasalamat ako dahil naging mahalagang bahagi ng buhay ko ang seminary,” sabi niya. “Inihanda ako nito para makapagmisyong balang-araw. Natututuhan ko doon ang tungkol sa plano ng kaligtasan na inihanda ng Diyos para sa akin. Sa tuwing dadalo ako sa klase nagkakaroon ako ng pag-asa na maaari kong manahin ang kahariang selestiyal at ng katiyakan na natanggap ko ang ebanghelyo ni Jesucristo.”

Kung minsan talagang pagod na pagod si Gerardo sa klase. Kailangan muna niyang ihatid sa paaralan ang nakababata niyang kapatid at pagkatapos ay mabilis na umuwi para sunduin naman ang kanyang kapatid na babae para makapunta sila sa

seminary. Pero ayos lang sa kanya.

“Lahat ng ito ay bagung-bago sa akin, pero masayang-masaya ako,” sabi ni Gerardo. “Alam ko na nasa tamang landas ako na magbibigay sa akin ng pagkakataong makitang muli ang aking Ama sa Langit. Tiniyak ito sa akin ng Espiritu Santo. Kailangan ko lang magsikap at magpatuloy hanggang wakas.”

Hindi Dapat Kabahan

Para kay Walter A., medyo nakakatakot ang seminary sa umpisa. “Kabado ako noong una akong pumunta,” sabi niya. “Pero nang pumasok na ako sa klase, parang espesyal ako kasi nadama ko ang pagmamahal na nadarama kapag nag-aaral ng mga banal na kasulatan. At kapag umaalis na ako, napapalakas ako dahil sa kaligayahang nadarama ko sa natutuhan ko. Isa sa pinakamalalaking pagpapala ng Ama sa Langit sa mga kabataan ang seminary.”

“Binago ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang buhay ko,” sabi ni Abel A., na naghahanda ring magmisyong. “Natututuhan ko ang tungkol sa mga turo ng mga propeta. Mahal ko si Joseph Smith. Magiting siya Pagpapanumbalik ng totoong Simbahan sa kabila ng lahat ng problemang idinulot nito sa

kanya. Gusto kong maging magiting na tulad niya.”

Maraming kabataan ang kailangang magsakripisyo para makapunta sa seminary. Hindi ito palaging madali, pero para sa kabataan sa Puerto Francisco de Orellana, Ecuador, sulit na pagsikapan ito.

“Kapag iniisip ko ang pagsulong, tulad ng sinasabi ng mga banal na kasulatan,” paliwanag ni Abel, “Paliwanag ko ang ibig sabihin nito ay itakda natin ang mga priyoridad natin sa buhay. Isa na rito ang seminary. Tulad ng pagbabagong ginawa nito sa buhay ko, ganoon din ang gagawin nito sa iba pang kabataan.”

Maging sa pinakaliblib na lugar sa isang kagubatan sa Ecuador, ang Simbahan ni Jesucristo at ang programa ng seminary nito para sa kabataan ay nagpapaunlad at nagpapabago ng buhay sa mga pumili nito. ■



ANO ANG KASUNOD NG SEMINARY?

Ang pagtatapos sa seminary ay hindi katapusan ng pag-aaral ninyo sa Simbahan. May napakaganda pang bagay na inihanda para sa inyo.

Ni David A. Edwards

Mga Magasin ng Simbahan

Sa seminary pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan at marahil nakakasama ninyo roon nang regular ang ibang mga kaedad ninyo. Nadarama ninyong kabilang kayo, at nadarama ninyo ang Espiritu. Kaya't kung tapos na kayo sa seminary, tapos na rin ba ang mga karana-sang ito? Hindi pa.

Ang institute program ng Simbahan ang susunod, at magugustuhan ninyo ito. Mag-aaral man kayo sa kolehiyo o hindi, maipagpapatuloy ninyo ang pag-aaral tungkol sa ebanghelyo, makapag-hahanda sa misyon at kasal sa templo, at maibabahagi ang inyong mga karanasan sa ibang mga kaedad ninyo.

Narito ang ilang kasagutan sa mga simpleng tanong tungkol sa institute. Marami pa kayong malalaman tungkol dito sa institute.lds.org.

Ano ang institute?

Ang institute ay binubuo ng mga klaseng tumatalakay sa ebanghelyo, kabilang ang klase tungkol sa mga banal na kasulatan, mga turo ng mga propeta, at paghahanda para sa misyon o kasal sa templo. May mga institute na marami kang klaseng puwedeng pagpilian.

Sino ang maaaring dumalo?

Lahat ng young single adult ay lubos na hinihikayat na dumalo sa mga klase ng institute. Kahit sino—may-asawa o wala—nasa edad 18 hanggang 30 ay maaaring dumalo sa institute.



MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA INSTITUTE

Bilang ng mga estudyante: mahigit 350,000

Bilang ng mga lugar: mahigit 2,500

Bilang ng mga kursong mapag-aaralan: 15 pangunahing kurso, at ilan pang opsiyonal na kurso o pag-aaralan

Unang institute: Moscow, Idaho, USA (1926)

Unang institute sa labas ng U.S. at Canada: Mexico (1959)

Layunin ng Instiute: Tulungan ang mga young adult na makau-nawa at umasa sa mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng templo, at ihanda ang kanilang sarili, kanilang pamilya, at iba pa para sa buhay na walang hanggan sa piling ng kanilang Ama sa Langit.

Saan ko makikita ang institute?

Ang ilang lugar ay may mga gusali ng institute na malapit sa mga kolehiyo at unibersidad. Sa ibang lugar idinaraos ang mga klase sa mga gusali ng Simbahan o sa ibang lugar. Kontakin ang inyong bishop o branch president para malaman ang tungkol sa institute program sa inyong lugar, o pumunta sa institute.lds.org para makahanap ng institute na malapit sa inyo.

Bakit kailangan akong dumalo sa institute?

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Gawing prioridad ang partisipasyon sa institute. . . . Isipin ninyo. Mabubuo ang mga pagkaka-ibigan, madarama ang Espiritu, at mapalalakas ang pananampalataya. Ipinapangako ko sa inyo na kapag nakibahagi kayo sa institute at masigasig na pinag-aralan ang mga banal na kasulatan, ang kakayahan ninyong iwasan ang tukso at tumanggap ng patnubay mula sa Espiritu Santo sa lahat ng inyong ginagawa ay mag-iibayo” (institute.lds.org, Abr. 21, 2009). ■

II Kay Timoteo 3:16-17

Itinuro ni Apostol Pablo kung paano pinagpapala ng mga banal na kasulatan ang ating buhay.



Lahat ng Banal na Kasulatan

“Kapag nais nating makipag-usap sa Diyos, nagdarasal tayo. At kapag gusto nating kausapin Niya tayo, sinasaliksik natin ang mga banal na kasulatan; dahil ang Kanyang mga salita ay inihahayag sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Sa gayon ay tuturuan Niya tayo habang nakikinig tayo sa mga panghihikayat ng Banal na Espiritu.

“Kung hindi pa ninyo narinig ang Kanyang tinig nitong mga nakaraang araw, muling basahin at pakinggan nang may bagong pananaw ang mga banal na kasulatan. Ito ang nangangalaga sa ating espirituwalidad.”

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Mga Banal na Kasulatan: Ang Kapangyarihan ng Diyos sa Ating Ikaliligtas,” *Liahona*, Nob. 2006, 26–27.

Mabubuting Gawa

Anong mabubuting gawa ang itinutulong sa inyo ng mga banal na kasulatan na paghandaang gawin? Narito ang ilang mas karaniwan. Mayroon pa ba kayong ibang naiisip? Isulat ang tungkol sa mga ito sa inyong journal.

- Paglilingkod bilang full-time missionary
- Pagganap sa mga tungkulin sa Simbahan (tulad ng mga panguluhan ng korum at klase)
- Pagtuturo ng ebanghelyo
- Pagpapatotoo

- Pagbabahagi ng ebanghelyo
- Pagsagot sa mga tanong ng mga kaibigan tungkol sa Simbahan

Pagsaway

Ang orihinal na salitang Griyego na ginamit sa Biblia ay literal na nangangahulugang “pagtutuwid na muli.” Kaya’t ang mga banal na kasulatan ay tumutulong sa inyo na manatili sa linya at sundan ang tuwid at makitid na landas (tingnan sa 2 Nephi 9:41).

16 Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:

17 Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.

Pagsansala

Pagsansala—pagsabihan, kastiguhin, kagalitan, o ituwid, karaniwan sa mahinahong paraan.

Tinuruan

Tinuruan—binigyan, sinuplayan.



Turo o Doktrina

“Ang tunay na doktrina, kapag naunawaan, ay nagpapabago ng asal at pag-uugali. Ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo ay mas mabilis na makapagpapabuti sa pag-uugali kaysa sa mismong pag-aaral ng pag-uugali.”

Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Huwag Matakot,” *Liahona*, Mayo 2004, 79.

Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata ng banal na kasulatan, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.



HUWAG BUMAGSAK

Iwasang magkaroon ng malalaking problema kalaunan sa pamamagitan ng paglutas sa maliit na problema ngayon.

Ni Adam C. Olson

Mga Magasin ng Simbahan



MGA PAGSURI SA ESPIRITUWALIDAD

“Kailangan nating palaging suriin ang ating espirituwalidad para malaman ang

mga aspetong dapat nating baguhin.

“Karaniwang nauunawaan natin ang maliliit na pagkakamaling ito sa tulong ng Banal na Espiritu. . . . Kailangan nating pakinggang mabuti ang itinuturo sa atin ng Espiritu, ng mga lider ng Simbahan, mahal sa buhay, kasamahan sa trabaho, at mga kaibigan.”

Elder Marcos A. Aidukaitis ng Pitunpu, “Honesty in the Small Things,” *Ensign*, Set. 2003, 30.

Gustung-gusto ni Andrei ng mga eroplano mula pa noong maliit siya. Pero kahit marami ang nangangarap na makapagpali-pad, hindi iyon ang gusto ni Andrei; ang gusto niya ay magkumpuni ng eroplano. Ang 16-na-taong gulang na binatilyong ito mula sa Romania ay nag-aaral na maging aircraft mechanic.

Sa Romania maaaring pumili ang mga tinedyer kung papasok sila ng high school para mapaghandaan ang kolehiyo o kaya ay sa trade school. Dahil mahilig sa eroplano si Andrei, madali para sa kanya ang magpasiyang pumasok sa aviation trade school.

Ang mga aircraft mechanic ay hindi lang nagkukumpuni ng mga sirang eroplano. Isa sa mga pinakamahalagang bagay na ginagawa nila ay ang inspeksyunin at panatilihing maayos ang mga eroplano para hindi masira ang mga ito. Regular nilang iniinspeksyon ang lahat-lahat sa eroplano, mula sa mga propeller hanggang sa landing gear at iba pang mga piyesa.

“Mahirap hanapin ang maliit na problema na puwedeng magpabagsak sa eroplano,” sabi ni Andrei. “Pero ang makita ito ay mas madali kaysa piling mabuong muli ang eroplano.”

Ang regular na pagmementena at pagsisikap na gawin ito nang walang palya ay mahalaga—kapwa sa eroplano at sa mga miyembro ng Simbahan—para matukoy at maitama ang mga problema bago pa ito maging


mapanganib sa makina man ng eroplano o sa espirituwalidad ng tao.

Espirituwal na Pagmementena

Naninirahan si Andrei sa Bucharest, isang lungsod na may halos dalawang milyong mamamayan. Gayunpaman, nagsisimula pa lang ang Simbahan sa Romania, at sapat lang ang bilang ng mga miyembro sa Bucharest para sa dalawang branch. Si Andrei at ang kanyang pamilya ay nakatira sa lugar na malayo sa iba pang miyembro ng kanilang branch. Dama ni Andrei ang taksong nakapaligid sa kanya sa paaralan at sa mga kaibigan niya. Alam niya kung gaano kadaling bumagsak—sa espirituwal—kung hindi niya regular na gagawin ang espirituwal na pagmementena.

Napakaabala ng buhay. Maliban pa sa oras na ginugugol ni Andrei sa pag-aaral, paglalaro ng football, at sa computer, naglalaan siya ng oras sa pagdarasal, pag-aayuno, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at pagganap ng kanyang mga tungkulin bilang priest. Sinisiguro din niya na “pumapasok” siya sa seminary, na ginagawa niya online dahil sa layo nito.

Ang paggawa ng mga bagay na iyon ay bahagi ng regular na espirituwal na pagmementena na nakatutulong para makita at maiwasto ang mga kahinaan bago pa ito humanong sa mapanganib na pagbagsak ng espirituwalidad.



“May mga bagay na kailangan talagang gawin nang regular—maka-gawian,” sabi niya. “Hindi mo dapat hayaang may makasagabal.”

Espirituwal na mga Pagbagsak

Natutuhan ni Andrei na kung hindi regular ang espirituwal na pagmementena, ang impluwensya o pamimilit ng mga kaibigan ay magpapakahina sa kakayahan nating labanan ang tukso. Kapag nangyari iyan, hindi magtatagal mawawalan tayo ng direksyon, ng kontrol, at sa huli ng espirituwal na lakas.

Tulad din ng eroplano na kung walang piloto ay hindi lilipad paitaas, kapag nagkakasala tayo, nawawalan tayo ng espirituwal na lakas at pagtaas, inilalayo ang ating sarili sa kalangitan at kaagad o kalaunan ay babagsak ang espirituwalidad.

Bagama’t magagawa ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na mabuo tayong muli matapos tayong bumagsak, pinakamainam nang umasa tayo sa Kanyang kapangyarihan na matulungan tayong maayos ang problema hangga’t maliit pa lamang ito—bago ito magdulot ng malaking espirituwal na kapahamakan.

Ang Panganib ng Pagpalya

Ang pagpalya sa pagmementena ng eroplano ay hindi kailanman pumasok sa isipan ni Andrei. Ang pagpalya ay hindi alternatibo sa pagmementana. “May mga tuntunin

tungkol diyan,” sabi niya. Pero kung *sakaling* pumalya siya sa pagmentena—nang minsan lang—iisipin din niya na “marahil wala namang mangyayaring masama.”

Marahil ang pinakamalaking panganiib sa pagpalya ay dahil hindi naman kaagad babagsak ang eroplano. “Kung walang mangyayari dahil pumalya ako ngayon, mas madali akong matutukso na pumalya bukas,” sabi niya.

Kapag palagi nang pumapalya sa pagmentena, ang mga puwersa at tensyong sinusuong ng eroplano—o

natin—ay magpapahina sa isang bahagi nito, sa malao’t madali. “Bandang huli ay babagsak tayo,” sabi niya.

Iyan ang dahilan kung bakit binigyan tayo ng Diyos ng mga tuntunin tungkol sa regular na espirituwal na pagmentena. “Magtipun-tipon [sa simbahan] *nang madalas*” (3 Nephi 18:22; idinagdag ang pagbibigay-diin). *Lagi* kayong manalangin (tingnan sa 3 Nephi 18:19). Saliksikin ang mga banal na kasulatan *nang masigasig* (tingnan sa 3 Nephi 23:1–5). “Puspusin ng kabanalan ang inyong mga

iniisip *nang walang humpay*” (D at T 121:45; idinagdag ang pagbibigay-diin). Bisitahin ang templo *nang regular*.¹

Sa pagsunod sa mga batas na iyon at regular na espirituwal na pagmentena tayo ay patuloy na tatahak sa tamang landas.

“Binubuo ang eroplano para umangat sa lupa, para iwan ang mundo,” sabi ni Andrei. “Iyan ang gusto ng Ama sa Langit para sa atin. Sa regular na pagmentena, ligtas tayong makararating sa gusto nating puntahan—pabalik sa langit.” ■

TALA

1. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2011, 92.

“Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo’y nangasa panampalataya” (II Mga Taga Corinto 13:5).

MGA DATAP GAWIN PARA MANATILING ESPIRITUWAL

Ang mga aircraft mechanic ay karaniwang may listahan ng mga bagay na dapat nilang regular na inspeksyunin. Nagmungkahi ang mga lider ng Simbahan na suriin din nating palagi ang ating espirituwalidad.¹ Narito ang ilang tanong na makatutulong sa inyo na masuring palagi ang inyong espirituwal na kalusugan. Kung may mga problema kayo tungkol sa alinman sa inyong mga sagot, kausapin ang inyong mga magulang o bishop o branch president.

- Nananalangin ba ako nang tapat at palagian?
- Nagpapakabusog ba ako sa salita ng Diyos sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga buhay na propeta?
- Pinananatili ko bang banal ang araw ng Sabbath at dumadalo sa mga miting ng Simbahan nang regular?
- Nag-aayuno ba ako at nagbabayad ng ikapu at mga handog-ayuno nang kusang-loob?
- Handa ba akong patawarin ang iba?
- Palagi ba akong humahanap ng paraan para mapaglingkuran ang iba?
- Naaalala ko ba ang Tagapagligtas sa lahat ng panahon at sinusundan ang Kanyang halimbawa?
- Pinananatili ko bang malinis ang aking isipan at pananalita?
- Ako ba ay tapat sa lahat ng bagay?
- Sinusunod ko ba ang Word of Wisdom?

TALA

1. Tingnan sa Joseph B. Wirthlin, “True to the Truth,” *Ensign*, Mayo 1997, 17.

NAMNAMIN ANG MGA BANAL NA KASULATAN

Hayaang baguhin kayo ng seminary.

(Tingnan sa 1 Nephi 19:23.)

PAGIARAWAN NI CARY HENRI; DIMATING SI LEHI AT ANG KANYANG MGA TAO SA LUPANG PANGAKO NI ARNOID FRIBERG © 1951 IRI; SINUPIL NG BATANG SI NEPHI ANG KANYANG MGA KAPATID NA REBEIDE NI ARNOID FRIBERG © 1951 IRI; SI ABINADI SA HAKAPAN NI HARING NOE NI ARNOID FRIBERG © 1951 IRI



Oras ng Pag-uusap

“Igagalang ko ang aking mga magulang at gagampanan ko ang bahagi ko para mapatatag ang aking pamilya” (Mga Pamantayan Ko Sa Ebanghelyo).



Ni Hilary Watkins Lemon

Batay sa tunay na buhay

O, halina na kayong lahat. Usap na tayo,” sabi ni Inay. Sabik na hinihintay ni Josie ang oras ng pag-uusap buong maghapon. Gabi-gabi, nagtitipuntipon si Josie at ang kanyang dalawang maliit na kapatid na lalaki, sina Ben at Wes, sa sala kasama ang kanilang Inay at Itay para pag-usapan ang mga nangyayari sa buhay nila.

Ngayong gabi sinabi ni Itay na tulungan niya si Josie na praktising basahin ang kanyang script para sa morning announcements. Ang pag-basa ng morning announcements ay espesyal na pribilehiyo sa paaralan ni Josie. Bukas patutugtugin nang bahagya ni Josie sa paaralan ang paborito niyang kanta at gagamitin ang mikropono para ilahad ang mga aktibidad sa maghapon at ang kakainin sa tanghalian.

Mabilis na pumunta si Josie sa sala, sabik na praktisin ang sasabihin niya.

“Hayan na ang sikat nating tagapagbalita!” Ang sabi ni Itay nang umupo sa tabi niya si Josie. “Ano ang nararamdaman mo sa gagawin mo bukas?”

“Nasasabik po pero medyo kinakabahan. Kinakabahan ako na baka magkamali ako sa harap ng buong eskuwelahan,” sabi ni Josie.

“Kaya nga magpapraktis tayo,” sabi ni Itay. “Sige basahin mo na ang script mo, at pakikinggan ko kung ano ang mga dapat mong pagbutihin.”

“Salamat Itay,” sabi ni Josie.

Paulit-ulit na nirebyu ni Josie at ng kanyang Itay ang script kaya hindi na niya matandaan kung ilang beses niya itong binasa. Pagkatapos ay tumayo si Josie at binasa ang script sa kanyang pamilya sa huling pagkakataon. Tuwang-tuwa sina Inay at Itay. Binati siya ni Ben at masayang pinalakpakan ni Wes.

Natulong si Josie nang masaya at may kumpiyansa sa sarili.

Nang sumunod na araw naging maayos ang lahat. Kahit kinakabahan siya, ngumiti si Josie nang pinatugtog na sa mga speaker ng paaralan ang kanyang kakantahin. Natutuwa siya na napraktis niya ang script kasama si Itay, at binasa niya ito nang mabagal at malinaw nang walang mali.

“Ang galing mo,” sabi ni Mrs. Blake, ang assistant principal.

Nang pauwi na si Josie matapos ang klase, pumila na siya para sumakay sa bus. Isang lalaki na mas matanda sa kanya ang nagtanong, “Ikaw ba iyong babaeng nagbasa ng announcement kanina?”

Ngumiti si Josie. “Oo,” sabi niya.

“Bakit iyon ang pinatugtog mong kanta?” tanong ng bata. “Walang kuwenta. Sinira mo ang morning announcements.” Pagkatapos

binansagan na siya nito nang di maganda at nagtawanan sila ng kanyang mga kaibigan.

Naupong mag-isa sa bandang harapan ng bus si Josie. Masama ang loob niya.

Pagdating ni Josie sa bahay, natatnan niya si Inay na nakikipaglaro kay Wes.

“Inay, alam ko po na hindi pa oras ng pag-uusap, pero puwede ko po ba kayong makausap na ngayon,” sabi ni Josie.

“Siyempre naman, Josie,” sabi ni Inay. “Ano’ng nangyari? Nagkamali ka ba sa pagsasabi ng morning announcements?”

“Hindi po,” sabi ni Josie. “Wala po ako ni isang mali. Iyon po ang akala ko bago sabihin sa akin ng isang batang lalaki na walang kuwenta ang pinatugtog kong kanta. Talagang ang sama-sama ng ibinansag niya sa akin.”

Tinapik-tapik ni Inay ang sahig para paupuin ako. Lumapit si Josie at umupo. Niyakap siya nang mahigpit ni Inay. Pinag-usapan ni Josie at ng kanyang Inay ang lahat ng nangyari sa araw na iyon, kasama na ang pagpuri ni Mrs. Blake.

“Nakakalungkot na hindi naging mabait sa iyo ang batang iyon at ang mga kaibigan niya,” sabi ni Inay. “Pero ang mga taong iginagalang mo, tulad ni Mrs. Blake, ay tuwang-tuwa sa pagkakabasa mo ng announcements. Talagang ipinagmamalaki ka namin ni Itay mo. Nagsikap ka nang husto, at nagtagumpay ka!”


Niyakap na muli ni Inay si Josie. “Salamat po, Inay,” sabi ni Josie. “Gumaan na po ang pakiramdam ko.” Natutuwa si Josie na kahit anong oras ay puwedeng mag-usap. ■



“**W**ala nang mas mahalaga pa sa samahan ng mga miyembro ng pamilya maliban sa matapat na pag-uusap.”

Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Like a Flame Unquenchable,” *Liahona*, Hulyo 1999, 103.





SAMA-SAMANG PAG-UUSAP

Narito ang ilang mungkahi para magkaroon ang sarili ninyong pamilya ng “oras ng pag-uusap”:

- Kausapin ang inyong mga magulang tungkol sa paglalaan ng kaunting oras bawat araw para

sama-samang makapag-usap ang inyong pamilya. Maaaring gawin ito sa oras ng pagkain o sa isang partikular na oras sa maghapon.

- Tiyaking naghahalinhinan ang

lahat sa pagsasalita at pakikinig. Isali ang lahat!

- Igalang ang opinyon ng mga miyembro ng inyong pamilya. Tiyaking nadarama ng bawat isa na siya ay mahalaga.

MGA LARO PARA SA ORAS NG PAG-UUSAP

Kailangan ba ninyo ng mga ideya para sa oras ng pag-uusap? Subukan ninyong laruin ang mga ito:

Hagisan ng Beanbag: Kung marami kayo sa pamilya o nahihirapan kayong maghalinhinan, gumamit ng beanbag para malaman kung sino ang magsasalita. Pagkatapos masabi ng taong may hawak sa beanbag ang gusto niyang sabihin, ihagis ang beanbag sa isa pang miyembro ng pamilya para siya naman ang magsalita.

Tagapag-interbyu: Gumawa ng mga grupo na may tig-dalawang miyembro at halinhinan na magkunwaring tagapag-interbyu. Mag-isip ng ilang itatanong sa partner o kasama at itanong ang mga ito sa kanya. Puwede rin kayong gumamit ng totoong mikropono o sound recorder sa inyong pag-iinterbyu.

Ano ang Gagawin Ninyo? Maghalinhinan sa pagtatanong sa inyong pamilya ng iba’t ibang tanong na nagsisimula sa “Ano ang gagawin ninyo kung . . . ?” Ilang halimbawa ay “Ano ang gagawin ninyo kapag naligaw kayo?” at “Ano ang gagawin ninyo kung puwede kayong pumunta kahit saang panig ng mundo?”



TULONG SA MGA MAGULANG: MAG-UKOL NG ORAS SA BAWAT ISA

Kahit masayang mag-usap bilang pamilya, mahalaga ring may kani-kanyang oras na iuukol sa bawat isa ang mga magulang at anak. Samantalain ang pagkakataong makakausap ninyo nang isa-isa ang inyong mga anak. Yayain ang isang anak na tulungan kayong tapusin ang isang gawaing-bahay, samahan kayo sa inyong pupuntahan, o makipagkuwentuhan nang ilang minuto sa inyo sa kuwarto ninyo. Ang gayong ilang sandali ay maaaring maging masayang pag-uusap.



Kinalag Niya ang mga GAPOS NG KAMATAYAN



Ni Elder Patrick Kearon
Ng Pitumpu

“Sila ay may buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo, na siyang kumalag sa mga gapos ng kamatayan” (Mosias 15:23).

Isang gabi noong bata pa ang aming mga anak, nag-aral kami ng banal na kasulatan. Binasa namin ang tungkol sa Tagapagligtas at pinag-usapan kung paano Niya nagawang huwag magkasala.

Nang gabing iyon, pinatulog na ng aking asawa ang tatlong-taong gulang naming anak na si Susie. Tininingnan ni Susie ang kanyang ina at sinabing, “Inay, may nagawa pong kasalanan si Jesus.”

“Ano ang ibig mong sabihin?” tanong ng kanyang ina.

“May kinalag po Siya,” sabi ni Susie.

Medyo nalilitong nagtanong ang kanyang ina, “Ano ang kinalag Niya?”

“Kinalag po ni Jesus ang mga gapos ng kamatayan,” ang sagot ni Susie.

Naalala ng aking asawa na kinanta nila ni Susie ang awitin sa Primary na “Nang Minsan ay Tag-sibol” nang maraming beses, at natutuhan ni Susie ang mga salitang “Nang minsan ay tagsibol, Cristo’y nagbangon, libinga’y nilisan dinaig ang kamatayan.”¹ Ipinaliwanag ng ina ni Susie na ang ibig sabihin ng pagkalag o pagdaig sa mga gapos


ng kamatayan ay ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus upang lahat tayo ay mabuhay na muli pagkatapos nating mamatay.

Ang pag-uusap na iyon ay nag-bigay sa aking asawa ng maraming pagkakataon upang maturuan ang aming mga anak na sina Lizzie, Susie, at Emma, tungkol sa tunay na kahulugan ng Pagbabayad-sala para sa bawat isa sa atin. Tama si Susie: Kinalag nga ni Jesus ang mga gapos ng kamatayan. Pero hindi iyon pagkakamali. Ito ang pinakadakilang kaloob na maibibigay Niya sa atin! (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.)

Namatay ang Tagapagligtas at nabuhay na muli upang makasama nating muli ang ating Ama sa Langit at ang ating pamilya batay sa ating kabutihan. Kung karapat-dapat tayo, pagkakalooban tayo ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan balang-araw. Nagpapasalamat ako na may kinalag si Jesus—ang mga gapos ng kamatayan! ■

TALA

1. “Nang Minsan ay Tagsibol,” *Children’s Songbook*, 57.



Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

Itinuturo sa akin ni **JESUCRISTO** na Piliin ang Tama

Para kay Tanner, maiiba ang Paskua sa taong ito. Namatay na ang kanyang lolo, at malungkot si Tanner na hindi na niya makakasama ito kahit kailan sa espesyal na araw na ito.

Pero sa oras ng Primary, ipinalalala kay Tanner na kaya natin ipinagdiriwang ang Paskua ay dahil buhay si Jesus! Noong Siya ay nabuhay na mag-uli, ang Kanyang espiritu at katawan ay

nagsamang muli, hindi na kailanman mamamatay. Nalaman ni Tanner na dahil nabuhay na mag-uli si Jesus, ang lahat ay mabubuhay na muli balang-araw, pati na ang kanyang lolo!

Isang awitin sa Paskua ang nagpasaya kay Tanner nang kantahin niya ang:

“Si Jesucristo ay nagbangon. O kay saya; Siya’y nagbangon.”¹
Gustong ibahagi ni Tanner ang

magandang balitang ito sa lahat. Nagpasiya siya na bago sumapit ang araw ng Paskua, maglalagay siya sa pintuan ng kanyang mga kapitbahay ng maliliit na bungkos ng bulaklak na may mga talata ng banal kasulatan tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus. Parang naiisip niya ang mga nakangiti nilang mukha kapag nakita nila ang kanyang regalo sa umaga ng Paskua. ■

TALA

1. “Si Jesus ay Nagbangon,” *Aklat ng mga Awiting Pambata*, 44.



Awitin at Banal na Kasulatan

- Juan 13:15
- Pinili ninyong awitin tungkol kay Jesucristo
- Mga iminungkahing awitin mula sa *Aklat ng mga Awiting Pambata*: “Si Jesus ay Nagbangon” (44), “Si Jesus Ba ay Nagbangon?” (48), “Siya’y Namatay Upang Tayo’y Muling Mabuhay,” *Liahona*, Mayo 2005, K13, “Hosana sa Pasko ng Pagkabuhay,” *Liahona*, Abril 2003, K8-9.

Aktibidad na PAT

Saan sa Daigdig?







Pagkatapos mabuhay na mag-uli si Jesucristo, nagpakita Siya hindi lamang sa mga tao sa Jerusalem kundi pati sa mabubuting tao sa lupain ng Amerika. Bilang pamilya, gumuhit kayo ng linya mula sa bawat larawan hanggang sa lupain (Jerusalem o sa lupain ng Amerika) kung saan ito nangyari. Magpalitan sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan para malaman pa ang tungkol sa naganap sa mga larawan.




Jerusalem

Ikaw Lang

Maaari kang gumawa ng sarili mong mga bungkos para sa Paskua tulad ni Tanner. Gumamit ng parihabang tela na kulay puti o may kulay na papel at sundan ang mga hakbang sa ibaba. Punuin ng maliliit na bulaklak o pagkain ang tela o papel na korteng apa upang sopresahin ang isang kaibigan o miyembro ng pamilya!



Binasbasan ni Jesus ang mga bata
3 Nephi 17:11-25




Nagpakita si Jesus kay Maria Magdalena
Juan 20:14-18



Nagturo si Jesus sa lupain ng Amerika
3 Nephi 11:8-11



Umakyat si Jesus sa langit
Mga Gawa 1:9-11



Nagpakita si Jesus sa mabubuting tao
3 Nephi 11:1-8



Ipinakita ni Jesus ang Kanyang mga sugat sa Kanyang mga Apostol
Lucas 24:36-40



Ipinakuha ni Jesus ang mga talaan ng mga Nephita
3 Nephi 23:7-13



Nagpakita si Jesus sa Kanyang mga Apostol
Mateo 28:16-20

Lupain ng Amerika





Sinisikap Kong Tularan si Jesus

Pinasimple

May katapatan ♩ = 104-116

Mga Titik at Himig ni Janice Kapp Perry

1. Si - ni - si - kap kong tu - la - ran Ang Pa - ngi - no -
(2. Si) - ni - si - kap kong u - mi - big At mag - ling - kod

ong Je - sus. Si - ni - si - kap kong tu -
nang pus - pos. Hi - ni - hin - tay ko ang

la - ran sa sa - li - ta at ki - los. Sa
a - raw ng pag - ba - lik ni Je - sus. T'wing

© 1980 ni Janice Kapp Perry. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa incidental, di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

t'wing ma - ma - i - i - sip ga - win ang ma - li, Si - ni - si - kap
ma - a - a - la - la, kan - yang 'ti - nu - ro, Ang Es - pi - ri -

ko na ding-gin ang mun - ting ti - nig, "Mag - ma-hal ka nang tu -
tu'y na - da - ra - ma na nag - sa - sa - bing:

lad ni Je - sus, Ang ka - bu - ti - ha'y 'pa - ki - tang lu -

bos. Ma - ging ma - hi - na - hon sa di - wa't ki - los. I -

to ang tu - ro ni Je - sus." 1. Si - sus." 2. Si - sus."

Magkapatid sa **Pangalan** *at* **Pananampalataya**

Ni Heather Wrigley

Mga Magasin ng Simbahan

Sina Maria at Diana D. ay hindi lang magkapatid, sila ay matalik na magkaibigan din. Si Diana ay 10-taong-gulang, at si Maria ay nag-12-taon nitong nakaraang Agosto. Nakatira sila sa Romania, kung saan may mga 3,000 miyembro ng Simbahan. Pinananatili nilang malakas ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsisimba, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at pagdarasal.

“Natutuhan ko sa Simbahan na magkaroon ng pananampalataya sa Diyos,” sabi ni Maria. Isang araw may pagsusulit siya, kaya nagdasal siya sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo para humingi ng tulong. Nang makakuha siya ng mataas na marka, alam niyang tinulungan siya ng Ama sa Langit.

Sabi ni Diana natutulungan siya ng Aklat ni Mormon na manampalataya. “Sa bawat araw ng pagbabasa ko sa Aklat ni Mormon, masaya ako,” sabi niya. Paborito niyang kuwento sa banal na kasulatan ang tungkol kay Joseph Smith. “Nagdasal siya, at tinulungan siya ng Diyos at ni Jesucristo,” sabi niya. ■

TSOKOLATE

Paboritong panghimagas ng magkapatid ang tsokolate: brownies ang gusto ni Maria, at gusto naman ni Diana ng chocolate cake.



PABORITONG AWITIN

Parehong tumutugtog ng piyano sina Maria at Diana. Ang paboritong awitin ni Maria ay "Mahalin ang Bawat Isa." Tungkol ito sa utos ni Jesus na mahalin ang ibang tao. Kaya itong tugtugin ni Diana nang halos perpekto, pero ang huling bahagi ang pinakamahirap, sabi niya.

**TEMPLO'Y IBIG MAKITA**

Gusto nina Maria at Diana na makasal sa templo balang-araw. Nakatira sila sa Kyiv Ukraine Temple District.

Kapag malaki na si Diana, pupunta siya sa Kyiv Ukraine Temple para magpabinyag para sa mga patay. Nasa tamang edad na si Maria para makapunta sa templo. Ang templo ay mga 500 milya (805 km) ang layo.

UNA ANG PAMILYA

Mahal nina Maria at Diana ang kanilang mga magulang. "Pinagiginhawa ni Inay ang pakiramdam namin kapag maysakit kami," sabi ni Maria. "Inihahatid kami ni Itay sa paaralan," sabi ni Diana.

MGA HIMNO

Paboritong himno ni Diana ang "Sa Kapatagan sa May Judea," na tungkol sa pagsilang ni Jesucristo. Ginagamit ng mga miyembro sa Romania ang berdeng himnaryo ng Simbahan. Ang ibig sabihin ng "Imnuri" ay "mga himno" sa Romania.





Ibinahagi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ilan sa kanyang mga ideya tungkol sa paksang ito.

Ano ang magagawa ko para masunod ko ang plano ng **AMA SA LANGIT** para sa akin?



Pag-aralan ang dakilang plano ng kaligayahan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan.



Pakinggan ang tinig ng mga propeta ngayon at noon.



Sundin ang mga nadarama na nagmumula sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo.



Kapag kailangan, humingi ng payo at patnubay mula sa inyong mga magulang at mga lider ng priesthood.

Mula sa "The Joy of Living the Great Plan of Happiness," Ensign, Nob. 1996, 75.

MGA PAMANTAYAN KO SA EBANGHELYO

Susundin ko ang plano ng Ama sa Langit para sa akin.

Aalalahanin ko ang aking tipan sa binyag at
makikinig sa Espiritu Santo.

Pipiliin ko ang tama. Alam kong makapagsisisi ako
kapag ako ay nagkakamali.

Magiging tapat ako sa Ama sa Langit, sa ibang tao, at sa aking sarili.

Gagamitin ko nang buong paggalang ang mga pangalan ng Ama
sa Langit at ni Jesucristo. Hindi ako [magmumura] o gagamit
ng [masasamang] salita.

Gagawin ko sa Sabbath ang mga bagay na makatutulong sa akin
para mapalapit ako sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Igagalang ko ang aking mga magulang at gagampanan ko ang
bahagi ko para mapatatag ang aking pamilya.

Pananatilihin kong sagrado at dalisay ang aking isipan at katawan,
at hindi ako makikibahagi sa mga bagay na makapipinsala sa akin.

Mananamit ako nang disente para magpakita ng paggalang
sa Ama sa Langit at sa aking sarili.

Tanging mga bagay lamang na nakalulugod sa Ama sa Langit
ang babasahin at panonoorin ko.

Ang tanging pakikilingan kong musika ay iyong
nakalulugod sa Ama sa Langit.

Mabubuting kaibigan ang hahanapin ko at magiging mabait ako sa iba.

Mamumuhay ako ngayon nang karapat-dapat para
makapunta sa templo at gagampanan ang aking bahagi para
magkaroon ng walang-hanggang pamilya.

AKO AY ANAK NG DIYOS

*Alam kong mahal ako ng Ama sa Langit at mahal ko Siya.
Makapagdarasal ako sa Ama sa Langit kahit kailan, kahit saan.
Sinisikap kong alalahanin at sundin si Jesucristo.*

Makita ang Kagalakan na Dulot ng Paskua

Batay sa tunay na buhay






4. Bakit hindi kayo nasasabik sa araw ng Paskua?

Malungkot po ang araw ng Paskua. Tungkol po iyon sa pagkamatay ni Jesus.

5. Naaalala ba ninyo ang nangyari sa Linggo ng Paskua?



6. Opo! Nabuhay po muli si Jesus!

At mabubuhay rin po tayo.



7. Tama. Ang Paskua ay masayang okasyon kung kailan ipinagdiriwang natin ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus.

8. Gustung-gusto ko po ang araw ng Paskua.

Ako rin po.

Mga Bakas ng Paa sa Araw ng Paskua

Si Jesucristo ay gumawa ng mahalagang bagay sa mga espesyal na lugar bago Siya ipinako sa krus at nabuhay na mag-uli. Sundan ang mga bakas ng paa kung saan Siya pumunta at ano ang ginawa Niya.

2. Pumunta si Jesus sa Jerusalem sakay ng asno. Masaya ang maraming tao na makita Siya.

6. Si Jesus ay nabuhay na mag-uli.

5. Si Jesus ay ipinako sa krus.

1. Tinuruan ni Jesus ang mga tao sa burol na tinawag na Bundok ng mga Olivo.

3. Pinagaling ni Jesus ang mga maysakit sa templo.

4. Sa Halamanan ng Getsemani, nanalangin si Jesus sa Ama sa Langit at nagdusa para sa ating mga kasalanan.

Mga Balita sa Simbahan

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

Itinampok sa Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno ang Landas Tungo sa Totoong Pag-unlad

Ni Heather Whittle Wrigley

Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Ipinaliwanag ng mga lider ng Simbahan ang kahalagahan ng “totoong pag-unlad” at kung paano ito matatamo sa Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno noong Pebrero 11, 2012.

Nakibahagi si Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, at ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa, ang Panguluhan ng Pitumpu, at mga auxiliary presidency ng Simbahan sa pagtuturo sa mga lider ng Simbahan sa iba’t ibang panig ng mundo.

“Sa Simbahan, ang salitang *pag-unlad* ay maaring mangahulugang ‘mga bagong miyembro.’ . . . Gayunpaman ang kahulugan ng *totoong pag-unlad*, ay ‘pag-unlad sa bilang ng mga aktibong miyembro,’” paliwanag ni Pangulong Uchtdorf.

Idinagdag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol na, “Nagkakaroon ng pag-unlad kapag ang personal at habambuhay na pagbabalik-loob sa ebanghelyo ay nagbunga ng ibayong katapatan sa bawat tao at pamilya.”

Ang ibayong katapatang iyan ay kinapapaloo-ban ng mga bagay na hindi madaling masukat, tulad ng araw-araw na pagdarasal, pag-aaral ng banal na kasulatan, family home evening, pagmamahalan sa tahanan, at mga personal na karanasan sa Pagbabayad-sala, sabi ni Pangulong Uchtdorf.

“Kadalasan, ginugulo natin ang kagandahan at kasimplehan ng ebanghelyo ni Jesucristo sa walang katapusang pag-aalala sa mga kaliit-liitang bagay,” sabi niya. “Gayunpaman, kapag nagtuon tayo sa ‘layunin’ ng ebanghelyo, napapawi ang pagkalito.”

Halos nakatuon ang brodkast sa mga pangunahing doktrina at alituntunin, na sumasagot sa mga tanong na “bakit.”

“Ang angkop na mga tanong na ‘bakit’ ay aakay sa atin sa tamang desisyon sa kung ‘sino,’ ‘ano,’ ‘kailan,’ ‘saan,’ ‘bakit,’ at ‘paano’ natin ito gagawin,” sabi ni Pangulong Uchtdorf.

Pag-aasawa at Pamilya sa Plano ng Kaligtasan

“Ang Simbahan ay binubuo ng mga pamilya,” sabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Nariyan ang mga ward at stake na sumusuporta sa mga pamilya. Kapag pamilya ang pinag-uusapan natin, nakikita natin ang totoong pag-unlad sa Simbahan.”

Sinabi niya na dapat maytaglay na priesthood ang bawat asawa at ama sa kanyang tahanan, namumuno sa kanyang pamilya sa kabutihan. Gayundin, sinabi niya na dapat karapat-dapat na mamuno ang mga lider ng priesthood—sa iba’t ibang katungkulan sa priesthood, bawat karapat-dapat na mayhawak ng priesthood ay may gayunding kapangyarihan ng priesthood (tingnan sa D at T 1:20).

Bininyang-diin ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na dapat may pagmamahalan, pagsisisi, at panalangin ang mga mag-asawa, ama at ina upang matagumpay na mapalakas at mapangalagaan ang pamilya, na “sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona* at *Ensign*, Nob. 2010, 129).

“Ibinigay nang tatlong beses sa banal na kasulatan ang babala na lubusang mawawasak ang buong mundo sa pagbabalik ng Panginoon kung hindi natin nasusunod ang ilang mga iniuutos,” sabi niya. “Sa bawat pagkakataon ang babalang iyon ay may kinalaman sa kalagayan ng pamilya na walang ordenansa ng pagbubuklod sa templo. Kung wala ang mga ordenansang ito ng kadakilaan, hindi maisasakatuparan ang kaluwalhatian ng Diyos.”

Upang makamantan ang pinakamithiing iyan—buhay na walang hanggan at kadakilaan para sa lahat ng anak ng Diyos—kailangang magkaroon ng totoong pag-unlad sa ating mga tahanan, sa mga ward at branch, at sa buong Simbahan.



Ipamuhay ang Ebanghelyo

Ang totoong pag-unlad at pagbabago ay nagmumula sa araw-araw na pamumuhay ng ebanghelyo. Sa talakayan ng mga tanong at sagot, ipinaliwanag nina Elder L. Tom Perry at Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang tunay na pamumuhay ng ebanghelyo ay ang paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo. Ang pagsunod sa mga tipan, sabi ni Elder Christofferson, ay makapagpapabago sa likas na tao na magiging Banal sa paglipas ng panahon.

Ang pagtulong sa kapwa ay isa pang mahalagang bahagi ng pamumuhay sa ebanghelyo. Responsibilidad ng bawat miyembro at ng buong Simbahan na tulungan ang mga taong may temporal at espirituwal na pangangailangan, sabi ng mga lider.

Hindi tayo dapat mag-alangan na makipagtulungan sa ibang relihiyon at mga organisasyong naglilingkod para pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan, sabi ni Elder Christofferson. Dapat manguna ang mga lider ng priesthood sa gawaing ito, ngunit dapat ding tumulong ang mga miyembro at misyonero sa tungkuling iyan.

Binigyang-diin sa isang pangkatang talakayan ang pagtutuo sa paglilingkod sa mga pamilya, pagpapalakas sa mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood, at pagtulong na magkaroon ng panampalataya at patotoo ang mga kabataan. Naki-bahagi sina Elder Ballard at Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, kasama sina Elder Ronald A. Rasband ng Panguluhan ng Pitumpu; Elaine S. Dalton, Young Women general

Si Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ang nagsalita sa panel discussion na ginanap bilang bahagi ng Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno noong Pebrero 2012.

Sa Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno noong Pebrero, sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Ang unang dapat nating gawin ay unawain. Ang pangalawa ay isagawa ang naunawaan. . . . Walang gaanong maidudulot na kabutihan ang pakikinig sa salita ng Diyos kung hindi natin isasagawa ang mga ito sa ating buhay.”

Inanyayahan niya ang mga lider ng Simbahan na gawin ang tatlong bagay pagkatapos ng brodkast sa pamumuno at sa paglilingkod nila sa kanilang tungkulin upang mapakinabangan nang husto ang mga itinuro ng mga lider ng Simbahan:

1. Bawat isa at bilang mga council, mapanalanging pag-isipan ang tagubilin na natanggap ninyo at ang dahilan ng inyong paglilingkod.
2. Pagkatapos magnilay-nilay at magtalakayan, magpasiya kung ano ang mga gagawin ninyo. Ang gagawin ninyo ay dapat akma sa kalagayan at pangangailangan ng bawat organisasyon, ward, stake, pamilya, o indibiduwal.
3. Kapag nagawa na ninyo ang mga ito, i-follow-up ang bawat isa sa mga miyembrong sakop ng inyong mga responsibilidad at tungkulin sa inyong mga council meeting.

president; at Rosemary M. Wixom, Primary general president.

Sinabi ni Elder Rasband na dapat kabahagi ang bawat lider sa lubusang pagpapaaktibo ng mga miyembro, at binigyang-diin ni Elder Andersen na kailangan lalong makabahagi ang mga kabataan sa pagpapaaktibo at pagpapalakas ng iba pang mga kabataan.

Pagkakaroon ng Totoong Pag-unlad

Ang totoong pag-unlad ay nangyayari ka-pag ipinamuhay natin ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa araw-araw, pagbibigay-diin ni Pangulong Uchtdorf.

“Kapag pinag-isipan ninyo ang mga pak-sang ito, tanungin ang inyong sarili kung bakit kayo naglilingkod at ano ang gagawin ninyo sa inyong mga responsibilidad bilang indibiduwal at bilang mga council,” sabi niya.

Matuto Pa

Maaaring panoorin, pakinggan, i-print, at i-download ang materyal mula sa brodkast sa maraming wika sa pamamagitan ng pagpunta sa lds.org/study/other-addresses at pagklik sa **Worldwide Leadership Training.** ■

Panawagan para sa mga Artikulo

Ang *Liahona* ay interesadong mabasa ang inyong mga tradisyon tuwing Pasko:

- Paano ipinagdiriwang ng inyong pamilya ang Kapaskuhan?
- Anong mga tradisyon ang karaniwan sa inyong kultura?
- Anong mga tradisyon ang nilikha ninyo at ng inyong pamilya para mapalapit sa Tagapagligtas?
- Anong hindi malilimutang mga karanasan sa Pasko—lalo na iyong mga may kaugnayan sa mga tradisyon—ang maibabahagi ninyo sa amin?

Mangyaring ipadala ang inyong alaala at mga ideya sa *Liahona* bago sumapit ang Hunyo 1, 2012, sa liahona@ldschurch.org. ■

Ang BibleVideos.LDS.org ay Regalo sa Mundo

Noong 2011 First Presidency Christmas Devotional, ipinabatid ng mga lider ng Simbahan ang *The Life of Jesus Christ Bible Videos* website, isang “regalo” sa mundo.

Nasa BibleVideos.lds.org ang orihinal na maiikling video na nagpapakita ng mga pangyayari sa buhay ni Cristo, mula sa pagbabadya ng anghel tungkol sa pagsilang ni Cristo hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas.

Ibinalita ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan ang tungkol sa site noong debosyonal.


“Tulad ng mga banal na kasulatan na pinagmulan ng maiikling pelikulang ito, tila magbibigay-kapanatagan ang mga ito sa inyo,” sabi niya. “Ang inyong pananampalataya at ang Espiritu Santo ang lilikha ng

damdaming karapat-dapat sa mga kaganapang ito na magpapabago sa mundo.”

Ang materyal para sa mga video ay kuha sa bagong LDS Motion Picture Studio South Campus ng Simbahan sa Goshen, Utah, kung saan nagsimula ang New Testament Scripture Library Project noong Agosto 2011.

Ang proyekto ay gagawa ng mahigit 100 maiikling video na naglalarawan ng buhay ni Cristo, na direktang hinango sa teksto ng King James Version ng Biblia.

Ang website ay may mobile-friendly design at makukuha sa Ingles (BibleVideos.lds.org), Espanyol (videodelabiblia.org), at Portuges (videodabiblia.org). May makukuha ring libheng iPad app, na nagbibigay ng bagong karanasan sa mga kuwento sa Biblia sa pamamagitan ng paningin, tunog, at paghawak. ■



Kalaunan, magkakaroon na ng halos 100 video na nagpapakita ng mga pangyayari sa buhay ni Cristo sa Bagong Tipan sa *The Life of Jesus Christ Bible Videos* website.

Nagturo sina Elder Christofferson, Elder Jensen sa mga Miyembro sa Argentina

Noong Sabado, Nobyembre 12, 2011, nagsalita sina Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol at Elder Jay E. Jensen ng Panguluhan ng Pitumpu sa mga kabataan, young adult, lider ng priesthood, misyonero, at miyembro sa Salta, Argentina.

Naroon din si Elder Mervyn B. Arnold, Pangulo ng South America South Area; kanyang asawa na si Devonna; at si Elder Ruben Spitale, Area Seventy. Dumalo rin ang asawa ni Elder Christofferson na si Kathy, at ang asawa ni Elder Jensen na si Lona.

Halos 1,300 kabataan at mga magulang ang dumalo sa fireside kung saan nagsalita sina Elder Christofferson at Elder Jensen. Mga 10,000 pang miyembro sa mga 70 stake center sa iba't ibang lugar sa Argentina ang nanood sa pamamagitan ng brodkast.

Sinabi ni Elder Jensen, na dating naglingkod bilang South America South Area President, “Kung wala kayong maaalala sa anumang sinabi ko, gusto kong maalala ninyo ang sinabi ng isang propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, na pinatotohanan ko na totoong propeta ng Diyos. Ito ang kanyang sinabi: ‘Desisyon ang nagpapasiya ng tadhana.’ ”

Tayo ay may kalayaang pumili—ang kakayahan at pribilehiyong magdesisyon—sabi ni Elder Jensen, at sa mga desisyong iyon pinipili

natin ang ating tadhana.

Ikinuwento niya ang tungkol sa isang kaibigan na piniling magmaneho nang lasing isang gabi at nakaaksidente at nakakitul ng dalawang buhay. Inihalintulad niya ito sa kuwento nilang mag-asawa na piniling ipagpaliban ang kasal upang makapagmisyong siya.

“Sa [pag-uwi ko] nagpakasal kami sa templo. Gumawa kami ng mga tipan, na sinasariwa namin linggu-linggo sa buong buhay namin. Gumawa kami ng desisyon na nagpasiya ng aming tadhana,” sabi niya.

Sumunod na nagsalita si Sister Christofferson na nagbahagi ng kanyang patotoo tungkol sa mga pagpapala ng pagtupad ng mga tipan, at si Elder Christofferson ang huling nagsalita sa pulong.

“Ang bagay lamang na totoong kailangan ninyo ay pagmamahal at pananampalataya,” sabi ni Elder Christofferson. “Pananampalataya ang tumutulog sa ating buhay-may-asawa, pamilya, propesyon, [at] trabaho.”

Binigyang-diin niya na ang mga kautusan ay nagbibigay ng direksyon sa ating buhay at tumutulong sa atin na makamtan ang tunay na mahalaga.

Pagkatapos ay pinayuhan niya ang mga kabataan at kanilang mga magulang na mangakong sundin ang payo na matatagpuan sa polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.

LARAWANG KUHA NI JAMES DALRYMPLE



“Lubos nitong palalaksin ang inyong mga anak, kahit makita nilang mag-isa lamang sila—nalalamang sinusunod ng kanilang mga magulang ang mga alituntunin ding ito,” sabi niya.

Tinapos ni Elder Christofferson ang kanyang mensahe sa pagpapahayag ng pagmamahal sa mga miyembro sa Argentina, kung saan siya nagmisyong halos limang dekada na ang lumipas.

Habang nasa Salta, pinulong din nina Elder Christofferson at Elder Jensen ang mga misyonero at young single adult sa lugar, na ipinararating ang pagmamahal ng mga Kapatid.

Para makapagbasa pa tungkol sa ministeryo ng mga makabagong Apostol, bumisita sa Prophets and Apostles Speak Today sa LDS.org. ■

Nagbigay ng mensahe sina Elder Christofferson at Elder Jensen sa mga misyonero mula sa Argentina Resistencia Mission noong mga unang araw ng Nonyembre 2011.



Ang Quetzaltenango Guatemala Temple, na inilaan noong Disyembre 11, 2011 ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, ang ika-136 na templo ng Simbahan.

Inilaan ang Quetzaltenango Guatemala Temple

Ang Quetzaltenango Guatemala Temple ay inilaan noong Linggo, Disyembre 11, 2011, sa tatlong sesyon ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. Ang mga sesyon sa paglalaan ay isinahimpapawid sa mga kongregasyon ng Simbahan na sakop ng temple district.

“Napakaganda ng templong ito,” sabi ni Pangulong Uchtdorf sa kultural na pagdiriwang noong Sabado, kung saan ang mga kabataan ay kumanta, sumayaw, at nagtanghal ng visual display ng kasaysayan at kultura ng lugar. “Ito ay nagliliwanag tulad ng isang hiyas, at ito ay isang hiyas para sa lugar na ito ng bansang ito.”

Ang Quetzaltenango Guatemala Temple ang ika-136 na templo ng Simbahan sa buong mundo at ika-lima sa Central America. Maglilingkod ang templong ito sa tinatayang 60,000 mga Latter-day Saint.

Groundbreaking para sa Ikapitong Templo ng Simbahan sa Brazil

Noong Nobyembre 15, 2011, si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ang nangulo sa groundbreaking ceremony para sa Fortaleza Brazil Temple, ang ikapitong templo ng Simbahan sa Brazil.

“Ang templong ito ang pagmulan ng pag-asa, liwanag, at panampalataya sa Diyos para sa lahat ng pumupunta rito,” sabi ni Elder Bednar. “Ang lungsod na ito ay palaging magiging maganda at kakaiba dahil sa itatayong templo rito.”

Ang templo ay itatayo sa Avenida Santos Dumont sa Fortaleza, Ceará, Brazil. Ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson ang pagtatayo ng Fortaleza Brazil Temple sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2009. ■

Libu-libo ang Dumalo sa Konsiyerto sa Puerto Rico

Noong Disyembre 18, 2011, ang mga miyembro ng limang stake ng Puerto Rico ay nakibahagi sa Pamaskong konsiyerto na ginanap sa Paseo de las Artes sa lungsod ng Caguas. Tinatayang 85 miyembro ng Simbahan ang nagtanghal, at mga 2,500 miyembro ng komunidad ang dumalo.

Ang Bagong Young Adult Center ang Ikatlo sa Africa

Noong Nobyembre 4, 2011, idinaos ng mga young adult ng Soweto South Africa Stake ang kanilang unang aktibidad sa isang bagong gusali na eksklusibong gagamitin bilang young adult center.

Mayroon nang mahigit 140 center sa iba't ibang dako ng Europa, at may ilan sa buong Estados Unidos. Ang center sa Soweto ang ikatlo sa Africa; ang iba pa ay nasa Democratic Republic of Congo at Zimbabwe.

Naghikayat ng Pagtatanong ang Kakaibang Paraan

Isang nakarolyong papel ang pinagmulan ng aktibidad ng misyonero na “Questions for God” sa Nizhniy Novgorod, Russia, noong Oktubre 9, 2011.

Makaraan ang ilang oras, mahigit 150 katao ang tumigil sa dalawang mesa sa kalsadang dinaraan ng maraming tao, at kumuha ng bolpen at isinulat ang kanilang mga tanong. Sa kabuuan, 84 na mga tanong ang naisulat sa nakarolyong papel. Maraming tao ang naghangad na marinig ang sagot sa mga misyonerong naroon.

Para mabasa pa ang tungkol dito at sa iba pang mga kuwento, mangyaring bumisita sa news.lds.org. ■

Isang Mahalagang Kompas

Ang *Liahona* ay tanglaw ko sa buhay na ito. Sa pamamagitan nito, hindi ako kailanman maliligaw. Naniniwala ako na mahanap ng lahat ng nagbabasa ng mga magasin ng Simbahan ang kailangan niya. Ako ay Primary president, at nakita kong gustungusto ng mga bata na makinig sa mga kuwento tungkol sa mga batang katulad nila sa magasin. Ang *Liahona* ay napakahalagang kompas sa ating buhay; tumutulong ito para maiwasan natin ang mga patibong ni Satanas.


Yanina Ivanivna Davydenko, Ukraine

Nagbibigay ng Kapanatagan ang mga Karanasan

Ang *Liahona* ay lubos na nakatulong sa akin sa pamamagitan ng mga mensahe at artikulo nito. Sa hirap ng aming buhay, madalas akong humihinto bawat araw at nagbabasa ng isang artikulo mula sa magasin na nagbabahagi ng mga karanasan sa buhay ng iba pang mga miyembro. Ang mga artikulong ito ay palaging tumutulong sa akin na madama ang espirituwal na kapanatagan at pinaninibago ang aking hangaring bumalik sa kinaroroonan ng Diyos at ni Jesucristo kasama ang aking pamilya.

João Carlos, Brazil

Mangyaring ipadala ang inyong feedback o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa. ■



Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.



“Ang mga Pagpapala ng Seminary,” pahina 20: Pag-aralan muna ang artikulo at magpasiya kung paano pinakamainam na maiaangkop ang mensahe sa inyong pamilya. Kung may mga tinedyer kayo na dumadalo sa seminary, magsimula sa pagtatanong kung bakit mahalaga sa kanila ang seminary. Pagkatapos ay basahin ang bahaging “Pagtanggap ng Ipinangakong mga Pagpapala.” Hikayatin ang inyong maliliit na anak na maghanda upang makadalo sa seminary kapag nasa edad na sila. Kung wala kayong anak na nasa edad na para dumalo sa seminary, maaari ninyong basahin ang artikulo at talakayin ang kahalagahan ng seminary sa mga kabataan ngayon.

“Kilala ng Lahat si Bleck,” pahina 42: Isiping kantahin ang “Gawin ang Tama” (*Mga Himno*, blg. 144) bilang pambungad na himno. Basahin o ibuod ang kuwento tungkol kay Bleck. Hilingin sa mga miyembro ng pamilya na magbahagi ng karanasan tungkol sa paggawa nila ng mahirap na desisyon at ano ang ibinunga ng desisyon nila. Magtapos sa pagbabasa ng sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson. ■

Simple, Payapa, at Hindi Malilimutan

Ito ay isang hindi malilimutang family home evening kasama ang aming dalawang maliit na anak na babae, sina Angélique, edad 6, at Béthanie, edad 4. Kaming mag-asawa ay napaupo, pagod at hindi alam kung saan magsisimula. Kaya ang aming mga anak na ang nanguna at iniikot ang family home evening assignment wheel, at binigyan ng gawain ang bawat isa sa amin. Ang asawa ko ang mangangasiwa, si Béthanie sa musika, ako sa mga aktibidad at si Angélique ang magbibigay ng lesson.

Pinili ni Béthanie ang “Templo’y Ibig Makita” (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 99), at magkakasama namin itong kinanta. Si Papa ang nagbigay ng pambungad na panalangin. Pagkatapos ay kinuha ni Angélique ang pinakahuling isyu ng *Liahona* at pumili ng artikulo sa bahaging pambata. Natuto siyang magbasa sa paaralan, kaya’t binasa niya sa amin ang artikulo. Nakadama kami ng kapayapaan sa aming tahanan. Nagpatotoo ang Espiritu na ang binabasa niya ay totoo.

Magkakasama kaming naglaro, at ako ang nagbigay ng pangwakas na panalangin. Habang nagdarasal ako, labis ang pasasalamat ko sa ating Ama sa Langit sa Kanyang Espiritu at pagmamahal at sa pagkakaloob din Niya sa aming tahanan ng mga anak. Alam naming mag-asawa na responsibilidad naming pangalagaan sila at ituro sa kanila ang ebanghelyo. Ang pagdaraos ng family home evening ay bahagi ng sagradong responsibilidad na iyon. ■

Sylvie Poussin, Réunion

**Ni Bishop
Richard C. Edgley**

Unang Tagapayo sa
Presiding Bishopric



PAG-ASA SA PAGBABAYAD-SALA

Marami akong kilala na tuluyan nang nawalan ng pag-asa. Ang pagsisisi, para sa kanila, ay bagay na hindi para sa kanila at hindi ibibigay sa kanila. Hindi nauunawaan ng mga taong ito ang nakalilinis na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. O, kung nauunawaan man nila, hindi nila ginagawang bahagi ng kanilang buhay ang kahulugan ng pagdurusang ni Jesucristo sa Getsemani at sa krus. Ang sinuman sa atin na nawawalan ng pag-asa na mapadadalisa ang ating buhay ay hindi rin pagtanggap sa lalim, kapangyarihan, at kakayahang ng Kanyang Pagbabayad-sala para sa atin.

Ilang taon na ang nakararaan, habang ako ay nasa isang stake conference ipinakausap sa akin ang isang 21-taong-gulang na lalaki para malaman kung karapat-dapat ba itong magmisyon. Hindi karaniwang nag-iinterbyu ang mga General Authority ng mga magiging misyonero. Kaya't hindi ito pangkaraniwan. Habang binabasa ko ang ilang impormasyon tungkol sa mga dahilan ng interbyung ito, nanlumo ako. Ang binatang ito ay nakagawa ng mabibigat na kasalanan. Palagay ko ang iba roon ay gawa-gawa na lang niya. Iniisip ko kung bakit inatasan akong kausapin ang isang taong may gayong pagkatao, iniisip na imposible para sa akin na irekomenda siya o pahintulutan siyang maging misyonero.

Pagkatapos ng sesyon sa Sabado ng gabi ng kumperensya, pumunta ako sa opisina ng stake president para mag-interbyu. Habang naghihintay, dumating ang isang binata na may maaliwalas na mukha. Naramdaman kong gusto niyang makipag-usap sa akin kaya inisip ko kung ano ang idadahilan para makaiwas, dahil kailangan ko pang interbyuhin ang isang binatang may malaking problema. Pagkatapos ay nagpakilala siya. Siya pala ang binatang kakausapin ko.

Sa loob ng opisinaang iyon, isa lang ang itinanong ko. "Bakit kita iniinterbyu?"

Ang pag-asa ay hindi lamang dapat nakabatay sa kaalaman at patotoo kundi sa personal na pagtanggap ng tao na bahagi siya ng Pagbabayad-sala.

Isinalaysay niya ang kanyang nakaraan. Nang matapos siya, ipinaliwanag niya ang mga hakbang na kanyang ginawa at ang mga pagdurusang dinanas niya. Binanggit niya ang tungkol sa Pagbabayad-sala—ang walong-hanggang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Nagpatotoo siya at ipinahayag ang kanyang pagmamahal sa Tagapagligtas. Pagkatapos ay sinabi niyang, "Naniniwala ako na ang pagdurusang ng Tagapagligtas sa Getsemani at ang Kanyang pagsasakripisyo sa krus ay may sapat na kapangyarihang iligtas maging ang taong tulad ko."

Dahil naantig ako sa kanyang pagpapakumbaba at naantig ako ng Espiritu, sinabi kong "Irerekomenda kita na magmisyon bilang kinatawan ni Jesucristo." At pagkatapos ay sinabi kong, "May isa lamang akong hihilingin sa iyo. Gusto kong ikaw ang maging pinakamagaling na misyonero sa buong Simbahan. Iyon lamang."

Makalipas ang tatlo o apat na buwan, naging tagapagsalita kami ni Sister Edgley sa isang missionary training center. Nang matapos ang debosyonal, nakikipag-usap ako sa ilang misyonero nang makita ko ang isang lalaki na pamilyar sa akin.

Itinanong niya, "Natatandaan po ba ninyo ako?"



Medyo nahihiya kong sinabing, "Pasensya ka na. Alam kong dapat natatandaan ko, pero hindi ko talaga matandaan."

Pagkatapos ay sinabi niyang, "Hayaan po ninyong sabihin ko kung sino ako. Ako po ang pinakamagaling na misyonero sa missionary training center." At naniwala ako sa kanya.


Ang pag-asa ng binatang ito ay hindi lamang nakabatay sa kaalaman at patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala kundi sa personal na pagtanggap ng kaloob na ito sa kanyang buhay. Naunawaan niya na iyon ay para sa kanya! Nalaman niya ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala at ang pag-asang ibinibigay nito sa panahong tila wala nang pag-asa. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University noong Nobyembre 4, 2008. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.


Sa taong ito maraming isyu ng *Liahona* ang maglalaman ng isang set ng mga larawang may kaugnayan sa Aklat ni Mormon. Para tumibay at madaling gamitin ang mga ito, gupitin at idikit o iteyp ang mga ito sa karton, matigas na papel, maliit na supot, o patpat. Ilagay ang bawat set sa isang envelope o supot, kasama ang parisukat na may nakasulat kung saan hahanapin ang kuwento sa banal na kasulatan na may kaugnayan sa mga larawan.



Alma



Amulek



Zisrom

Ang Misyon nina Alma at Amulek sa Ammonihas

Alma 8–14



“Kayo at ako sa sandali ng kahinaan ay maaaring magsabing, ‘Walang nakauunawa. Walang nakaaalam,’” pagsulat ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Walang tao, marahil, na nakaaalam. Ngunit ang Anak ng Diyos ay lubos na nakaaalam at nakauunawa, dahil Kanyang nadama at pinasan ang ating mga pasanin bago pa natin dinanas ito. At dahil binayaran Niya at pinasan ang pasaning iyan, lubos Niya tayong nauunawaan at maiuunat Niya ang Kanyang bisig ng awa sa napakaraming aspeto ng ating buhay. Kaya Niya tayong maabot, maantig, matulungan—literal na lalapit sa atin—at mapalalakas tayo.” Tingnan sa “Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad,” pahina 12.